

Lungsod at County ng San Francisco
Pamplet ng Impormasyon
para sa Botante

Tandaan. Planuhin ninyong bumoto.

ELEKSYON PARA SA NOBYEMBRE 5, 2019

NOVEMBER 2019						
S	M	T	W	T	F	S
					1	2
3	4	5	6	7	8	9
10	11	12	13	14	15	16
17	18	19	20	21	22	23
24	25	26	27	28	29	30

NOTES:

- Bumoto nang maaga nang personal o sa pamamagitan ng koreo:
- Oktubre 7 - Nobyembre 5
- Bumoto sa botohan:
Nobyembre 5, 7 a.m. - 8 p.m.

Para sa Halimbawang Balota para sa eleksyong ito, mangyaring tingnan ang bersiyong Ingles nitong pamplet, na ipinadala sa lahat ng nakarehistrong botante. Kung gusto ninyo ng isa pang kopya ng bersiyong Ingles nitong pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 554-4310. Maaari din ninyong matingnan ang inyong Halimbawang Balota sa selections.org.



SAN FRANCISCO ELECTIONS

Inilathala ng:
Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco

Mga Importanteng Petsa

Bukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall

Lunes, Oktubre 7 – Martes, Nobyembre 5
(sarado sa Oktubre 14, holiday)

Maaaring bumoto sa weekend

Sabado at Linggo, Oktubre 26–27 at
Nobyembre 2–3

Huling araw para magparehistro para bumoto

Lunes, Oktubre 21

Hindi umabot sa deadline? Bisitahin ang
sfelections.org, "Rehistrasyon para sa mga
Espesyal na Kalagayan"

Huling araw para humiling ng vote-by-mail
(pagboto sa pamamagitan ng koreo) na balota

Martes, Oktubre 29

Bago 'to! Bukas ang Sentro ng Botohan sa
San Francisco State University

Sabado–Martes, Nobyembre 2–5

Bago 'to! Bukas ang Drop-off Station para sa balota
sa labas ng Sentro ng Botohan sa San Francisco
State University

Sabado–Martes, Nobyembre 2–5

Bukas ang mga Drop-off Station ng Balota sa ilang
pasukan ng City Hall

Sabado–Martes, Nobyembre 2–5

Oras ng Pagboto sa Araw ng Eleksyon
(lahat ng mga botohan at mga sentro ng botohan)

Martes, Nobyembre 5,
mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon

TELEPONO	KOREO	EMAIL
Filipino: (415) 554-4310 TTY: (415) 554-4386	Department of Elections 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place City Hall, Room 48 San Francisco, CA 94102-4634	SFVote@sfgov.org

Bukas ang opisina mula Lunes hanggang Biyernes (maliban kapag holiday) mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. Magbubukas ang Departamento nang dalawang weekend bago ang Araw ng Eleksyon, Nobyembre 5, upang matulungan kayo nang personal.

Tingnan ang *sfelections.org* para:

- Alamin ang tungkol sa bagong sistema ng pagboto
- I-check ang status ng inyong rehistrasyon bilang botante
- Magparehistro para bumoto o i-update ang inyong rehistrasyon
- Alamin ang tungkol sa mas maraming ranggo sa mga labanang gumagamit ng ranked-choice voting
- Humiling ng vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo) na balota
- I-check ang status ng inyong vote-by-mail na balota
- Tingnan ang lokasyon ng inyong botohan
- Tingnan ang inyong halimbawang balota
- Mag-practice sa pagmarka ng balota (*sfelections.org/practiceRCV*)

Return Address:



Dikitan ng isang first-class selyo dito. Hindi ihahatid ng Post Office kung wala nito.

Napirmahan ba ninyo ang kabila ng inyong Aplikasyon para sa Vote-by-Mail na balota?



**DIRECTOR OF ELECTIONS
DEPARTMENT OF ELECTIONS
1 DR CARLTON B GOODLETT PLACE ROOM 48
SAN FRANCISCO CA 94102-4608**



Talaan ng mga Nilalaman

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante Pinagsamang Pangmunisipal na Eleksyon — Nobyembre 5, 2019

Pangkalahatang Impormasyon

Mga Importanteng Petsa ng Eleksyon . . . (loob ng harap na pabalat)	
Sulat mula sa Direktor	2
Ang Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante	3
Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)	3
Ang Bagong Sistema ng Pagboto sa San Francisco	4
Batas sa mga Karapatan ng Botante	5
Pagiging Kumpidensiyal ng Impormasyon at mga Rekord ng Botante	5
Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)	5
Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo	6
Pagboto nang Personal	7
Pagmamarka sa Inyong Balota	8
Ranked-Choice Voting (Pagboto sa Pamamagitan ng Pagraranggo)	8
Paano makakuha ng bagong balota kapag nagkamali kayo	8
Accessible na Pagboto at mga Serbisyo	10
Tulong sa wikang Filipino	12
Pagboto ng mga Hindi-Mamamayan sa Eleksyon para sa Lupon ng Edukasyon	12
Libreng mga Klase sa Ingles	12
Handa na ba kayo para sa Marso 3, 2020, ang Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo?	13
Mga Madalas Itanong (FAQs)	14
Be a poll worker	62
Talatuntunan	63
Worksheet ng Balota	64
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon (loob ng likod na pabalat)	
Website ng Departamento ng mga Eleksyon (loob ng likod na pabalat)	
Address ng inyong botohan (likod na pabalat)	
Aplikasyon para sa vote-by-mail na balota (likod na pabalat)	
Aplikasyon para sa permanenteng vote-by-mail na estado (likod na pabalat)	

Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Impormasyon tungkol sa kandidato at katungkulan	16
Mga Kandidato para sa Mayor (Punong-Bayan)	18
Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor; <i>Distrito 5 lamang</i>)	21
Mga Kandidato para sa Abugado ng Lungsod	23
Mga Kandidato para sa Abugado ng Distrito	24
Mga Kandidato para sa Pamublikong Tagapagtanggol	26
Mga Kandidato para sa Sheriff	27
Mga Kandidato para sa Tesorero	28
Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)	29
Mga Kandidato para sa Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad)	31

Mga Lokal na Panukalang-Batas sa Balota

Impormasyon tungkol sa mga lokal na panukalang-batas na nasa balota at mga argumento	32
Pangkalahatang buod ng utang ng San Francisco	33
Mga salitang dapat ninyong malaman	35
A: Bond o Utang ng Gobyerno para sa Abot-kayang Pabahay	38
B: Department of Disability and Aging Services (Departamento ng mga Serbisyo para sa Kapansanan at sa Pagtanda)	42
C: Mga Produktong Vapor	45
D: Buwis para Mabawasan ang Kasikipan ng Trapiko	50
E: Abot-kayang Pabahay at Pabahay para sa mga Edukador	54
F: Mga Kontribusyon sa Kampanya at Mga Advertisement sa Kampanya	58



Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Inilathala ng Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634
sfelections.org

Mga Pagsasalin at layout/typesetting ng InterEthnica
Inilimbag ng Toppan Merrill LLC



Mangyaring i-recycle ang pamplet na ito.



CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF ELECTIONS

John Arntz, Direktor

Mahal na Botante ng San Francisco:

Setyembre 6, 2019

Bagong Sistema ng Pagboto

Simula sa Nobyembre 5, 2019, Pinagsamang Pangmunisipal na Eleksyon, gagamit na ng bagong sistema ng pagboto ang mga botante ng San Francisco. Bagamat patuloy na gagamit ng mga papel na balota ang lahat, pupunan na ngayon ng mga botante ang mga oval (hugis itlog) na katabi ng pangalan ng kandidato at ng lokal na panukala sa pagmamarka ng kanilang balota. Bukod rito, pararamihin ng mukhang grid na bagong format para sa mga labanan na ranked-choice voting ang dami ng kandidatong maaaring iranggo ng mga botante. Bago markahan ang mga opisyal na balota, maaaring gumamit ang mga botante ng interactive (may partisipasyon) na RCV pampraktis na balota na nilikha namin at inilagay sa aming website: sfelections.org/practiceRCV.

Hindi makararanas ang mga botante ng maraming pagkakaiba sa paggamit sa bagong sistema, kung ihahambing sa paggamit sa nakaraang sistema ng pagboto. Patuloy pa ring ipadadala ng Departamento sa pamamagitan ng koreo ang balota sa mga botante bago ang bawat eleksyon. Sa lugar ng botohan, gagamit ang mga botante ng kagamitan na katulad noong nakaraang mga eleksyon upang ma-scan ang kanilang balotang ginamit sa pagboto. Maghahandog ang bawat lugar ng botohan at Voting Center (Sentro ng Botohan) ng mga kagamitan para sa madaling pagmamarka ng balota, na nagtatampok sa mga audio interface (para sa tunog) at touchscreen interface (para sa paggalaw sa mismong screen), na nakaayon sa teknolohiyang pantulong, tulad ng mga keypad, sip-and-puff device (kagamitang gumagamit ng presyon ng hangin sa pamamagitan ng paghigop o pagbuga), at head-pointer (panturo na nakasuot sa ulo).

Tungkol naman sa seguridad sa eleksyon, natutugunan ng bagong sistema ng pagboto ang istriktong mga pamantayan sa seguridad, at nasuri at sertipikado na ng California Secretary of State (Kalihim ng Estado ng California) para sa paggamit. Walang bahagi ng sistema na nakakonekta sa internet o tumatanggap o naghahatid ng datos sa pamamagitan ng anumang uri ng panlabas na network para sa pakikipagkomunikasyon, at naka-encrypt na ang mga boto sa sandaling maproseso at ma-scan ang mga balotang ginamit sa pagboto. Bukod rito, sinusubukan ng Departamento ang lahat ng kagamitan sa pagboto bago at pagkatapos ng siklo ng eleksyon upang matiyak na naaangkop na gumagana ang mga makina at wastong nairerekord ng mga ito ang mga boto. Bukas sa obserbasyon ng publiko ang lahat ng pagsubok sa mga kagamitan. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon at makapanood ng maiiksing video tungkol sa bagong sistema, pakibisita ang sfelections.org.

Pagpapaskil ng Imaxe ng mga Balotang Ginamit sa Pagboto sa Website ng Departamento

"Image-based (nakabatay sa mga imahe)" ang bagong sistema ng pagboto, na ang ibig sabihin, kumukuha ito ng litrato ng bawat balota na ginamit sa pagboto. Nagdaragdag din ang sistema ng pahayag kung paano binilang ang bawat boto. Ipapaskil ng Departamento ang mga imahe at pahayag na ito sa website nito upang makita ng lahat, at gagawin ding bukas sa publiko ang mga imahe upang mai-download at mailagay sa mga memory device (kagamitang nag-iibak ng impormasyon). Ipapaskil din ng Departamento ang log ng mga transaksyon ng lahat ng kagamitan na ginamit para sa eleksyon.

Ang Dalawang Voting Center: City Hall at San Francisco State University (SFSU)

Maaaring bumisita ang mga residente ng San Francisco sa Voting Center upang bumoto, magrehistro para makaboto, ibigay ang pinakabago nilang impormasyon sa pagpaparehistro, o ihulog ang kanilang balotang vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo). Para sa eleksyong ito, magpapatuloy ang Departamento sa pagkakaloob ng mga serbisyo para sa eleksyon sa City Hall Voting Center, at magpapatakbo rin ng ikalawang Voting Center sa SFSU. Matatagpuan ang SFSU Voting Center sa Towers Conference Center na nasa 798 State Drive.

Mga Oras ng City Hall Voting Center

Lunes – Biyernes, Oktubre 7 – Nobyembre 4, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. (*sarado sa Oktubre 14, holiday*)

Sabado–Linggo, Oktubre 26–27, at Nobyembre 2–3, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.

Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 5, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Mga Oras ng San Francisco State University Voting Center

Sabado–Linggo, Nobyembre 2–3, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.

Lunes, Nobyembre 4, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 5, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Mga Estasyon para sa Paghuhulog ng Balotang Vote-by-Mail

Simula sa Nobyembre 2 at hanggang sa Araw ng Eleksyon, maaaring gamitin ng mga botante ang mga estasyon para sa Ballot Drop-off (Paghuhulog ng Balota) upang maisauli ang kanilang mga balotang vote-by-mail. Matatagpuan ang mga estasyon sa labas ng dalawang Voting Center, at magagamit sa pareho ring oras na bukas ang mga Voting Center, ayon sa nakalista sa itaas.

Pagpapalano para sa Presidential Primary (Primarya para sa Pagkapresidente) sa Marso 2020

Magpapatuloy na sa lalong madaling panahon ang Departamento ng abiso sa mga botante tungkol sa Marso 2020 na Presidential Primary Election (Primaryang Eleksyon para sa Pagkapresidente). Ang dahilan para sa mga abisong ito ay ang pagkakaloob ng impormasyon kung paano natutukoy ng mga preperensiya ng politikal na partido ng mga botante kung aling balota ang matatanggap nila. Kailangang gumawa ng aksiyon ang mga botanteng hindi pumili ng mas gustong partido noong nagparehistro sila sa pagboto, kung gusto nilang bumoto para sa mga kandidato sa pagkapresidente na kaugnay ng partikular na politikal na partido. Ipaliliwanag ng mga abisong ipadadala ng Departamento kung paano makakukuha ang mga botante ng mga balotang may kasamang mga kandidato sa pagkapresidente na kaugnay ng mga partikular na politikal na partido. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Marso 2020 Primary, pakibisita ang sfelections.org/2020primary.

Gumagalang,
John Arntz, Direktor

English (415) 554-4375

Fax (415) 554-7344

TTY (415) 554-4386

sfelections.org

1 Dr. Carlton B. Goodlett Place

City Hall, Room 48, San Francisco, CA 94102

中文 (415) 554-4367

Español (415) 554-4366

Filipino (415) 554-4310



Ang Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante

Sa pamplet na ito, makikita ninyo ang impormasyon tungkol sa pagboto sa San Francisco, mga kandidatong tumatakbo para sa lokal na mga katungkulan, at lokal na mga panukalang-batas sa balota.

Inihahanda ng Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante bago sumapit ang bawat eleksyon at ipinadadala ito sa bawat rehistradong botante sa pamamagitan ng koreo alinsunod sa batas.

Ang pamplet na ito ay may iba't ibang format:

- Sa *sfelections.org* sa PDF, HTML, at XML na mga format
- Malaki ang pagkaka-imprensa. Para mag-request, tumawag sa (415) 554-4310.

Mahamanap ninyo ang halimbawang balota sa Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, na ipinadala sa lahat ng rehistradong botante. Maaari din ninyong makita ang kopya nito sa *sfelections.org*. Kung gusto ninyo ng karagdagang kopya ng Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, tumawag sa (415) 554-4310.



Maaari ninyong dalhin ang pamplet na ito sa inyong botohan. May mga kopya rin ang bawat botohan. Tanungin ang isang manggagawa sa botohan kung nais ninyong makakita ng isa.



Mas nais ba ninyong basahin ang pamplet na ito online? Bisitahin ang [sfelections.org/viponline](https://www.sfelections.org/viponline) para tumanggap tamanggap ng kopya sa pamamagitan ng koreo.

Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Nagtatrabaho ang Ballot Simplification Committee sa mga pampublikong pagpupulong para maghanda ng walang kinikilingang pagbubuo sa simpleng salita ng bawat panukalang-batas. Sinusulat o sinusuri din ng Komite ang iba pang impormasyon na nasa pamplet na ito, kabilang na rin ang glossary ng "Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman" at ang "Mga Madalas Itanong" (FAQs).

Ang mga miyembro ng Komite ay may mga karanasan sa pamamahayag, edukasyon, at nakasulat na komunikasyon. Binoboluntaryo nila ang kanilang oras para ihanda ang mga materyales na ito para sa mga botante.

Ang mga miyembro ng Komite ay sina:

Betty Packard, Tagapangulo

Nominado ng:

*National Academy of Television Arts and Sciences
(Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng Telebisyon)*

Ashley Raveche

Nominado ng:

League of Women Voters (Liga ng mga Kababaihang Botante)

Scott Patterson

Nominado ng:

*National Academy of Television Arts and Sciences
(Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng Telebisyon)*

Michele Anderson

Nominado ng:

Pacific Media Workers Guild (Samahan ng mga Manggagawa sa Media sa Pacific)

Janica Maldonado, *ex officio** Deputy City Attorney
(Katuwang na Abugado ng Lungsod)

Andrew Shen, *ex officio** Deputy City Attorney

**Ayon sa batas, ang City Attorney (Abugado ng Lungsod), o ang kinatawan niya, ay naglilingkod sa Ballot Simplification Committee at maaaring magsalita sa mga pagpupulong ng Komite ngunit hindi maaaring bumoto.*



San Francisco, Alamin ang Inyong Bagong Sistema ng Pagboto!

Magsisimulang gamitin ng mga botante ng San Francisco ang bagong sistema para sa pagboto sa Nobyembre 5, 2019 na eleksyon! Ipinakikilala namin sa inyo ang ilang pagbabago at katangian ng bagong sistema ng pagboto para matulungan kayong maghanda para sa pagboto.

Mas Madaling Pagmarka ng Balota

Sa pagmamarka ng balota, pupunan ng mga botante ang oval sa tabi ng kanilang seleksiyon, sa halip na pagkokonekta ng mga arrow noong nakaraan.

Mas Maraming Bilang ng mga Ranggo sa Labanang Ranked-Choice Voting

Pinapayagan ng bagong pormat ng balota, na may grid layout (mga linyang patayo at pahalang), na bigyan ng mga botante ng ranggo ang hanggang 10 kandidato sa labanang ranked-choice voting, sa halip na tatlong kandidato noong nakaraan. Bisitahin ang sfelections.org/rcv para mag-practice sa pagmamarka ng balotang pandemonstrasyon.

Bagong Ballot-Marking Device na may Pinahusay na mga Katangiang Accessible

Magkakaroon ang bawat botohan at ang mga Sentro ng Botohan sa City Hall ng accessible na ballot-marking device, gamit ang mga audio at touchscreen na interface. Akma ang device na ito sa assistive technology, gaya ng keypads, mga sip-and-puff na device (kagamitang gumagamit ng presyon ng hangin sa pamamagitan ng paghigop o pagbuga), at head-pointer (aparotong panturo na nakasuot sa ulo). Hindi nag-iimbak o nagbibilang ng boto ang mga ballot-marking device. Kailangang i-print ng mga botante ang kanilang balota at ipasok ito sa ballot-scanning machine (makinang ginagamit sa pag-scan ng balota) na nagbibilang ng mga binotohang balota.

Pinahusay na Transparency ng Eleksyon

Magkakaroon ang bawat botohan ng ballot-scanning machine, na kumukuha ng imahe at binibilang ang mga binotohang balota. Maiimbak sa memory card ng machine ang mga na-scan na imahe sa mga binotohang balota at datos ukol sa bilang ng mga boto. Ilalathala ng Departamento ng mga Eleksyon ang mga imahe ng na-scan na balota, na ang bawat isa ay may mga tala na nagpapaliwanag kung paano nabasa at nabilang ng mga kagamitang pamboto ang mga marka sa balota, sa sfelections.org. Makikita ng publiko at maaaring suriin ang mga imahe ng balota para maikumpara ito sa opisyal na resulta ng eleksyon.

Mataas na Pamantayan para sa Seguridad

Natutugunan ng bagong sistema ng pagboto ang mga pamantayan sa seguridad at nabigyan na ito ng sertipikasyon ng Kalihim ng Estado ng California para sa paggamit. Walang parte ng sistema ang nagkokonekta sa internet, o nakatatanggap o nagpapadala ng datos sa kahit anumang external na communication network. Bago sumapit ang bawat eleksyon, nagsasagawa ng pagsusuri ang Departamento ng mga Eleksyon sa lahat ng kagamitan para sa pagboto upang mapatunayan na gumagana ang mga mekanikal na bahagi nito at eksakto ang lohika nito. Bukas sa publiko ang pagsubaybay nito.

Pumunta sa Demonstrasyon ng Sistema ng Pagboto sa Inyong Purok!

Sumali sa aming mga Demonstrasyon ng Sistema ng Pagboto sa buong Lungsod para magkaroon ng aktuwal na pagsasanay sa bagong kagamitan para sa pagboto at sa bagong pormat ng balota. Nagho-host din ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga demonstrasyon ng bagong kagamitan para sa pagboto at ng pormat ng bagong balota sa labas ng City Hall sa Van Ness Avenue kada Biyernes hanggang Araw ng Eleksyon, mula 11 a.m. hanggang 2 p.m. Para makita ang buong iskedyul, bisitahin ang sfelections.org/outreach/calendar, tumawag sa (415) 554-4310, o bumisita sa aming tanggapan sa City Hall, Room 48.



★ Batas sa mga Karapatan Ng Botante ★

Ikaw ay may mga sumusunod na karapatan:

- 1. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
 - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
 - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
 - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
 - hindi nakabilanggo o parolado para sa isang peloni
- 2. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
- 3. Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga botohan.**
- 4. Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
- 5. Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:
 - Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang botohan** ng isang bagong balota; o
 - Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong botohan; o
- 6. Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong taga-pag-employo o kinatawan ng unyon.
- 7. Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang botohan sa California.**
- 8. Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
- 9. Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
- 10. Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
 - Sa web sa www.sos.ca.gov
 - Sa pamamagitan ng telepono sa (800) 339-2957
 - Sa mail sa elections@sos.ca.gov



Kung naniniwala kayong ipinagkait sa inyo ang alinman sa mga karapatang ito, tumawag sa kumpidensiyal at walang-bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

🔒 Pagiging Kumpidensiyal ng Impormasyon at Mga Rekord ng Botante

Ginagamit ng mga opisyal ng eleksyon ang impormasyong nasa inyong form para sa pagpaparehistro bilang botante upang mapadalhan kayo ng opisyal na impormasyon tungkol sa proseso sa pagboto.

Ipinagbabawal ng batas at isang misdemeanor ang komersiyal na paggamit ng impormasyong nasa rehistrasyon ng botante. Ang ilang impormasyon tungkol sa botante ay maaaring ibigay, kapag hiniling, para sa layunin ng eleksyon, pag-aaral, pamamahayag, politikal, o mga layunin ng pamahalaan, ayon sa pasya ng Kalihim ng Estado. Halimbawa, maaaring ibigay ang impormasyon sa isang kandidato para sa katungkulan o sa komite ng panukalang-batas. Ang sumusunod na impormasyon ay *hindi maaaring* isiwalat para sa ganitong mga layunin:

- Ang inyong numero ng lisensiya sa pagmamaneho
- Ang inyong numero ng ID ng estado
- Ang inyong numero ng Social Security
- Ang inyong pirma na ipinapakita sa inyong form para sa pagpaparehistro bilang botante.

Kung kayo ay mayroong anumang katanungan tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o kung gusto ninyong magreport ng pinaghihinalaang maling paggamit ng ganoong impormasyon, mangyaring tumawag sa Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado, toll-free sa: (800) 345-VOTE (8683).

🔒 Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)

Maaaring kuwalipikado ang ilang botante na humaharap sa mga sitwasyong nagsasapanganib sa kanilang buhay para sa status na kumpidensiyal na botante. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Safe at Home program ng Kalihim ng Estado, toll-free (walang bayad) sa (877) 322-5227, o bisitahin ang sos.ca.gov.

Ang sinumang botante ay may karapatan ayon sa California Elections Code Sections 9295 at 13314 na humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas), bago pa man ang paglalathala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, para iatas na baguhin o burahin ang anuman o ang lahat ng mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.



Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Maaaring humiling ang botante ng vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo) na balota, para sa eleksyon na ito lamang o para sa lahat ng eleksyon. Magsisimulang magpadala ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga balota nang humigit-kumulang isang buwan bago ang bawat eleksyon.

Bago Kayo Bumoto

1. Magsumite ng inyong request para bumoto sa pamamagitan ng koreo sa lalong madaling panahon; kailangang matanggap ito ng Departamento ng mga Eleksyon nang hindi lalampas ng Oktubre 29, pitong araw bago ang Araw ng Eleksyon.
2. I-check o i-update ang gusto ninyong wika para sa inyong balota sa sfelections.org/language:
 - Makakukuha ng balota at iba pang materyales sa Ingles at Tsino, Espanyol, o Filipino.
 - Makakukuha ng facsimile na balota sa Vietnamese at Koreano; ito ay mga eksaktong kopya ng opisyal na balota na may isinalin na laman, para magamit ng mga botante bilang pang-reperensiya.
 - Makatutulong ang pagpapahiwatig sa amin ng gusto ninyong wika nang maaga para makuha ang inyong balota sa inyong piniling wika nang mas maaga. Kung hindi man, may mga instruksiyon ang inyong balota para makapagpalit kayo ng balota na naglalaman ng gusto ninyong wika.
3. Kung mayroon kayong kapansanan, pag-isipan kung gagamit kayo ng papel na balota o iba pang accessible na opsiyon (tingnan ang pahina 10).
4. Alamin pa ang tungkol sa bagong sistema ng pagboto ng San Francisco sa sfelections.org. Mag-practice sa pagmamarka ng pandemonstrasyon na balota sa sfelections.org/rcv.

Kung Paano Humiling na Bumoto sa pamamagitan ng Koreo

- Punan at ibalik ang aplikasyon sa likod ng pabalat ng pamplet na ito.
- Pumunta sa sfelections.org/vbm.
- Tumawag sa (415) 554-4310, o bumisita sa Departamento ng mga Eleksyon sa City Hall, Room 48.
- Magpadala sa pamamagitan ng koreo, fax, o email ng na-scan na request sa Departamento ng mga Eleksyon, kasama ng inyong pangalan, petsa ng kapanganakan, address ng tirahan, address kung saan ninyo gustong ipadala ang inyong balota, at inyong pirma.

Para bumoto sa pamamagitan ng koreo para sa lahat ng eleksyon, mag-request na maging permanenteng vote-by-mail na botante; kailangan ang inyong pirma.

Kung Magkamali kayo sa Inyong Balota

Para humiling ng pamalit na balota, pumunta sa sfelections.org/myballot o tumawag sa (415) 554-4310.

Kung Paano Ibalik ang Inyong Balota

1. Itupi ang inyong balota nang isa-isa at ilagay ito sa pambalik na sobre.
2. Pirmahan at isara ang sobre.
3. Ibalik ang balota sa takdang oras.

May tatlong paraan para ibalik ang inyong balota:

- Ipadala sa pamamagitan ng koreo sa Departamento ng mga Eleksyon; ang pambalik na sobre ay kailangang:
 - Naka-postmark bago o sa Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 5, AT
 - Matanggap ng Departamento ng mga Eleksyon nang hindi lalampas ng Biyernes, Nobyembre 8.
- Ihulog ito sa Drop-Off Station sa labas ng alinmang Sentro ng Botohan, na bukas ng Nobyembre 2–5 sa mga oras ng pagboto (tingnan ang susunod na pahina).
- Ihulog ito sa kahit anong botohan sa California sa Araw ng Eleksyon.

Kung Paano I-track ang Inyong Balota

I-check ang estado ng inyong balota—mula sa pagpapadala sa koreo hanggang sa pagbibilang—sa sfelections.org/myballot o tumawag sa (866) 325-9163 nang toll free (walang bayad). Kung **hindi** mabibilang ang inyong balota, makikita sa tool na ito kung paano ninyo iwawasto ang isyu bago ang Araw ng Eleksyon para mabilang namin ang inyong balota.

Simula Oktubre 22, maaari ninyong panoorin ang pagbukas at pagpo-proseso ng mga vote-by-mail na balota sa Departamento ng mga Eleksyon sa sfelections.org/observe.



Pagboto nang Personal

Bago Kayo Bumoto

1. Magpasya kung boboto kayo sa Sentro ng Botohan (magsisimula ang pagboto 29 araw bago ang Araw ng Eleksyon) o sa itinakdang botohan sa inyo sa Araw ng Eleksyon.
2. I-check ang lokasyon at mga oras para sa lugar kung saan ninyo gustong bumoto.
3. I-check o i-update ang gusto ninyong wika para sa inyong balota sa sfelections.org/language.
 - Makakukuha ng balota at iba pang materyales sa Ingles at Tsino, Espanyol, o Filipino.
 - Makakukuha ng facsimile na balota sa Vietnamese at Koreano; ito ay mga eksaktong kopya ng opisyal na balota na may isinalin na laman, para magamit ng mga botante na pang-reperensiya.
 - Maaari din kayong humiling sa manggagawa sa botohan ng balota o ng facsimile na balota sa inyong gustong wika.
4. Kung mayroon kayong kapansanan, pag-isipan kung gagamit kayo ng papel na balota o iba pang accessible na opsiyon (tingnan ang pahina 10).
5. Alamin pa ang tungkol sa bagong sistema ng pagboto ng San Francisco sa sfelections.org. Mag-practice sa pagmamarka ng pandemonstrasyon na balota sa sfelections.org/rcv.

Bumoto sa Sentro ng Botohan

Maaaring bumoto ang sinumang botante ng San Francisco sa alinmang Sentro ng Botohan bago o sa Araw ng Eleksyon.

Sentro ng Botohan sa City Hall, sa labas ng Room 48

- **Lunes hanggang Biyernes**, Oktubre 7–Nobyembre 5, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. (sarado sa Oktubre 14, holiday)
- **Sabado at Linggo**, Oktubre 26–27 at Nobyembre 2–3, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m. (pumasok sa may bandang Grove Street)
- ★ **Araw ng Eleksyon**, Martes, Nobyembre 5, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Bago 'to! Sentro ng Botohan sa San Francisco State University, 798 State Drive, Towers Conference Center

- **Sabado at Linggo**, Nobyembre 2–3, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.
- **Lunes**, Nobyembre 4, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- ★ **Araw ng Eleksyon**, Martes, Nobyembre 5, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Bumoto sa inyong Botohan sa Araw ng Eleksyon

- Ang lugar ng inyong tirahan ang siyang magpapasya kung anong mga labanan at mga kandidato ang ipapakita sa inyong balota. Para tumanggap ng balota na may tamang mga labanan at kandidato, bumoto sa itinalagang botohan sa inyo.
- I-check ang address ng inyong botohan sa likod na pabalat ng pamphlet na ito, o pumunta sa sfelections.org/pollsite.
- Bukas ang mga botohan sa Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 5, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Tandaan ang mga Petsa!

Marso 3, 2020

**Pampanguluhan na
Primaryang Eleksyon**

Nobyembre 3, 2020

Pangkalahatang Eleksyon



Pagmamarka sa Inyong Balota

Mga Instruksiyon sa Pagboto

- Basahin ang mga instruksiyong naka-print o makikita sa bawat card ng balota.
- Gumamit ng panulat na may itim o matingkad na asul na tinta.
- Punan ang oval sa tabi ng inyong pinili para sa labanan o panukalang-batas, gaya ng ipinakikita sa larawan ①
- Para bumoto ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato, isulat ang pangalan ng kandidato sa espasyo sa dulo ng listahan ng mga kandidato at punan ang oval sa tabi ng espasyong iyon; para sa listahan ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato, bisitahin ang sfelections.org/writein sa Oktubre 23 o pagkalipas nito, o magtanong sa isang manggagawa sa botohan.
- Huwag magsulat ng personal na impormasyon, gaya ng inyong pangalan, saanmang bahagi ng balota.
- Kung ayaw ninyong bumoto sa isang labanan o panukalang-batas, iwan itong blangko. Mabibilang pa rin ang inyong mga boto para sa ibang mga labanan at panukalang-batas.
- Nagkamali? Para kumuha ng pamalit na balota, pumunta sa sfelections.org/myballot, tumawag sa (415) 554-4310, o magtanong sa isang manggagawa sa botohan.

o tingnan ang Halimbawang Balota na nasa bersyong Ingles ng pamphlet na ito.

Inaalas ng ranked-choice voting ang pangangailangang magsagawa ng hiwalay na mga run-off election (pandesisyong eleksyon) sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga botanteng magranggo ng mga kandidato nang magkakasunod-sunod batay sa kanilang kagustuhan. Ginagamit na ang ranked-choice voting ng mga botante ng San Francisco mula 2004 sa paghahalal sa lahat ng katungkulan sa Lungsod maliban sa mga miyembro ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) at ng Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad).


Kung Paano Gumagana ang Ranked-Choice Voting

- Una, bibilangin ang unang pinili ng lahat.
- Kapag may kandidatong nakatanggap ng mayorya ng boto bilang unang-pinili—higit sa kalahati—ang kandidatong iyon ang panalo.
- Kapag walang kandidatong nakatanggap ng mayorya, tatanggalin ang kandidatong pinakahuli sa labanan.
- Bibilangin ang susunod na pinili ng mga botanteng pumili sa kandidatong natanggal.
- Uulitin ang siklong ito hanggang sa may manalo batay sa mayorya.

Kung Paano Magmarka sa Labanang Gumagamit ng Ranked-Choice Voting

- Nakalista sa mga hanay sa kaliwang bahagi ng grid ang mga pangalan ng kandidato. Makikita ang nakanumerong mga ranggo sa itaas na hanay.
- Maaari kayong magranggo ng gaano man karaming kandidato, ayon sa inyong kagustuhan—hanggang sa 10 kandidato, bilang pinakamarami. Kung ayaw ninyong iranggo ang ilan sa kandidato, iwang blangko ang mga kolum.
- Para iranggo ang mga kandidato sa balota, punan ang mga oval mula kaliwa pakanan, gaya ng ipinakikita sa larawan ②:
 - Sa **unang kolum** para sa inyong **unang pinili**.
 - Sa **ikalawang kolum** para sa inyong **pangalawang pinili**.
 - Sa **ikatlong kolum** para sa inyong **pangatlong pinili**, at iba pa.

① Paano mamarkahan ang inyong pinili




Ranked-Choice Voting (Pagboto sa Pamamagitan ng Pagraranggo)

- ★ May mapapansin kayong kaunting pagbabago sa inyong balota! Pinalalawak ng bagong sistema ng pagboto sa San Francisco ang inyong pagkakataong iranggo ang mga kandidato. Ngayon, maaari na kayong magranggo ng hanggang sa sampung kandidato sa labanang gumagamit ng ranked-choice voting, sa halip na tatlong kandidato gaya noong nakaraan. Para mag-practice sa pagmamarka ng balota, bisitahin ang sfelections.org/rcv





2 Paano ang pagmamarka sa labanang gumagamit ng ranked-choice voting



- **Huwag punan ang mahigit sa isang oval para sa isang kandidato.** Kapag niranggo ninyo bilang una, ikalawa, ikatlong pinili, at iba pa ang isang kandidato, para na rin ninyong iniwang blangko ang inyong pangalawang pinili, pangatlong pinili, at iba pa.
- **Huwag punan ang mahigit sa isang oval sa isang kolum.** Kapag binigyan ninyo ng parehong ranggo ang madaming kandidato, hindi mabibilang ang inyong boto para sa ranggong iyon at sa iba pang ranggo.
- Para bumoto ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato, isulat ang pangalan ng taong iyon sa espasyo sa dulo ng listahan ng mga kandidato at punan ang oval para sa ranggong iyon.
- Kung mas kaunti sa tatlo ang kandidato para sa isang katungkulan, markahan ang inyong pinili (mga pinili) at

iwang blangko ang mga kolum. (Itinatakda ng Tarter ng San Francisco na pahintulutan ang mga botanteng magranggo nang hindi bababa sa tatlong pagpipilian sa anumang labanang gumagamit ng ranked-choice voting. Gayunpaman, minsan, mas kaunti sa tatlo ang tumatakbong kandidato sa isang katungkulan.)

3 Huwag punan ang mahigit sa isang oval para sa isang kandidato o sa parehong kolum



Want to contribute to your community and earn extra money?

Be a Poll Worker on Election Day,
Tuesday, November 5!

Make up to \$240!

Apply Now!

sfelections.org/pw



Accessible na Pagboto at mga Serbisyo

Accessible na impormasyon para sa botante

Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante na nasa wikang (Tsino, Espanyol, Filipino) ay makukuha sa mga accessible na format:

- Sa *sfelections.org* sa format na PDF, HTML, at XML.
- Large print (malaki ang pagkakaimprenta).

Para mag-request, tumawag sa (415) 554-4310.

Accessible na pagboto

May mga sumusunod na opsiyon ang lahat ng botante:

Pagboto sa pamamagitan ng koreo: Tingnan ang pahina 6. Kailangang matanggap nang hindi lalampas ng Oktubre 29 ang mga request para bumoto sa pamamagitan ng koreo.

- Kung kayo ay may kapansanan, maaari ninyong gamitin ang **accessible vote-by-mail system** sa *sfelections.org/access* para ma-access at mamarkahan ang inyong balota gamit ang anumang computer na may internet access. Pagkatapos ninyong markahan ang inyong balota, kailangan ninyo itong i-print, ilagay sa pambalik na sobre, at ibalik sa pamamagitan ng koreo o nang personal.
- Para mag-request ng **large-print ballot (malaki ang pagkakaimprentang balota)**, makipag-ugnay sa Departamento ng mga Eleksyon.

Bumoto sa isang Sentro ng Botohan: Accessible (madaling puntahan) ang mga Sentro ng Botohan sa City Hall at sa San Francisco State University; accessible ang City Hall mula sa alinman sa apat nitong pasukan. Ang bawat Sentro ng Botohan ay mayroong kagamitang pantulong na nakalista sa ibaba. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang pahina 7.

Bumoto sa inyong Botohan: Tingnan ang likod na pabalat para sa address at impormasyon tungkol sa aksesibilidad.

- Kung hindi accessible ang inyong botohan, pumunta sa *sfelections.org/pollsite* o tumawag sa (415) 554-4310 para sa lokasyon ng pinakamalapit na botohan sa inyong distrito.

- Mayroong **accessible ballot-marking device (aparatong ginagamit para sa mas madaling pagmamarka ng balota)** sa bawat botohan, kabilang na ang mga Sentro ng Botohan sa City Hall at sa San Francisco State University.
 - Pinahihintulutan nito ang mga botanteng may kapansanan sa paningin o paggalaw o may iba pang espesipikong pangangailangan na bumoto nang pribado at malaya.
 - Maaari ninyong piliin ang format ng balota (touchscreen, audio, o pareho) at ang wika ng balota: Ingles, Tsino (Cantonese o Mandarin na audio), Espanyol, o Filipino.
 - Maaari ninyong suriing muli ang inyong mga pinili bago iprint at isumite ang inyong boto.
 - Compatible ang device (gumagana ang aparato) kapag ikinabit sa maraming iba pang assistive na device (aparatong nakatutulong sa botante), gaya ng mga switch ng sip/puff at mga headpointer (aparatong isinusuot sa ulo na ginagamit panturo). Maaari ninyong dalhin ang inyong sariling device o mag-request ng isa sa (415) 554-4310. Hangga't maaari, magbigay ng 72 oras na abiso nang maseguro na mayroong magagamit.
 - Alamin pa ang tungkol dito sa *sfelections.org*.
- Mayroon pang ibang mga paraan para kayo ay matulungan sa bawat botohan at Sentro ng Botohan:
 - **Personal na tulong:** maaari kayong magsama ng hanggang sa dalawang katao, kabilang na ang mga manggagawa sa botohan, sa inyong voting booth (mismong puwesto ng pagbobotohan).
 - **Curbside voting (Pagboto sa gilid ng daan):** kung hindi kayo makapapasok sa inyong botohan, maaaring dalhin sa inyo ng mga manggagawa sa botohan ang inyong mga kagamitan sa pagboto sa labas ng botohan.
 - **Seated voting (Pagboto nang nakaupo).**
 - **Mga kasangkapan sa pagboto:** mga magnifier at easy-grip na mga panulat para sa pagpirma sa listahan at pagmamarka ng balota.
 - Mayroong video ng **American Sign Language interpretation** sa tanggapan ng Departamento ng mga Eleksyon.



Matutulungan namin kayo: Tulong sa wikang Filipino

Alinsunod sa mga pederal at pang-estadong batas tungkol sa language access, nagkakaloob ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga materyales at tulong sa mga wikang Tsino, Espanyol, at Filipino, pati na sa Ingles. Patuloy na binibigyang prayoridad ng Departamento ang programa nitong multilingual,

at ang pagpapahusay ng serbisyo nito sa lahat ng botante, kabilang na ang mga may limitadong kahusayan sa wikang Ingles. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa sfelections.org o tumawag sa (415) 554-4310.

Pagboto ng mga Hindi-Mamamayan sa Nobyembre 5, 2019 na Eleksyon para sa Lupon ng Edukasyon

Pinahihintulutan ang sinumang hindi-mamamayan na residente ng San Francisco na nasa legal na edad sa pagboto; na hindi nakakulong o naka-parole dahil sa hatol na felony; na magulang, legal na guardian o tagapatnubay, o caregiver (ayon sa depinisyon sa ilalim ng California Family Code Seksyon 6550) ng batang nasa edad na mas mababa pa sa 19 na nakatira sa San Francisco, na bumoto para sa mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon sa eleksyon sa Nobyembre 5. Ito ay posible dahil

inaprobahan ng mga botante ng San Francisco ang Proposisyon N sa eleksyon noong Nobyembre 2016, na nag-amyenda ng Tsarter ng Lungsod. Mahahanap ang impormasyon tungkol sa rehistrasyon at pagboto ng hindi-mamamayan sa sfelections.org /*noncitizen* o sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 554-4310.

Libreng mga Klase sa Ingles

Ang mga taong gustong matuto ng English as a Second Language (Ingles bilang Pangalawang Wika, ESL) ay maaaring pumunta o tumawag sa sumusunod na mga opisina para makakuha ng impormasyon tungkol sa libreng mga klase:

City College of San Francisco: ccsf.edu/esl

Civic Center Campus

1170 Market Street..... (415) 561-1875

Chinatown / North Beach Campus

808 Kearny Street(415) 395-8600 o (415) 395-8621

Downtown Campus

88 4th Street..... (415) 267-6500 o (415) 267-6543

Evans Campus

1400 Evans Avenue.....(415) 550-4440

John Adams Campus

1860 Hayes Street(415) 561-1835 o (415) 561-1954

Mission Campus

1125 Valencia Street ... (415) 920-6000 o (415) 920-6012

Ocean Campus

50 Frida Kahlo Way ... (415) 239-3427 o (415) 239-3003

Southeast Campus

1800 Oakdale Avenue(415) 550-4344



Handa na ba kayo para sa Marso 3, 2020, ang Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo?

Noong 2018, inilipat ng bagong batas ang mga primarya sa California mula Hunyo patungong Marso. Gaganapin sa Marso 3, 2020 ang Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo.

Maaaring bumoto sa isang primaryang eleksyon ang lahat ng botante. Nakadepende sa kinakatigang partido ang pagboto sa Presidente.

Ang inyong piniling kinakatigang partido noong kayo ay nagparehistro ang magpapasya kung anong labanan sa primarya sa pagkapangulo, kung mayroon man, ang makikita sa inyong balota. Magkakaroon din kayo ng pagkakataong bumoto sa iba pang pampederal at pang-estadong katungkulan at mga panukala.

<p>Kung pumili kayo ng kinakatigang partido noong kayo ay nagparehistro para bumoto:</p>	<p>Kung hindi kayo pumili ng kinakatigang partido, o kung ang inyong preperensiya o kagustuhan ay para sa hindi-kuwalipikadong politikal na partido sa California:</p>
<ul style="list-style-type: none"> • Makatatanggap kayo ng balota na mayroong mga kandidato ng partidong iyon sa pagka-Presidente. • Kung may eleksyon para sa county central committee o konseho ng county ng partidong iyon, ipapakita rin ang labanang iyon sa inyong balota. • Hindi kayo maaaring bumoto ng mga kandidatong tumatakbo sa primarya sa pagkapangulo ng ibang partido o labanan sa county central committee o konseho ng county. 	<ul style="list-style-type: none"> • Hindi magkakaroon ng labanan sa pagka-Presidente sa inyong balota maliban na lamang kung gagawa kayo ng aksiyon. Para bumoto ng kandidato sa pagkapresidente sa primaryang eleksyon, kailangang partikular na mag-request ng balota ng isa sa mga partidong nagpapahintulot sa mga botanteng walang kinakatigang partido na bumoto sa kanilang primarya sa pagkapangulo. Makikita sa <i>sfelections.org</i> ang listahan ng mga partidong ito sa huling bahagi ng Oktubre 2019. Ipopost rin ang mga instruksiyon para mag-request ng balota ng isang partido. • Hindi kayo kuwalipikadong bumoto sa mga labanan para sa county central committee o konseho ng county ng isang politikal na partido.

Anuman ang inyong kinakatigang partido, kasama sa inyong balota ang mga labanang para sa mga katungkulang nominado ng botante: United States Representative (Kinatawan ng Estados Unidos), Senador ng Estado, at Miyembro ng Asembleya ng Estado; at anumang nonpartisan na katungkulan at mga panukala sa balota.

Ano ang maaari ninyong magawa **NGAYON** para maghanda sa pagboto para sa inyong nagugustuhang kandidato para sa pagka-Presidente sa Marso 3, 2020, na eleksyon:

1. **I-check ang inyong kinakatigang partido** at iba pang impormasyon tungkol sa inyong rehistrasyon gamit ang Voter Registration Status Lookup tool sa *sfelections.org/reglookup*.
2. **Para baguhin, dagdagan, o tanggalin ang inyong kinakatigang partido** o iba pang impormasyon sa rehistrasyon, magrehistrong muli online sa *registertovote.ca.gov* o kompletuhin ang form ng rehistrasyon sa papel.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang *sfelections.org/2020primary*, o tumawag sa (415) 554-4310.



Mga Madalas Itanong (FAQs)

Sinagot ng Komite para Gawing mas Simple ang Balota

? Sino ang makaboboto?

Mga mamamayan ng U.S., 18 taong gulang o mas matanda pa, na nakarehistrong bumoto sa San Francisco sa o bago sumapit ang deadline ng pagpaparehistro.

? Kailan ang deadline para magparehistrong bumoto o i-update ang impormasyon sa aking rehistrasyon?

Ang deadline ng pagpaparehistro ay Oktubre 21, labinlimang araw bago dumating ang Araw ng Eleksyon. (Hindi umabot sa deadline? Bisitahin ang sfelections.org, "Rehistrasyon para sa mga Espesyal na Kalagayan.")

? Kailan at saan ako makaboboto sa Araw ng Eleksyon?

Maaari kayong bumoto sa inyong botohan o sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa San Francisco State University sa Araw ng Eleksyon mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Ang address ng inyong botohan ay nasa likod na pabalat ng inyong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Matatagpuan din ninyo ito sa sfelections.org/pollsite o tumawag sa (415) 554-4310. Matatagpuan ang Sentro ng Botohan sa City Hall sa labas ng Room 48. Matatagpuan ang Sentro ng Botohan sa San Francisco State University sa 798 State Drive, Towers Conference Center.

? Mayroon bang anumang paraan para bumoto bago ang Araw ng Eleksyon?

Opo. Ang inyong mga opsiyon ay ang mga sumusunod:

- **Bumoto sa pamamagitan ng mail (koreo).** Sagutan at i-mail ang Aplikasyon para sa Vote-by-Mail na nakalimbag sa likod na pabalat ng pamplet na ito, kumpletuhin ang aplikasyon online sa sfelections.org/vbm, o tumawag sa (415) 554-4310 para humiling na bumoto sa pamamagitan ng mail. Ipadadala sa inyo ang isang vote-by-mail na balota. Dapat **matanggap** ng Departamento ng mga Eleksyon ang inyong kahilingan sa, o bago sumapit ang Oktubre 29, o
- **Bumoto nang personal** sa Sentro ng Botohan sa City Hall, simula Oktubre 7, o sa Sentro ng Botohan sa San Francisco State University, simula Nobyembre 2 (tingnan ang pahina 7 para sa mga petsa at oras).

? Kapag hindi ako gumamit ng aplikasyon o nakatawag, maaari ba akong makakuha ng vote-by-mail na balota sa ibang paraan?

Opo. Maaari kayong magpadala ng nakasulat na kahilingan sa Departamento ng mga Eleksyon. Kasama **dapat** sa kahilingang ito ang: nakalimbag na address ng tirahan ninyo, address kung saan ninyo gustong i-mail ang balota, petsa ng kapanganakan ninyo, nakasulat na pangalan ninyo, at ang inyong **pirma**. I-mail ang inyong kahilingan sa Departamento ng mga Eleksyon sa address na nasa likod na pabalat ng pamplet na ito o i-fax ito sa (415) 554-4372. Dapat **matanggap** ang inyong kahilingan sa, o bago sumapit ang, Oktubre 29.

? Kung ako ay nahatulang may-sala sa isang krimen, maaari pa rin ba akong bumoto?

Opo, maaari kayong bumoto. Elihible kayong magparehistro at bumoto kung kayo ay:

- Nasa kulungan ng county:
 - Nagsisilbi ng sentensiya para sa kasong misdemeanor.
 - Nagsisilbi ng sentensiya sa kulungan para sa kasong felony.
 - Nagsisilbi bilang kundisyon ng probation dahil kayo ay nahatulang may-sala sa kasong misdemeanor o felony.
 - Naghihintay ng paglilitis.
- Naka-probation.
- Nasa ilalim ng mandatory supervision.
- Nasa ilalim ng programa ng post-release community supervision.
- Nasa ilalim ng federal supervised release.
- Nakatanggap na noon ng pormal na pagpapasya ukol sa pagpapatnubay sa menor de edad (juvenile wardship adjudication).

? Ang aking ika-18 kaarawan ay pagkatapos ng deadline ng pagpaparehistro ngunit sa, o bago ang Araw ng Eleksyon. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?

Opo. Maaari kayong magparehistrong bumoto sa mismong, o bago ang, araw ng deadline ng pagpaparehistro, at bumoto sa eleksyong ito—kahit na hindi pa kayo 18 noong nagparehistro kayo.

❓ **Bago pa lamang akong naging mamamayan ng U.S. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?**

Opo.

- Kung naging mamamayan kayo ng U.S., bago o sa mismong araw ng deadline ng pagpaparehistro (Oktubre 21), maaari kayong bumoto sa eleksyong ito, ngunit kailangan kayong magparehistro nang hindi lampas sa deadline;
- Kung naging mamamayan kayo ng U.S. *pagkaraan* ng deadline ng pagpaparehistro, ngunit bago o sa mismong Araw ng Eleksyon, maaari kayong magparehistro **at** bumoto sa Sentro ng Botohan sa City Hall o San Francisco State University bago mag-8 p.m. sa Araw ng Eleksyon kapag may katibayan ng pagiging mamamayan.

❓ **Lumipat ako sa loob ng San Francisco ngunit hindi ko na-update ang aking rehistrasyon bago dumating ang deadline ng pagpaparehistro. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?**

Opo. Ang inyong mga opsiyon ay ang mga sumusunod:

- Pumunta sa Sentro ng Botohan sa City Hall o San Francisco State University, sa mismong Araw ng Eleksyon o bago sumapit ito, kumpletuhin ang form para sa pagpaparehistro ng bagong botante **at** bumoto; o
- Pumunta sa inyong bagong botohan sa Araw ng Eleksyon at bumoto sa probisyonal na balota. Maaari ninyong hanapin ang address ng inyong bagong botohan sa pamamagitan ng pag-type ng inyong bagong address ng tirahan sa sfelections.org/pollsite, o tumawag sa (415) 554-4310.

❓ **Mamamayan ako ng U.S. na nakatira sa ibang bansa. Paano ako makaboboto?**

Maaari kayong magparehistrong bumoto at mapadalhan ng vote-by-mail na balota sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Federal Post Card Application. I-download ang aplikasyon mula sa fvap.gov o kumuha nito mula sa mga embahada, mga konsulado o mga opisyal ng military na tumutulong sa pagboto.

❓ **Kung hindi ko alam kung ano ang gagawin kapag nakarating na ako sa botohan, mayroon bang makatutulong sa akin doon?**

Opo. Tutulungan kayo ng mga manggagawa sa botohan, o maaari ninyong tingnan ang sfelections.org o tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310 para sa tulong, bago o sa mismong Araw ng Eleksyon.

❓ **Maaari ko bang dalhin ang aking Halimbawang Balota o ang aking sariling listahan sa voting booth?**

Opo. Nakatutulong kung nakapagpasiya na kayo bago pa kayo pumunta sa botohan kung sino o ano ang iboboto ninyo. Ang inyong Halimbawang Balota ay makikita sa Ingles na bersiyon ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Maaari ninyong gamitin ang alinman sa dalawa, ang Halimbawang Balota o ang Ballot Worksheet na nasa loob nitong pamplet, para sa layuning ito.

❓ **Kailangan ba akong bumoto sa bawat labanan at panukalang-batas na nasa balota?**

Hindi po. Bibilangin ang inyong mga ibinoto kahit na hindi kayo bumoto sa bawat labanan at panukalang-batas.



Impormasyon tungkol sa Kandidato

Abiso tungkol sa mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Hindi nagsusumite ang lahat ng kandidato ng mga pahayag tungkol sa kanilang mga kuwalipikasyon. Makikita ang kompletong listahan ng mga kandidato sa halimbawang balota, na matatagpuan sa Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, na ipinadala sa lahat ng rehistradong botante. Kung gusto ninyo ng karagdagang kopya ng Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, tumawag sa (415) 554-4310.

Ang bawat pahayag tungkol sa mga kuwalipikasyon ng mga kandidato, kung mayroon man, ay kusang-loob na ibinigay ng kandidato at ang pagpapalimbag nito, para sa ilang katungkulan, ay gastos ng kandidato.



Inililimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite ng mga kandidato, kabilang na ang anumang kamalian sa pagkaka-type, spelling, o grammar. Hindi sinisiyasat ang mga pahayag para sa kawastuhan ng Direktor ng Departamento ng mga Eleksyon o anumang iba pang ahensiya, opisyal, o empleyado ng Lungsod.

Mga Katungkulan sa Lungsod at County ng San Francisco na Pagbobotohan sa Eleksyong Ito

Mayor (Punong-bayan)

Ang Mayor ang punong tagapamahala ng Lungsod at County ng San Francisco. Ang termino sa panunungkulan para sa Mayor ay apat na taon. Sumasahod ang Mayor ng \$351,116 kada taon.

City Attorney (Abugado ng Lungsod)

Ang City Attorney ang abugado para sa Lungsod at County ng San Francisco sa lahat ng asuntong sibil. Naglilingkod ang City Attorney bilang tagapayo sa batas sa Mayor, sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), sa lahat ng departamento ng Lungsod, at sa lahat ng komisyon ng Lungsod. Ang City Attorney ang naghahanda o nag-aapropa ng form para sa lahat ng batas, kontrata, bond (utang ng gobyerno) ng Lungsod, at anupamang ibang dokumentong legal na may kinalaman sa Lungsod.

Ang termino sa panunungkulan para sa City Attorney ay apat na taon. Sumasahod ang City Attorney ng \$289,819 kada taon.

District Attorney (Abugado ng Distrito)

Ang District Attorney ang nag-uusig ng mga kasong kriminal para sa Lungsod at County ng San Francisco. Ang termino sa panunungkulan para sa District Attorney ay apat na taon. Sumasahod ang District Attorney ng \$307,553 kada taon.

Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol)

Kinakatawan ng Public Defender ang ilang tao na hindi kayang magbayad para sa kanilang sariling abugado. Kinakatawan ng

Public Defender ang: mga taong naakusahan ng krimen, kabataang may kasong legal, at mga tao sa pagdinig para sa kalusugan ng isip.

Ang termino sa panunungkulan ng Public Defender ay apat na taon. Sumasahod ang Public Defender ng \$266,577 kada taon.

Nasa balota ang katungkulan ito dahil sa nangyaring pagkabakante. Magsisilbi ang taong iahalal para punan ang pagkabakanteng ito sa natitirang panahon ng kasalukuyang apat-na-taong termino. Nasa balota rin ang katungkulan ito sa Nobyembre 2022.

Sheriff

Ang Sheriff ang nagpapatakbo ng mga bilangguan ng county at nagbibigay ng mga bailiff (security) para sa mga korte. Ang termino sa panunungkulan para sa Sheriff ay apat na taon. Sumasahod ang Sheriff ng \$262,050 kada taon.

Treasurer (Tesorero)

Ang Treasurer ang may pananagutan sa pagtanggap, pagbabayad, at pamumuhunan ng lahat ng pondo ng City at County. Pinamamahalaan ng Treasurer ang araw-araw na labas-pasok ng pera sa Lungsod at County, pinamamatnugutan ang Office of the Tax Collector (Opisina ng Tagakolekta ng Buwis), lubusang nakikipagtulungan sa mga departamento ng Lungsod para matiyak ang nasasapanahon na pagdedeposito ng mga pondong natatanggap, at mahalagang kalahok sa paglalabas ng mga General Obligation Bond, Revenue Bond, at Tax and Revenue Anticipation Note.

Ang termino sa panunungkulan para sa Treasurer ay apat na taon. Sumasahod ang Treasurer ng \$206,424 kada taon.

Miyembro, Lupon ng mga Superbisor

Ang Lupon ng mga Superbisor ang lehislatibong sangay ng pamahalaan ng Lungsod at County ng San Francisco. Ang mga miyembro nito ang nagbabalangkas ng batas at nagpapatibay sa taunang budget para sa mga departamento ng Lungsod.

Ang termino sa panunungkulan para sa mga miyembro ng Lupon ng mga Superbisor ay apat na taon. Sumasahod ang mga Superbisor ng \$140,148 kada taon.

Mayroong labing-isang miyembro ang Lupon ng mga Superbisor. Mga botante lamang ng Distrito 5 ang makaboboto ng kanilang miyembro sa Lupon ng mga Superbisor sa eleksyong ito. Nasa balota ang katungkulang ito dahil sa nangyaring pagkabakante. Magsisilbi ang taong ihahalal para punan ang pagkabakanteng ito sa natitirang panahon ng kasalukuyang apat-na-taong termino. Nasa balota rin ang katungkulang ito sa Nobyembre 2020.

Miyembro, Lupon ng Edukasyon

Ang Lupon ng Edukasyon ang tagapamahalang lupon para sa San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco). Ito ang namamatnugot sa kindergarten hanggang sa ika-labindalawang grado.

Ang termino sa panunungkulan para sa mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon ay apat na taon. Sumasahod sila ng \$6,000 kada taon.

May pitong miyembro ang Lupon ng Edukasyon. Maghahalal ng isang miyembro ang mga botante para sa eleksyong ito. Nasa balota ang katungkulang ito dahil sa nangyaring pagkabakante. Magsisilbi ang taong ihahalal para punan ang pagkabakanteng ito sa natitirang panahon ng kasalukuyang apat-na-taong termino. Nasa balota rin ang katungkulang ito sa Nobyembre 2020.

Miyembro, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad

Ang Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad ang tagapamahalang lupon para sa San Francisco Community College District (Pandistritong Kolehiyo ng Komunidad ng San Francisco). Pinamamatnugutan nito ang City College (Kolehiyo ng Lungsod) at ang iba pang sentro ng pag-aaral para sa mga nasa sapat na gulang.

Ang termino sa panunungkulan para sa mga miyembro ng Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad ay apat na taon. Sumasahod sila ng \$6,000 kada taon.

May pitong miyembro ang Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad. Maghahalal ng isang miyembro ang mga botante para sa eleksyong ito. Nasa balota ang katungkulang ito dahil sa nangyaring pagkabakante. Magsisilbi ang taong ihahalal para punan ang pagkabakanteng ito sa natitirang panahon ng kasalukuyang apat-na-taong termino. Nasa balota rin ang katungkulang ito sa Nobyembre 2020.

Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon)

Ginagampanan ng Elections Commission ang pagiging awtoridad sa paggawa ng polisiya at sa pangangasiwa sa lahat ng pampubliko, pederal, pang-estado, pandistrito at munisipal na eleksyon sa Lungsod at County ng San Francisco. Naatasan ang Komisyon sa pagtatakda ng mga pangkalahatang polisiya para sa Departamento ng mga Eleksyon, at responsibilidad nito ang tamang pamamahala sa Departamento na sinasaklaw ng mga probisyon ng Tsarter ukol sa badyet at pinansiya.

Viva Mogi, Presidente
itinalaga ng District Attorney

Charlotte Hill, Bise Presidente
itinalaga ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

Lucy Bernholz
itinalaga ng Tesorero

Roger Donaldson
itinalaga ng City Attorney

Christopher Jerdonek
itinalaga ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Charles Jung
itinalaga ng Mayor (Punong-bayan)

Jill Rowe
itinalaga ng Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol)



Mga Kandidato para sa Mayor (Punong-Bayan)

LONDON N. BREED

Ang aking trabaho ay Mayor (Punong-Bayan) ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Magmula noong magsimula akong manungkulan, mabilis akong kumilos upang makagawa ng makabuluhang pagbabago sa pinakamahihirap na hamon na kinakaharap ng ating Lungsod, at sa gayon, makalikha ng San Francisco, na higit na mayroong makatwirang pagkakapantay-pantay at makatarungan para sa lahat. Marami tayong trabahong dapat magawa, pero kung sama-sama tayo, walang hindi natin kayang tuparin.

Nagawa na nating:

- Matulungan ang halos 1,339 tao na maka-igpaw mula sa pagiging homeless o walang tahanan.
- Makapagbukas ng 412 bagong kama sa shelter sa tatlong bagong navigation center (sentrong tumutulong sa mga taong homeless), isang shelter na pampamilya, at napalawak ang Hummingbird Navigation Center; nasa landas na tayo upang makalikha ng 1,000 kama sa shelter pagsapit ng 2020.
- Mapondohan ang 200 kama sa mga pasilidad para sa mental health (paggamot ng kalusugan ng isip) at adiksiyon.
- Maprotektahan ang mga umuupa at mga unit na kontrolado ang upa sa pamamagitan ng ating programang Small Sites Acquisition.
- Makapagtalaga ng \$1 bilyon upang makapagtayo at mapanatili ang abot-kaya at panggitnang-kita na pabahay para sa mga pamilya, matatanda, at iyong mga umaalis na sa pagiging homeless.
- Maparami nang 50% ang nagpapatrolyang pulis sa mid-Market at Tenderloin, makapagdagdag ng Pit Stop na mga banyo, Big Belly na basurahan, mas maraming tagalinis ng kalye, at higit na pagpapatupad ng batas laban sa mga nangangalakal ng droga.
- Mabawasan ang red tape o mga pasikot-sikot upang mas mabilis na makapaghatid ng mga kritikal na proyektong pangkaligtasan, maprotektahan ang mga nagbibisikleta at naglalakad; mapanagot ang San Francisco Municipal Transportation Agency sa paghahatid ng maaasahang serbisyo ng muni.

Ikinararantal kong makuha ang suporta nina Gobernador Gavin Newsom, Senador Kamala Harris, Senador ng Estado Scott Wiener, at Miyembro ng Asembleya David Chiu habang pinagtatrabahuhan natin ang paglutas sa mga kritikal na usaping ito.

Magalang kong hinihingi ang inyong boto upang maipagpatuloy ang pag-unlad na nasimulan na natin.

Londonformayor.com

London N. Breed

ROBERT L. JORDAN, JR.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ang aking mga kuwalipikasyon para sa katungkulan ng Mayor ay iyong palagi akong isa sa pinakamahuhusay makipag-debate sa kabuuan ng aking pag-aaral, kasama na ang kolehiyo at paaralan ng batas (kunwa-kunwariang hukuman). Sa tulong ng iba, nagawa naming matanggal ang mga daga na nasa bloke 300 ng Eddy Street. Nakakuha na rin ako ng ilang kurso sa accounting. Nakapagtrabaho na rin ako sa maraming matatagumpay na kampanya.

Tinuruan ako ng aking ama na maging mas mahusay na tagapakinig kaysa tagapagsalita. Tinanong ako kung maglilingkod ako para sa huling 2 taon ng termino ni Mayor Ed Lee, at ipinahayag kong gagawin ko ito. Tinanong ako nito ng retirado na ngayong si Mike Sugarmarman – Channel 5 kung “Mangangako ba ako na hindi tatakbo sa pagtatapos ng aking 2 taon?” Ang sagot ko ay, “Isa akong pastor, kapag inilagay mo ako sa trabahong iyan, tatakbo ako.” Ginawa ko ang pahayag na iyon nang batid kong isa akong itim, isang itim na Master Mason, at isang itim na pastor. Ako ang responsable para sa kauna-unahang Asyano-Amerikanong Mayor.

Robert L. Jordan, Jr.



Mga Kandidato para sa Mayor (Punong-Bayan)

WILMA PANG

Ang aking trabaho ay Retiradong Propesor ng Musika.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Komunidad, Tagapagtatag at kasamang pangulo ng ABCT, A Better Chinatown Tomorrow, na isang organisasyong nakabase sa komunidad, at nabuo upang mapanatili ang mayaman na pamanang kultura ng Chinatown;

Administrador. Isa ito sa anim na inihahandog na Ethnic Arts Field (Larangan sa Etnikong Sining) sa kabuuan ng bansa sa Australia noong 1983, at modelong ginagamit na ngayon sa buong mundo sa pagpoprograma ng mga pangkulturang pagtitipon ng iba't ibang etnisidad. Naglingkod ako sa SF Arts Commission (Komisyon sa Sining) sa North Beach Chinatown.

Dating may-ari ng negosyo. Mahigpit akong nakipagtrabaho sa SF Visitors Bureau (Kawanihan para sa mga Bisita), tour companies, at mga artista, upang mapatampok ang mga pangkulturang pagtitipon sa mga bisita.

Propesor. Nagturo ng ESL at musika sa City College of SF sa loob ng mahigit 30 taon.

Magulang. Nagpalaki ng tatlong anak na babae sa SF, nagtapos sila sa pampublikong paaralan.

Magtatrabaho si Wilma Pang para sa de-kalidad na paaralan sa mga komunidad. Mga insentiba para manatili sa SF ang mga pamilya, mas mahusay na pangangalaga sa bata para sa nagtatrabahong mga magulang, tulong para sa mga may-ari ng maliliit na negosyo.

Wilma Pang

PAUL YBARRA ROBERTSON

Ang aking trabaho ay Nagtatrabaho para sa Sarili.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tatlumpung (30) taon na akong nakatira sa San Francisco. Oo, dumating ako sa panahon bago mangyari ang malakas na Lindol noong 1989, at dahil dito, nakita ko na ang maraming pagbabago.

Hinatid ako ng malalawak na karanasan sa buhay, kasama na ang Serbisyo Militar, edukasyon, serbisyo publiko, at bilang may-ari ng maliit na negosyo, sa direksiyon na ito, upang maging inyong susunod na Mayor.

Nagsimula ako sa pamamagitan ng 5 taon sa Marine Corps, na sinundan ng 5 taon bilang kartero, at bilang steward o tagapangasiwa ng unyon. Pagkatapos nito, nakuha ko ang aking BA sa U.C. Berkeley at kalaunan, ang aking Masters degree sa University of San Francisco.

Sa 15 taon na pagtatrabaho ko sa San Francisco Unified School district, nagtrabaho ako sa bawat middle at High school sa Lungsod. Pamilyar ako sa bawat komunidad. Kilala ko ang San Francisco.

Hindi ako mahilig magbigay ng mga talumpati. Mas gusto ko ang aksiyon, ang pagsasagawa ng mga bagay-bagay. Ang mga Kalye ng San Francisco ang aking Prayoridad; ang paglilinis sa dumi, ang pagiging ligtas ng mga kalye, ang pagpapasemento, at ang pagharap sa mga suliranin ng homeless o walang tahanan. Salamat Po

Paul Ybarra Robertson



Mga Kandidato para sa Mayor (Punong-Bayan)

JOEL VENTRESCA

Ang aking trabaho ay Retiradong Tagapagsuri ng mga Paliparan.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Parating na ang Bagong Pamumuno na magdudulot ng Transpormasyon at Batayang Pagbabago:

Mamumuno ako bilang pinaka-epektibong progresibong mayor ng Amerika.

34 Taon ng Natatangi at Premyadong Serbisyo Publiko:

- Administrador at Analyst o Tagasuri; Lungsod at County ng San Francisco-Airport Commission (Komisyon para sa mga Paliparan, 1987-2018).
- Department Head Assistant (Katuwang ng Namumuno sa Departamento) at Aging Specialist (Especyalista sa Pagtanda); Lungsod at County ng San Francisco Aging Commission (Komisyon para sa Pagtanda, 1981-1984).

Mga Nakaraang Posisyon:

- Environmental Commissioner (Komisyoner para sa Kapaligiran) ng Lungsod at County ng San Francisco
- Presidente, Coalition for San Francisco Neighborhoods (Koalisyon para sa mga Komunidad ng San Francisco)
- Miyembro ng Executive Committee (Ehekutibong Komite), SEIU

Mga Nagawa:

- Kilala bilang eksperto sa kaligtasan, seguridad, at panganib.
- Ipinatupad ang unang makasaysayang Sustainability Plan (Plano para sa Pagpapanatili sa Loob ng Mahabang Panahon) ng Lungsod at County ng San Francisco.
- Nakatanggap ng halos 100,000 boto sa lokal na eleksyon.

Edukasyon:

- Masterado sa Public Administration (Pampublikong Pangangasiwa); University of San Francisco

Paglalarawan ng Media:

- “Hindi masasangkot sa korupsiyon”; “may prinsipyo”; “tapat”; “matapang”; “may kaalaman”; “matatag”; “independiyente”.

Plataporma:

- Buwagin ang deka-dekada nang establisyamento, kalakaran, pamumuno ng mga insider, politikal na makinarya na may korupsiyon.
- Ipag-utos ang 100% malinis na pera para sa kampanya ng mga kandidato.
- Muling likhain ang San Francisco tungo sa pagiging pinaka-unang pandaigdigang lungsod sa mundo na zero-carbon emissions.
- Pabilisin ang buong serbisyo na pagbibigay-lakas sa publiko.
- Gawing libre ang pampublikong transportasyon.
- Ipagtanggol ang karakter ng mga komunidad, diversity o pagkakaiba-iba, at pagdedesisyon para sa sarili.
- Aprubahan ang pinakamahuhusay na batas para sa proteksiyon ng mga umuupa sa bansa.
- Wakasan ang kahirapan sa kalye sa pamamagitan ng komprehensibong programa para sa taong homeless.
- Baligtarin ang lumalaking hindi pagkakapantay-pantay sa ekonomiya.
- Hamunin ang mga balak o agenda ng mga korporasyon at teknolohiya.
- Bigyang-lakas ang mga kilusang masa.
- Alisan ng lakas ang pinaka-nasa itaas na 1% batay sa pang-ekonomiyang katayuan.
- Itigil na ang “Manhattanization”.
- Bigyang sigla ang inklusibo o nagsasama sa lahat na demokrasya kung saan may partisipasyon.
- Baguhin ang Presidio tungo sa pagiging ikalawang headquarters ng United Nations, na nakatuon sa global warming o pag-init ng mundo.
- Lumikha ng makatarungan, natitirhan, at lubos na umuunlad na Lungsod.

www.joelventresca.com

joelventresca@gmail.com

415-941-7945

Joel Ventresca

ELLEN LEE ZHOU

Ang aking trabaho ay Clinician para sa Kalusugan ng Isip.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Master of Social Work

2 termino, Civil Grand Jury ng San Francisco 2014/2015 at 2016/2017, nag-imbetiga ng mga gawain ng gobyerno at ng korupsiyon. Magmula noong Hulyo 2018, naglingkod bilang Direktor ng mga Pampublikong Relasyon para sa California Civil Grand Juror Association (Asosasyon ng mga Tagahatol para sa mga Kaso ng Gobyerno), Tsapter ng San Francisco

Hunyo 2018, naging Kandidato para maging Mayor ng San Francisco 50 taong gulang, may-asawa at dalawang anak na nasa kolehiyo, may mga tradisyonal na pagpapahalagang pampamilya

33 taon nang Residente ng San Francisco

25 taon, Boluntaryo upang mabigyang-lakas ang mga tao na tumindig 23 taon, Guro sa Sunday School sa San Francisco Evangelical Free Church 22 taon, Pampamilyang Social Worker

13 taon, Clinician para sa Kalusugan ng Isip sa Gobyerno ng San Francisco, Public Health Dept. (Departamento ng Pampublikong Kalusugan)

13 taon, nakikipagtrabaho sa pulisya ng San Francisco upang malabanan ang mga krimen, nagtapos sa Community Police Academy 2006

12 taon, SEIU1021 Union Steward para sa mga empleyado ng gobyerno ng San Francisco

5 taon, miyembro ng Neighborhood Emergency Response Team (NERT), SF Fire Department

Itinalaga sa Pedestrian Safety Advisory Committee (Tagapayong Komite para sa Kaligtasan ng mga Naglalakad) 2016/2017

Bilang inyong bagong Mayor ng San Francisco, gagawin ko ang mga sumusunod:

Gagawin kong Ligtas at Malinis ang San Francisco

Lilinisin ko ang city hall at mga kalye, walang dumi ng tao at hayop, walang mga karayom, walang dahi-dahilan

I-o-audit ang mga bayarin ng publiko upang mabawasan ang mga pag-aaksaya ng gobyerno

Lilikha ng mga pabahay na programa upang makapagpalabas ng 50,000

apartment na walang laman para sa mga manggagawa

Magbibigay-lunas sa homeless o walang tahanan

Ibabalik ang gobyernong may integridad, etika, pagmamahal at pag-asa

Babawasan ang hindi makatarungang mga buwis at nang mabiyayaan ang mga masipag magtrabahong mga pamilya

Ipatutupad ang Konstitusyon ng Estados Unidos

Bukas ako sa mga oportunidad para sa pagnenegosyo at pamumuhunan ng publiko.

Bisitahin ang www.EllenforMayor2019.com upang makita ang pag-endorso.

Salamat at nawa’y pagpalain ng Diyos ang San Francisco.

Ellen Lee Zhou

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

**Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 5****VALLIE BROWN**

Ang aking trabaho ay Superbisor ng Distrito 5.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ikinararantal kong katawanin ang ating mga komunidad sa Distrito 5. Ako ang inyong magiging boses sa kritikal na panahon para sa San Francisco. Sa 25 taon ng aking pagiging aktibista sa komunidad, lider para sa abot-kayang pabahay, at legislative aide (katulong sa lehislatura), palagi na akong nagtatrabaho noon pa man upang mapabuti pa ang ating mga komunidad:

- Inorganisa ko ang mga kapitbahay upang mahinto ang karahasan noong unang mga taon ng 2000
- Kasama akong nagtatag ng Lower Haight Neighborhood Association (Asosasyong Pangkomunidad ng Lower Haight)
- Hinimok ko ang mga kapitbahay na iligtas ang John Muir Elementary na nasa Western Addition
- Nilikha ko ang pinaka-unang mga parklet (espasyong mauupuan o luntian sa bangketa) at farmers' market (tiangge) sa D5
- Tumulong ako upang makagawa ng mahahalagang polisiya para sa kapaligiran: ang pinaka-unang pagbabawal sa mga plastic bag; renewable energy ng CleanPowerSF

Bilang isang tao na lumaki sa hirap, nakatuon ako sa ating pabahay, homelessness o kawalan ng tirahan at mga hamon sa kalidad ng buhay. Kasama sa mga nagawa ko na kamakailan at mga prayoridad ang:

- Nabago ang hindi masyadong nagagamit na lupa ng Lungsod tungo sa pagiging abot-kayang pabahay
- Nakalikha ng polisiya ukol sa Neighborhood Preference (Pagbibigay-Preperensiya sa Komunidad), kung saan binibigyan ng prayoridad ang mga umuupa sa D5 para sa lokal na abot-kayang pabahay
- Napag-alaman ang kakulangan ng mga drayber ng MUNI, at pinapanagot ko ang MUNI
- Pagtugon sa kawalan ng tahanan sa pamamagitan ng mga navigation center (sentrong tumutulong sa mga taong homeless) para sa kabataan at mga naninirahan sa kotse/RV, at pagkakaroon ng mapagpapahingahang lugar sa araw upang makaalis sa kalye
- Paglaban para sa karapatan ng kababaihan sa pamamagitan ng paglilimita sa San Francisco sa pakikipagnegosyo sa mga estadong ipinagbabawal ang aborsiyon

Inendorso ng mga lider ng komunidad, Mayor London Breed, Dating Tagapangulo ng Democratic Party (Partidong Demokratiko) John Burton, Senador Scott Wiener, Miyembro ng Asembleya David Chiu, mga kasamahan sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) na sina Presidente Norman Yee, Catherine Stefani, Shamann Walton, Ahsha Safai, Sandra Lee Fewer.

Vallie Brown

www.votevallie.com

RYAN LAM

Ang aking trabaho ay Lokal na Peryodistang Politikal.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Naging migrante ako sa bay area noong 2003; Noong 2017, naranasan ko ang homelessness o kawalan ng tahanan, kasama ng humigit-kumulang 8,000 mamamayan ng San Francisco. Hindi ko sana napagsumikapan ang mahirap na panahong ito kung wala ang tulong ng mapagkalingang mga indibidwal sa komunidad at ang aking mapagmahal na pamilya. Ipinagmamalaki kong nakapag-aral ako sa San Francisco, at ikararantal kong maglingkod sa distritong ito para sa lahat ng oportunidad na ipinagkaloob nito sa akin.

Kasama sa aking propesyonal na kasaysayan ang pagsusulat ng mga istorya para sa mga network ng politikal na balita, pangangampanya para sa aking mga kandidato ng lokal na lehislatura, at pagtu-tutor ng nakababatang henerasyon upang maihanda sila para sa mas mataas na edukasyon.

Kung maibibigay sa akin ang karangalan ng pagiging Superbisor ng Distrito 5, ipaglalaban ko ang kalinisan at kaligtasan na kailangang ipagkaloob sa ating distrito. Plano kong paghusayin pa ang edukasyon, pangunahin na para sa mga estudyante ng high school/kolehiyo at ang sistema ng pampublikong transportasyon, lalo na ang sistema ng Muni. Magtatrabaho rin ako upang isulong ang mga polisiya at serbisyong panlipunan na nakaaapekto sa pagiging abot-kaya at pagiging angkop matirhan ng distrito 5, at lalabanan ko ang diskriminasyon kung saan marami na ang naiulat.

Magalang ko pong hinihingi ang inyong boto.

Ryan Lam

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 5

NOMVULA O'MEARA

Ang aking trabaho ay Producer ng Pelikula.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong ina ng tatlong bata na pinalaki ko sa San Francisco. Mayroon akong Bachelors in Creative Writing English Literature, mula sa University of Cape Town sa South Africa at nag-aral ako ng MFA in Motion Picture and Television sa isang Unibersidad sa San Francisco. Ang aking trabaho bilang independiyenteng producer ng pelikula ang higit na nagbigay kaalaman sa aking perspektiba at pagkaunawa sa mga hamon na karaniwan sa maraming umuupa. Isa akong renter o umuupa nitong nakaraang 21 taon. Nagkaroon na rin ako ng personal na karanasan sa homelessness o kawalan ng tahanan, hindi dahil sa anumang kapabayabaaan, kundi dahil sa biglaang pagkawala ng trabaho. Noong panahong iyon, inilagay kami sa shelter para sa homeless. Sa kalaunan, nakahanap din kami ng pabahay. Alam ko nang personal ang mga hamon na hinaharap ng mga umuupa dahil sa patuloy na nagbabadyang banta ng hindi makatarungang pagpapaalis. Sa lungsod kung saan palaging pinagbabantaan ang ating kakayahan na panatilihin mayroong bubong na masisilungan. Hindi tayo nabibigyan ng katiyakan na mayroong katatagan ang pagpapanatili ng pabahay sa harap ng hindi makatwirang pagpepresyo at kasakiman ng mga korporasyon. Gusto kong lumaban tayo at palakasin ang karapatan ng mga umuupa, humanap ng pabahay para sa homeless at sa populasyon ng mga may sakit sa pag-iisip. Sama-sama, at nagkakaisa, kaya nating maabot ang ating mga tunguhin. Magalang ko pong hinihiling ang inyong boto sa balota sa Nobyembre 2019.

Nomvula O'Meara

DEAN PRESTON

Ang aking trabaho ay Abugado para sa Pabahay na Nonprofit.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Pinalalaki namin ng aking asawang si Jenckyn ang aming dalawang anak na babae sa Distrito 5, kung saan mahigit 20 taon na kaming naninirahan. Mga ika-6 na henerasyon sila na taga-San Francisco at pumapasok sila sa pampublikong paaralan ng komunidad.

Matapos kong maka-graduate mula sa UC Hastings College of the Law, nagtrabaho ako bilang abugado ng mga karapatang sibil, at pagkatapos nito, itinatag ko ang Tenants Together, ang natatanging organisasyon ng mga umuupa sa kabuuan ng California.

Dati akong may-ari ng maliit na negosyo at tumulong ako sa paglikha ng Affordable Divis na pangkat pangkomunidad, na siyang matagumpay na nakipaglaban upang maparami ang abot-kayang pabahay sa Divisadero St.

Nitong nakaraang taon, sinulat ko at naipasa ang Prop F na makababawas sa kawalan ng tahanan at mga pagpapaalis sa tahanan. Gumanap ako ng aktibong papel sa pagpapasa ng Prop C na nagpapataw ng buwis sa malalaking korporasyon upang maaksiyonan ang kawalan ng tahanan.

Kasama sa aking mga prayoridad ang:

- Pagtitiyak na may boses ang mga komunidad sa bagong development
- Pagpapahinto sa mga pagpapaalis sa tahanan at pagtatayo ng libo-libong abot-kayang tahanan
- Mas malaking pagpopondo sa Muni upang makapag-empleyo ng mas maraming drayber, mapalawak ang serbisyo at mapababa ang pamasaha
- Paglalabas ng pondo mula sa Prop C upang matugunan ang kawalan ng tahanan sa pamamagitan ng mga serbisyo para sa mental health (kalusugan ng isip), mga navigation center, at mga mobile restrooms (nalilipat-lipat na banyo).

Ikinararantal kong ma-endorso ng/nina Harvey Milk Club, SF Tenants Union, SF Latinos, DSA SF, Mark Leno, Jane Kim, Art Agnos, Tom Ammiano, David Campos, at ng mga Superbisor na sina Hillary Ronen, Rafael Mandelman, Matt Haney, Aaron Peskin at Gordon Mar.

Dean Preston

www.votedean.com



Mga Kandidato para sa Abugado ng Lungsod

DENNIS J. HERRERA

Ang aking trabaho ay Abugado ng Lungsod.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ipinagkakapuri kong pamunuan ang opisina na naparangalan na para sa bukod-tanging kahusayan ng American Bar Association. Gumagawa kami ng mahalagang trabaho sa paglilingkod sa mga departamento ng lungsod — pero ginagamit din namin ang kapangyarihan ng batas upang makagawa ng pagkakaiba sa mga buhay ng mga taga-San Francisco.

Nagawa na namin ito sa pamamagitan ng pakikipaglaban para sa...

- Abot-kayang pabahay. Pag-usig sa mga walang prinsipyong developer at mandaraya sa real estate, at pagwawakas sa panlilinlang sa mga lokal na programa para sa abot-kayang pabahay.
- Mga renter o umuupa at matatanda. Pagpaparusa sa mga abusadong landlord o nagpapaupa, pagtitiyak ng abot-kayang pabahay para sa matatanda, pagliligtas sa mga apartment na kontrolado ang upa mula sa labag sa batas na paggamit bilang paupahang panturista, at pagpapatupad sa mga batas na nakapagliligtas sa libo-libong tao mula sa pagpapaalis sa tahanan.
- Kaligtasan sa baril. Matagumpay na paglaban sa NRA upang mapanatili ang mga lokal na batas na nakabatay sa sentido komun, at matigil ang mga kargamento ng matataas ang kapasidad na armas na pumapasok sa California.
- Nagtatrabahong mga pamilya at konsumer. Pagpapanalo sa milyon-milyong hindi pa nababayarang sahod at benepisyo para sa mga biktima ng pagnanakaw ng sahod at pagwawakas sa mga gawain na hindi makatarungan o abusadong pagpapautang.
- City College of San Francisco (Kolehiyo ng Lungsod ng San Francisco). Paghahabla sa mga accreditor (tagabigay ng pag-apruba) na determinadong ipasara ang City College, at pagpapanatiling bukas sa mga pintuan ng mataas na edukasyon para sa 63,000 estudyante.

Nakagawa na tayo ng mahalagang trabaho para sa San Francisco. At ngayon — sa panahon ni Donald Trump, kung kailan nagagamit ang mga legal na rekursong pederal na gobyerno laban sa mga lokalidad, Medicare, kababaihan, minoridad, pagkakapantay-pantay para sa LGBTQ, migrante at marami pang iba — higit na mahalaga ngayon kung ihahambing sa anumang iba pang panahon ang ating trabaho.

Magalang ko pong hinihingi ang inyong boto upang maipagpatuloy ito.

<http://www.dennisherrera2019.com>

Dennis J. Herrera



Mga Kandidato para sa Abugado ng Distrito

CHESA BOUDIN

Ang aking trabaho ay Katuwang na Pampublikong Tagapagtanggol.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

May lamat na ang ating criminal justice system (sistema ng pagpapatupad at pagpapanagot sa batas).

Dumaranas ng sakit sa isip o adiksiyon sa droga ang 75% ng mga taong ikinukulang sa San Francisco. Sa halip na rasistang mass incarceration (pagpapakulong sa napakaraming tao), kailangang maging oportunidad ang bawat pag-aresto upang maputol na ang siklo ng krimen.

Mayroon akong karanasan upang matugunan ang hamon na ito:

- Humawak na ako ng daan-daan na kasong felony sa Hall of Justice (Bulwagan ng Katarungan)
- Nagpasimula ng reporma upang maprotektahan ang mga migrante mula sa ICE
- Pinamumunuan ang pagsusumikap upang wakasan ang money bail o piyansang pera sa California

Bilang Abugado ng Distrito, makikipaglaban ako para sa batayang reporma:

- Bawasan ang mass incarceration
- Wakasan ang piyansang pera
- Palawakin ang language access (aksesibilidad sa sariling wika) at labanan ang hindi pantay at may kinikilingang pagtrato sa iba't ibang lahi
- Bigyan ang mga biktima ng boses sa bawat kaso
- Ituon ang mga rekurso sa malulubha at mararahas na felony
- Epektibong usigin ang mga krimen ng mga korporasyon, maling pag-asal ng pulis, korupsiyon o katiwalian sa gobyerno

Pakisamahan ang aking mga taga-suporta:

MGA ORGANISASYON: Smart Justice California; Real Justice PAC; American Federation of Teachers (Amerikanong Pederasyon ng mga Guro), Lokal 2121; San Francisco Rising Action Fund; Harvey Milk Club (Samahang Harvey Milk); San Francisco Latino Club (Samahan ng mga Latino ng San Francisco); San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco), San Francisco League of Conservation Voters (Liga ng mga Botante ng San Francisco para sa Konserbasyon); Progressive Democrats of America (Mga Progresibong Demokrata ng Amerika) - California.

MGA HALAL NA LIDER: Mga Superbisor Sandra Lee Fewer, Aaron Peskin, Gordon Mar, Hillary Ronen; Tom Ammiano; David Campos; Jane Kim.

MGA ABUGADO NG DISTRITO: Larry Krasner, Rachel Rollins.

MGA KOMISIONER NG PULISYA: Cindy Elias, Petra De Jesus; dating Komisyoner Peter Keane

MGA LIDER SA BATAS AT KOMUNIDAD: Angela Davis, Shaun King, Patrisse Cullors, Danny Glover, John Keeker, Drucilla Ramey, Doron Weinberg; Judge Tomar Mason (ret), Barry Scheck, Tyra Fennell

Alamin pa ang tungkol dito sa www.chesaboudin.com

Chesa Boudin

LEIF DAUTCH

Ang aking trabaho ay Katuwang na Pangkalahatang Abugado.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Pagdating sa kawalan ng tahanan, panloloob sa mga sasakyan, at pagpapanagot sa pulisya, naging bahagi na ang District Attorney's Office (Opisina ng Abugado ng Distrito) ng problema – tumatakbo ako upang maging bahagi ito ng solusyon.

Bilang DA, ako ay:

- Magbubukas ng Mental Health Justice Center (Sentro para sa Katarungan sa Kalusugan ng Isip) na para sa mga nilalabanan ang karamdaman sa isip sa ating mga lansangan.
- Kikilos upang mapanagot ang pulisya sa maling pag-asal.
- Magbibigay ng prayoridad sa pag-iimbestiga at prosekusyon ng seksuwal na pag-atake.
- Maglulunsad ng Auto Burglary Task Force (Espesyal na Pangkat ukol sa Panloloob sa mga Sasakyan) upang mausig ang organisadong mga pangkat na nanloloob sa ating mga sasakyan.

Sa kabuuan ng aking buhay, matindi ang naging pagpapahalaga ko sa mga usaping ito. Sa aking paglaki, nagtrabaho ang aking ina sa panggabing shift bilang nars sa juvenile hall (bilangguan para sa mga menor de edad). Nakakita ako ng kahanga-hangang mga tao na nagtatrabaho sa loob ng sistema ng pagbibigay-katarungan upang matiyak na hindi hahantong ang minsang pagkakamali sa buong buhay na paggawa ng krimen.

Ang inspirasyong ito ang nagdala sa akin sa landas mula sa Harvard Law School tungo sa paglilingkod bilang Presidente ng San Francisco Juvenile Probation Commission (Komisyon para sa Panahon ng Pagsubok sa mga Menor de Edad) at pagtatrabaho bilang Deputy Attorney General (Katuwang na Pangkalahatang Abugado) ng California, kung saan naging taga-usig na ako sa mahigit sa 400 kasong kriminal at nakatulong sa pamamahala sa pangkat ng mga taga-usig.

Kasama sa aming malawak na koalisyong ng 150+ taga-endorso sina/ang:

- San Francisco Firefighters (Mga Bumero ng San Francisco), Lokal 798
- Tesorero ng California Fiona Ma
- Latino Democratic Club (Demokratikong Samahan na Latino) (#2)
- San Francisco Deputy Sheriffs' Association (Asosasyon ng mga Katuwang na Sheriff sa San Francisco)
- Bise Presidente ng Lupon ng Paaralan Mark Sanchez
- Komisyoner ng Lupon ng Paaralan Gabriela López
- San Francisco League of Conservation Voters (Liga ng mga Botante para sa Konserbasyon ng San Francisco) (#2)
- Dating Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol) ng San Francisco Geoffrey Brown

Ikararantal kong makuha ang inyong boto. Let's turn over a new Leif! (Atin nang buksan ang bagong pahina sa buhay!)

www.Leif2019.com

Leif Dautch

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Abugado ng Distrito

SUZY LOFTUS

Ang aking trabaho ay Abugado, Lungsod at County ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Noon pa man, ang San Francisco ay lagi nang lungsod na nagpapakita ng mga posibilidad. Humaharap tayo sa malalaking hamon, pero bilang katutubong taga-San Francisco at ina na may 15 taong karanasan sa pampublikong kaligtasan at pampublikong kalusugan, alam kong nagsisimula ang kaligtasan sa pamamagitan ng pakikinig sa mga komunidad.

Bilang taga-usig, komisyoner ng pulisya, at boluntaryo sa pampublikong paaralan, nakita ko na ang lakas ng pakikipag-partner sa mga komunidad upang malutas ang mga problema at magawang mas ligtas ang San Francisco.

Bilang Abugado ng Distrito, magtatatag ako ng San Francisco kung saan nararamdaman ng lahat na ligtas sila at patas sa lahat ang sistema ng katarungan. Hindi natin kailangang pumili sa pagitan ng pagpapanagot sa mga tao at pagrereporma ng malaking bahagi sa may lamat nang criminal justice system (sistema ng pagpapatupad at pagpapanagot sa batas)-maaari nating gawin ang dalawang bagay na ito.

Ang Aking Plano:

- Magtalaga ng mga taga-usig sa komunidad upang makipag-partner sa mga ahensiyang para sa pampublikong kaligtasan, at nang mabawasan ang panloloob sa mga kotse at makasuhan ang paulit-ulit na lumalabag sa batas
- Magtakda ng unit para sa mga karapatang sibil upang matugunan ang pagkakaroon ng pagkiling sa ating criminal justice system at maprotektahan ang mga karapatan ng mga kababaihan, migrante, renter o umuupa, at iba pa
- Unahin ang mga biktima at humingi ng higit na pananagutan para sa mga bayolenteng krimen tulad ng pang-aabuso sa mata-tanda, karahasan sa tahanan, at seksuwal na pag-atake
- Ilihig ang mas maraming tao na may mga problema sa kalusugan ng isip at pang-aabuso sa droga mula sa sistema

Mga Taga-endorso:

Mayor London Breed

Senador ng US Kamala Harris

Senador ng US Dianne Feinstein

Gobernador Gavin Newsom

Senador Scott Wiener

Miyembro ng Asembleya David Chiu

Smart Justice

Firefighters (Mga Bumbero) Lokal 798

San Francisco Women's Political Committee (Pampulitikang Komite ng Kababaihan)

Suzy Loftus

NANCY TUNG

Ang aking trabaho ay Katuwang na Abugado ng Distrito.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Labingwalong taon (18) na akong taga-usig — 16 taon sa San Francisco — at nakapaglitis na ako ng mga felony, bayolenteng krimen, at panloloko sa mga konsumer; nabantayan ko na ang kaligtasan ng mga biktima ng karahasan sa tahanan, naprotektahan ang mga bata, at nausig ang korupsiyon at maling pag-asal ng pulisya.

Anak na babae ako ng mga migrante, asawa, ina, at tagapagtaguyod ng pagpigil sa karahasan ng baril.

Tumatakbo ako bilang Abugado ng Distrito dahil hindi gumagana ang nangyayari ngayon sa ating mga lansangan. Nangunguna sa bansa ang San Francisco sa mga panloloob, pagnanakaw, at panloloob ng sasakyan, pero isang pag-aresto lamang sa bawat anim na krimen ang naiuulat.

Alam ko kung nasaan ang mga problema at kung paano maaayos ang mga ito. Sa aking bisyon ng Community-Centered Justice (Katarungang Nakasentro sa Komunidad), nasa puso ng lahat ng ginagawa natin ang komunidad, pampublikong kaligtasan at ang ating mga pinahalalagahan:

- Protektahan ang mga biktimang pinakanatatamaan ng bayolenteng krimen – mga bata, matatanda, migrante, at bulnerableng komunidad
- Bigyan ng prayoridad ang kaligtasan ng komunidad at palahukin ang mga lider ng komunidad sa paglutas sa mga problema
- Usigin ang mga krimen na pumipinsala sa pampublikong kaligtasan, kasama na ang krimen sa mga pag-aari at pangangalakal ng droga
- Mamagitan upang mapigil ang lalo pang paglubog ng mga tao sa ating criminal justice system
- Tuluyan nang tanggalin ang korupsiyon o katiwalian sa gobyerno
- Tanggalin ang pamumulitika sa Opisina ng Abugado ng Distrito

www.NancyTung2019.com

Nancy Tung

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Pampublikong Tagapagtanggol

MANOHAR “MANO” RAJU

Ang aking trabaho ay itinalagang Pampublikong Tagapagtanggol.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Nakapaglingkod na ako sa lungsod ng San Francisco sa pamamagitan ng Public Defender's Office (Opisina ng Pampublikong Tagapagtanggol) nitong nakaraang 11 taon, at 7 taon bago nito, nakapagtrabaho na bilang Deputy Public Defender (Katuwang na Pampublikong Tagapagtanggol) sa Contra Costa County.

Binigyan ako ng mga promosyon ng Pampublikong Tagapagtanggol ng San Francisco na si Jeff Adachi mula sa pagiging line deputy (isa sa mga katuwang) tungo sa pagiging Training Director (Direktor ng Pagsasanay), at tungo sa pagiging Felony Unit Manager (Tagapamahala ng Unit para sa mga Felony). Matapos ang trahedyang pagyao ni Jeff Adachi, itinalaga ako upang ipagpatuloy ang ipinamana ni Jeff na kahusayan at inobasyon sa trabaho ng pagtatanggol sa publiko.

May dedikasyon ako sa:

- Pagpapalago ng opisina na binubuo ng masisigang abugado, na may nag-aalab na apoy para sa pagkakapantay-pantay sa hustisya ng lahat
- Pagpapanatili sa mga migranteng pamilya na magkakasama sa pamamagitan ng paglaban sa hindi makatarungang mga deportasyon
- Pagpopondo sa mga serbisyong panlipunan upang mapabilis ang nakabubuting muling integrasyon sa mga komunidad
- Pagkakaroon ng unit para sa integridad upang matiyak na makaaabot ang mga reporma sa batas ukol sa mga krimen sa hinahangad na mga makikinabang
- Pagpapanagot sa mga gumagawa ng aksiyong nasa gobyerno.

Mahahalagang Bahagi ng Karera:

- Kasamang Tagapagtatag ng Public Defenders For Racial Justice (Mga Pampublikong Tagapagtanggol para sa Pantay at Walang Kinikilingang Pagtrato sa Lahat ng Lahi)
- Lecturer para sa California Public Defenders Association (Asosasyon ng mga Pampublikong Tagapagtanggol ng California) at California Attorneys for Criminal Justice (Mga Abugado ng California para sa Pagpapatupad at Pagpapanagot sa Batas) ukol sa pagiging matagumpay sa paglilitis ng mga komplikadong kaso
- 2019 Public Interest Award (Gawad para sa Pagtataguyod ng Pampublikong Interes) mula sa South Asian Bar Association-North America (Asosasyon ng mga Taga-Katimugang Asya na Abugado-Hilagang Amerika)

Nag-aral ako sa Berkeley School of Law, at nagtapos ng undergraduate sa Columbia University.

Ikinararangal kong ma-endorso nina/ng:

- Mayor London Breed
- Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Norman Yee
- Mga Superbisor Hillary Ronen, Matt Haney, Shamann Walton, Sandra Lee Fewer, Aaron Peskin, Gordon Mar, Rafael Mandelman, Asha Safai
- Dating Superbisor Matt Gonzalez
- Pampublikong Tagapagtanggol ng Marin County Jose Varela
- Pinuno ng mga Katuwang na Pampublikong Tagapagtanggol ng Solano County Oscar Bobrow
- Asian American Criminal Trial Lawyers Association (Asosasyon ng mga Asyano-Amerikanong Abugado para sa Paglilitis ng mga Kriminal na Kaso)
- Harvey Milk LGBTQ Democratic Club (Harvey Milk na Samahang Demokratiko na LGBTQ)
- Bernal Heights Democratic Club (Demokratikong Samahan ng Bernal Heights)

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang votemano.com o makipag-ugnay sa [@VoteManoSF](https://twitter.com/VoteManoSF).

Hinihingi ko ang inyong boto upang makapagpakita ng malakas na suporta para sa modelong opisina ng pampublikong tagapagtanggol ng San Francisco. Salamat po.

Mano Raju

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Sheriff

PAUL MIYAMOTO

Ang aking trabaho ay Pinuno ng mga Katuwang na Sheriff.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang inyong susunod na Sheriff, babalansehin ko ang kaligtasan, pagkakaroon ng pananagutan, rehabilitasyon, at oportunidad para sa lahat sa loob ng ating criminal justice system (sistema ng pagpapatupad at pagpapanagot sa batas).

Kasalukuyan akong naglilingkod sa mga residente ng San Francisco bilang Chief Deputy (Pinuno ng mga Katuwang), at bago nito, nahawakan ko na ang bawat ranggo at nakakuha na ako ng direktang karanasan sa bawat antas ng Departamento sa loob ng 23 taon ko sa trabaho.

Patuloy na magiging pangunahing prayoridad ko bilang inyong susunod na Sheriff ang pagtitiyak sa kaligtasan ng publiko. Naniniwala ako na magkakaroon lamang ng tunay na reporma sa criminal justice sa pamamagitan ng pakikinig sa lahat ng miyembro ng komunidad, at sa pagkaloob ng walang kinikilingan, makatarungan, at makatao na pagtrato sa mga nasa kustodiya at pangangalaga ng Sheriff.

Bilang Deputy Sheriff (Katuwang na Sheriff), naituon ko na rin ang aking trabaho sa pagkaloob ng matatagumpay na landas upang matulungan ang mga tao na gumawa ng tamang personal na pagpapasya, at nang maiwasan ang pagdudulot ng kapahamakan sa ibang tao o sa kanilang mga sarili.

Kasama ang aking asawa at limang anak, kalahok ako sa paglilingkod sa ating mga komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain sa ating matatanda bilang katrabaho ng On Lok, pagiging coach (tagasanay) sa basketball ng mga kabataan, pakikipagtrabaho sa SF Juniors upang magkaloob ng mga oportunidad sa partisipasyon at pagpapahusay pa sa sports, at pagsasanay sa pamumuno sa National Association of Asian American Professionals (Pambansang Asosasyon ng mga Asyano-Amerikanong Propesyonal).

Lubos kong ipinagkakapuri ang pagkakaroon ng suporta ng magreretirong Sheriff Vicki Hennessy, Mayor London Breed, Senador Scott Wiener, Miyembro ng Asembleya David Chiu, Tesorero ng Estado Fiona Ma, Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Norman Yee, San Francisco Deputy Sheriff's Association (Asosasyon ng mga Katuwang na Sheriff ng San Francisco), Mga Bumbero ng San Francisco Lokal 798, at Mga Manggagawa ng LiUNA Lokal 261.

Magalang ko pong hinihingi ang inyong boto para sa ika-5 ng Nobyembre.

Bisitahin ang Miyamoto4Sheriff.com.

Paul Miyamoto



Mga Kandidato para sa Tesorero

JOSÉ CISNEROS

Ang aking trabaho ay Tesorero ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang inihalal na Tesorero ng Lungsod at County ng San Francisco, naglilingkod ako bilang banker at Chief Investment Officer (Pinunong Opisyal para sa Pamumuhunan) ng Lungsod, na namamahala sa lahat ng koleksiyon ng buwis at kita para sa San Francisco. Itinalaga ako noong 2004, at unang inihalal noong 2005, at nagamit ko na ang aking karanasan sa mga industriya ng teknolohiya at pagbabangko upang mapahusay at magawang modernisado ang mga sistema para sa nagbabayad ng buwis, at matagumpay na mapamahalaan ang portfolio ng Lungsod sa panahon ng malaking pagbagsak ng ekonomiya.

Nangangahulugan ang ligtas na pamamahala sa pera at makatarungang pangongolekta ng kita ng mas maraming pera para sa Muni, pangangalaga sa kalusugan, at mahahalagang serbisyo. Napalawak ko na ang mga pag-eeksamen para sa responsibilidad sa lipunan ng pagbabangko at pamumuhunan, habang pinalalaki ang pagdedeposito sa mga lokal na bangko at credit union upang maging tugma ito sa ating mga pinahahalagahan.

Naniniwala akong umaabot sa lahat ng residente ng San Francisco ang papel ko sa pangangalaga sa pera ng Lungsod, at patuloy kong palalawakin ang aking papel bilang edukador ukol sa pinansiya at tagapagtaguyod ng mga taga-San Francisco na mababa ang kita sa pamamagitan ng mga naparangalan nang programa, tulad ng Kindergarten to College (Mula Kindergarten hanggang Kolehiyo), Bank On San Francisco (Magbangko sa San Francisco) at Financial Justice Project (Proyekto para sa Pinansiyal na Katarungan).

Nakuha ko ang aking Bachelor of Science mula sa Sloan School of Management ng Massachusetts Institute of Technology, MIT. Nakatulong sa San Francisco ang aking bukod-tanging rekord sa ligtas na pamamahala sa pera, pangongolekta ng kita, at pinansiyal na katarungan.

Ipagpapasalamat ko ang inyong boto.

www.josecisneros.com

Mga Pag-endorso (bahagi lamang)

Senador Dianne Feinstein

Speaker Nancy Pelosi

Gobernador Gavin Newsom

Senador Scott Weiner

Tesorero Fiona Ma

Mayor London Breed

José Cisneros

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

ROBERT K. COLEMAN

Ang aking trabaho ay Editor / Artista.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ikararangal kong maglingkod sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon). Pinahalagahan ko ang pagkakaroon ng prinsipyo at ang inklusibong paggawa ng mga desisyon, at gagabayan ako ng sentido komun at ng pinaka-ikabubuting interes ng mga estudyante.

Nag-aral ako sa mga pampublikong paaralan, at pagkatapos nito, nakakuha ng mga degree mula sa Columbia, Emory, at Stanford.

Nakapagtrabaho na ako upang itaguyod ang pampublikong edukasyon, pabahay, environmental justice (pagiging makatarungan sa lahat ng tao sa pagpapatupad ng mga batas ukol sa kapaligiran) at mga karapatang sibil. Nitong nakaraang mga taon, binigyan ko ang lahat ng paaralan ng SF ng libreng mga materyales para sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat. Bukod rito, nakapag-produce na rin ako ng mga youth literacy festival (pista para sa pagbasa at pagsulat ng kabataan) na magkatuwang naming itinaguyod ng pampublikong aklatan.

Inendorso nina:

--Kim Shuck, SF Poet Laureate (Naparangalang Makata) / aktibistang Katutubong Amerikano

--Rosemary Manno, Guro sa Pampublikong Paaralan ng SF

--Matt Gonzalez, dating presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Robert K. Coleman

JENNY LAM

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Lupon ng Edukasyon / Tagapayo sa Edukasyon ng Mayor ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sa loob ng dalawampung taon, nakipaglaban ako upang higit na magkaroon ng daan sa de-kalidad na edukasyon ang lahat ng taga-San Francisco. Mula sa pagbibigay ng lakas sa mga batang babae, hanggang sa pagpapalawak sa mga karapatang sibil para sa migrante, hanggang sa paghahatid ng mga paraan upang makakuha ng teknolohiya ang mga paaralan sa buong bansa, at hanggang sa aking trabaho ngayon sa Board of Education. Ginagabayan ako ng batayang paniniwala na karapat-dapat ang lahat ng bata sa magkakapantay na oportunidad upang matuto at magtagumpay.

Bilang magulang ng dalawang bata na nasa mga pampublikong paaralan, isinasapuso ko ang aking papel bilang Tagapayo sa Edukasyon ng Mayor at miyembro ng School Board. Ang gusto ko para sa aking mga anak ay gusto ko rin para sa lahat ng bata.

Tumatakbo ako para sa Board of Education upang:

- Bigyan ng prayoridad ang pagkatuto ng mga estudyante
- Bigyan ng lakas at suporta ang mga guro
- Mamuhunan sa mga counselor (tagapayo), nars, at social worker
- Gumawa ng mga daan upang maihanda ang mga estudyante sa kinabukasan

Karapat-dapat ang ating mga anak, pamilya at guro sa pinakamahasag. Kailangang mapangalagaan ang bawat estudyante sa kanilang akademiko at sosyo-emosyonal na pag-unlad. Mapagkumbaba ko pong hinihingi ang inyong boto.

Mga Pag-eendorso:

Mayor London Breed

Senador ng Estado Scott Wiener

Mga miyembro ng Asembleya David Chiu at Phil Ting

Assessor (Tagatasa) Carmen Chu

San Francisco Board of Supervisors:

Vallie Brown, Sandra Lee Fewer, Rafael Mandelman, Gordon Mar,

Hillary Ronen, Ahsha Safai, Catherine Stefani, Shamann Walton

Dating Superbisor Jane Kim

Board of Education:

Stevon Cook, Mark Sanchez, Alison Collins, Gabriela Lopez, Faaauga Moliga, Rachel Norton

Latino Democratic Club (Demokratikong Samahan na Latino)

Rose Pak Democratic Club (Demokratikong Samahang Rose Pak)

Jeremiah Jeffries at Karen Zapata, mga tagapagtatag ng Teachers 4

Social Justice (Mga Guro para sa Katarungang Panlipunan)

www.jennylam.org

Jenny Lam



Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

KIRSTEN STROBEL

Ang aking trabaho ay Direktor, Nonprofit para sa Sining.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Inilaan ko na ang aking karera sa pagkakaroon ng social impact o pagkakaroon ng epekto sa kagalingan ng komunidad. Mayroon akong malalim na pagkaunawa sa nakapagpapanibagong lakas ng makabuluhang edukasyon at sa nakasisirang epekto ng kabaligtaran nito. Sa Legal Services for Children (Mga Legal na Serbisyo para sa mga Bata), regular kong nakita ang NEGATIBONG EPEKTO AT PAGIGING HINDI EPEKTIBO NG DISTRITO sa proseso nito ng mapagparusang pagdidisiplina sa paaralan - NA PATULOY NA NAAAPEKTUHAN NANG WALA SA PROPORSIYON ANG MGA ESTUDYANTE AT PAMILYA BATAY SA LAHI AT ETNISIDAD. Sa Full Circle Fund, mahigpit akong nakipagtrabaho sa mga ka-partner na tulad ng The San Francisco Foundation upang mapalaki pa ang epektong ito at gamitin kapwa ang kapital at talento upang mapalaki ang mga organisasyong tulad ng Beyond 12. Gumagana ang mga pampubliko/pribadong pakikipag-partner na GAYA NITO. Kailangan NATIN ang ganitong diskarte upang MAKINABANG ANG LAHAT NG ATING ESTUDYANTE.

Equity o katarungan sa pagkakapantay-pantay ang usapin at iyan na ang PALAGI nang kaso sa San Francisco. Itinatakda ang uri ng karanasan sa edukasyon ng estudyante ng bahagi ng Geary kung saan sila nakatira, o kung saang paaralan sila pumapasok. KAILANGANG MATANGGAP NG MGA ESTUDYANTE NG SFUSD ANG MGA SUPORTA AT SERBISYONG KAILANGAN NILA UPANG UMUNLAD, ANUMAN ANG ADDRESS. Tungkol talaga ito sa paglalaan ng mga rekurso, at kailangan nating magkaroon ng matapat na dayalogo kung ano ang hitsura nito.

Magiging walang kapagurang tagapagtaguyod ako na maghahangad na labanan ang mga hamon na kinakaharap natin - equity o katarungan sa pagkakapantay-pantay, pagkakahiwa-hiwalay, at ang pangkalahatang proseso sa pagtatalaga ng mga assignment o puwesto sa paaralan.

Kirsten Strobel



Mga Kandidato para sa Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad)

IVY LEE

Ang aking trabaho ay Itinalagang Trustee ng City College (Kolehiyo ng Lungsod).

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Noong 2018, karangalan kong maitalaga sa City College Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala) ni Mayor London Breed. Para sa akin, pagpapatuloy ito ng trabahong nagawa ko na sa loob ng mahigit isang dekada—ang pagtatanggal sa mga hadlang sa oportunidad bilang abugadong kumakatawan sa mga nakaligtas sa human trafficking o pangangalakal ng tao at sa karahasan sa tahanan.

Sa pamamagitan ng aking trabaho sa City Hall bilang legislative aide (katulong sa lehislatura), nakipaglaban ako upang maging libre ang mas mataas na edukasyon para sa lahat ng taga-San Francisco. Sa College Board, patuloy akong lalaban upang:

- Gawing permanente at buong taon ang Libreng City College
- Tapusin na ang kakulangan ng pondo para sa gastusin at bumuo ng reserbang pondo
- Makalikha ng posisyon ng independiyenteng controller (tagapamahala ng pinansiya) upang mapangalagaan ang pinansiya ng kolehiyo
- Mabigyan ng prayoridad ang mga kurso upang tugunan ang diverse o magkakaiba-ibang mga pangangailangan: upang magkaroon ng mas maraming kakayahan, mas mabilis na makapagtapos, at para sa panghabambuhay na kaalaman

Bilang magulang na nagpapalaki ng tatlong anak sa Inner Sunset, nangangako akong dadalhin ang gayong perspektiba sa aking trabaho, at nang matiyak na mananatili ang City College na matatag na tulay tungo sa oportunidad para sa lahat.

Inendorso nina/ng:

Mga Karpintero Lokal 22

LIUNA Lokal 261

Bernal Heights Democratic Club (Demokratikong Samahan ng Bernal Heights)

Latino Democratic Club (Demokratikong Samahan na Latino)

Rose Pak Democratic Club (Demokratikong Samahang Rose Pak)

London Breed, Mayor

Scott Wiener, Senador ng Estado

David Chiu, Miyembro ng Asembleya

Phil Ting, Miyembro ng Asembleya

Carmen Chu, Assessor (Tagatasa)

Jane Kim, Dating Superbisor

Lahat ng 11 Superbisor

Lahat ng 6 Trustee ng College Board

www.voteivylee.com

Ivy Lee

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Impormasyon tungkol sa mga Lokal na Panukalang-batas na nasa Balota at mga Argumento

Mga Pahina ng mga Buod at Argumento, Legal na Teksto

Kasama sa pamplet na ito ang sumusunod na impormasyon para sa bawat lokal na panukalang-batas sa balota:

- Walang kinikilingang buod, o digest, na ginawa ng Komite para Gawing mas Simple ang Balota
- Pahayag ng City Controller tungkol sa epekto sa pananalapi o gastos ng bawat panukalang-batas
- Pahayag tungkol sa pagiging karapat-dapat ng panukalang-batas na mailagay sa balota
- Mga argumentong pabor o laban sa bawat panukalang-batas
- Ang legal na teksto para sa lahat ng lokal na panukalang-batas sa balota ay nasa bersiyong Ingles ng pamplet na ito.

Mga Argumento ng mga May-Panukala at ng mga Katunggali

Para sa bawat panukalang-batas, isang argumento na pabor sa panukalang-batas (argumento ng may-panukala) at isang argumento na laban sa panukalang-batas (argumento ng katunggali) ang nakalimbag sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante nang walang bayad.

Ang mga tawag na “argumento ng may-panukala” at “argumento ng katunggali” ay nagpapakita lamang na ang mga argumento ay pinili ayon sa pamantayan sa ibaba (*San Francisco Municipal Elections Code, Section 545*) at nilimbag nang walang bayad.

Pagpili ng Mga Argumento ng May-Panukala at ng Katunggali

Pinipili ang mga argumento ng may-panukala at ang argumento ng katunggali batay sa sumusunod na mga prayoridad:

Argumento ng May-Panukala	Argumento ng Katunggali
<p>1 Ang opisyal na may-panukala ng petisyon para sa inisyatiba; o ang Mayor, ang Lupon ng mga Superbisor, o apat o mahigit pang miyembro ng Lupon, kung ang panukalang-batas ay isinumite nito.</p>	<p>1 Kapag referendum, ang taong nagsumite ng petisyon para sa referendum sa Lupon ng mga Superbisor.</p>
<p>2 Ang Lupon ng mga Superbisor, o sinumang miyembro o mga miyembro na hinirang ng Lupon.</p>	<p>2 Ang Lupon ng mga Superbisor, o sinumang miyembro o mga miyembro na hinirang ng Lupon.</p>
<p>3 Ang Mayor (Punong-bayan).</p>	<p>3 Ang Mayor (Punong-bayan).</p>
<p>4 Anumang samahan ng mga mamamayan, kombinasyon ng mga botante at samahan ng mga mamamayan, o sinumang indibidwal na botante.</p>	<p>4 Anumang samahan ng mga mamamayan, kombinasyon ng mga botante at samahan ng mga mamamayan, o sinumang indibidwal na botante.</p>

Sagot sa Argumento

Ang may-akda ng argumento ng may-panukala o ng argumento ng katunggali ay maaari ding gumawa at magsumite ng sagot sa argumento, o ng sagot, na ililimbag nang walang bayad. Nakalimbag ang mga sagot sa argumento sa ibaba ng kaugnay na argumento ng may-panukala at ng argumento ng katunggali.

May Bayad na mga Argumento

Bukod pa sa mga argumento ng may-panukala, argumento ng mga katunggali, at mga sagot, na inililimbag nang walang bayad, maaaring magsumite ng mga may bayad na mga argumento ang sinumang karapat-dapat na botante, grupo ng mga botante, o mga asosasyon.

Hindi kasama sa pamplet na ito ang mga may bayad na argumento na pabor o laban sa bawat panukalang-batas na nasa balota. Kung gusto ninyong makita ang mga may bayad na mga argumento na naisalin na sa Filipino, tingnan ang voterguide.sfelections.org o tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.



Lahat ng mga argumento ay ganap na opinyon ng mga may-akda. Inililimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite, kasama na ang anumang kamalian sa pagta-type o paglilimbag, spelling, o grammar. Hindi ito sinusuri para sa kawastuhan ng Direktor ng mga Eleksyon o ng anumang ibang ahensiya, opisyal o empleyado ng Lungsod.

Pangkalahatang Buod ng Utang ng San Francisco

Ano ang Bond Financing (Pamumuhunan sa Pamamagitan ng mga Bond)?

Ang bond financing ay isang uri ng pangmatagalang-panahon na pangungutang na ginagamit para makalikom ng pera para sa mga proyekto [na binabayaran na agad at ibinabalik sa mga investor o namumuhunan sa loob ng mas mahabang panahon]. Tumatanggap ng pera ang Lungsod sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bond sa mga namumuhunan. Kailangang bayaran ng Lungsod ang halagang inutang at ang tubo sa mga namumuhunang iyon. Ang perang nalikom mula sa pagbebenta ng mga bond ay ginagamit na pambayad para sa malalaking capital project (mga proyektong pangmatagalang na nakatuon sa mga ari-arian) na nangangailangan ng maraming kapital tulad ng mga estasyon ng mga bombero at pulis, programa ng abot-kayang pabahay, ospital, aklatan, parke, at iba pang pasilidad ng lungsod. Ginagamit ng Lungsod ang bond financing sapagkat tatagal ang mga capital project na ito nang maraming taon at kailangang bayaran sa loob ng takdang panahon ng mga residente ng San Francisco na makikinabang din sa pagdaan ng panahon nang dahil sa mga pagpapahusay na kaugnay ng mga proyektong ito. Bukod rito, mahirap bayaran nang isang bagsakan ang malalaking dolyar na gastos ng mga proyektong ito.

Mga Uri ng Bond. Mayroong dalawang pangunahing uri ng mga bond – General Obligation at Revenue.

Ang mga **General Obligation Bond (Bond para sa Pangkalahatang Obligasyon)** ay ginagamit na pambayad sa mga proyektong nakabubuti sa mga mamamayan ngunit hindi kumikita (halimbawa, hindi itinatayo ang mga estasyon ng pulis o ang mga parke na may kakayahang mismong magbayad sa mga pagkakautang sa sarili nila). Kapag naaprubahan at napagbili ang mga general obligation bond, mga buwis sa ari-arian ang ipinambabayad sa mga ito. Kailangang aprubado ang mga general obligation bond na ilalabas ng Lungsod ng two-thirds (dalawang-katlo) ng mga botante.

Ang mga **Revenue Bond (Bond na Kumikita)** ay ginagamit na pambayad sa mga proyekto tulad ng mahahalagang pagpapahusay sa isang paliparan, sistema ng patubig, garahe o iba pang malalaking pasilidad na kumikita. Kapag naaprubahan at naipagbili ang mga revenue bond, ang mga ipinambabayad sa mga ito ay karaniwang mula sa mga kinita ng mga proyektong pinamuhunanan ng bond, halimbawa, mga singil sa paggamit o singil sa paradahan. Dapat aprubahan ang mga revenue bond ng Lungsod ng boto ng mayorya. Walang revenue bond sa balotang ito.

Magkano ang Nagagasta sa Pag-utang?

Nakabatay ang gastos ng Lungsod sa pag-utang ng pera sa kabuuang halagang inutang, halaga ng tubo sa utang, at bilang ng mga taon kung kailan mababayaran ang utang. Karaniwang binabayaran ang mga utang ng Lungsod sa loob ng 20 hanggang 30 taon. Ipagpalagay nang ang karaniwang halaga ng tubo ay 6%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa loob ng 20 taon ay humigit-kumulang na \$1.74 para sa bawat dolyar na inutang — \$1 para sa dolyar na inutang at 74 sentimos para sa tubo. Gayon pa man, unti-unti ang pagbabayad nito sa loob ng 20 taon. Kung gayon, pinabababa ng inflation ang tunay na gastos ng pangungutang dahil mas murang dolyar ang gagamiting pambayad sa hinaharap. Ipagpalagay nang ang taunang halaga ng inflation ay 4%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa dolyar ngayon ay humigit-kumulang na \$1.18 para sa bawat \$1 na inutang.

Ang Kasalukuyang Sitwasyon ng Pagkakautang ng Lungsod

Mga Bayad sa Utang. Sa piskal na taong 2019–2020, magbabayad ang mga nagbabayad ng buwis sa mga ari-arian sa Lungsod ng humigit-kumulang na \$496 milyon ng prinsipal at tubo para sa hindi pa nababayaranang mga bond ng Lungsod at para sa iba pang naglabas ng mga general obligation bond (ang mga ito ang San Francisco Community College District, San Francisco Unified School District at Bay Area Rapid Transit District). Ang netong halaga ng buwis para sa taon upang makasunod sa mga itinatakda para sa utang at sa utang na para sa espesyal na pondo, kung maaprubahan ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), ay tinataya na magiging 18.01 sentimo kada \$100 ng tinatayang halaga, o \$1,068 sa bahay na natasang \$600,000, na sumasalamain sa eksemptiyong \$7,000 ng may-ari ng bahay.

Legal na Limitasyon sa Pag-utang. Ipinag-uutos ng Charter ng Lungsod na magkaroon ng limitasyon sa halaga ng mga general obligation bond na hindi pa nababayaran ng Lungsod sa anumang takdang panahon. Ang limitasyong ito ay 3% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian sa Lungsod — o sa kasalukuyan, humigit-kumulang na \$8.43 bilyon. Ang mga botante ang nagbibigay sa Lungsod ng *awtorisasyon* na maglabas ng mga bond. Itinuturing ang mga bond na nailabas na at hindi pa nababayaran na *hindi pa bayad*. Noong Agosto 1, 2019, mayroong \$2.29 bilyon na hindi pa bayad na mga general obligation bond, na katumbas ng 0.82% ng natasang halaga ng mga nabubuwisang ari-arian. Mayroon pang karagdagang \$1.09 bilyon na mga bond na nabigyan na ng



awtorisasyon ngunit hindi pa inilalabas. Kung inilabas ang mga bond na ito at hindi pa nababayaran, ang pasaning kabuuang halaga para sa pagseserbisyo sa utang ay 1.21% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Hindi nakadaragdag sa halaga ng pasaning utang ng Lungsod ang mga bond na inilabas ng San Francisco Community College District, San Francisco Unified School District, at ng Bay Area Rapid Transit District (BART) bilang layon sa mga limitasyong itinatakda ng Tsarter, ngunit ang mga buwis sa ari-arian (tingnan ang Matipid na Pamamahala ng Utang na nasa ibaba) ang ipinambabayad sa mga ito. Bahagi ng kasalukuyang patakaran ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang pagpapanatili sa halaga ng buwis sa ari-arian mula sa mga bagong general obligation bond ng Lungsod, na mas mababa sa halaga nito noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang iniuurong na sa sirkulasyon ang mga luma, at tumataas ang batayang buwis, bagamat posibleng magbago-bago ang pangkalahatang halaga ng buwis sa ari-arian batay sa iba pang factors o salik. Ipinatutupad ang polisiyang ito sa mga bond ng Lungsod at ng County pero hindi sa iba pang gobyerno, tulad ng San Francisco Unified School District, San Francisco City College District, o BART.

Matipid na Pamamahala ng Utang. Kahit na alinsunod sa legal na limitasyon para sa mga utang ang ginawang pagpapalabas ng Lungsod sa mga general obligation bond, mayroon pang ibang paghahambing sa utang na ginagamit ang bond rating agencies (mga ahensiyang nag-uuri ng bond) kapag tinitingnan nila ang kalusugan sa pinansiya ng Lungsod. Tinitingnan ng ganitong mga ahensiya ang maraming uri ng lokal at rehiyonal na utang na nakasalalay sa pinagbabatayan ng buwis ng Lungsod, at kasama rito ang ating mga general obligation bond, mga lease revenue bond (mga bond na ginagarantiyahan ng bayad sa upa sa pasilidad kung saan namuhunan ang bond), certificates of participation (uri ng pamuhunan kung saan binibili ng namumuhunan ang bahagi ng kita mula sa upa sa halip na ang bond na ginagarantiyahan ng mga kitang iyon), mga special assessment bond (espesyal na uri ng bond na nagpopondo sa proyekto ng development na binabayaran ng mga buwis na ipinapataw sa komunidad na nakikinabang sa proyekto), mga bond ng BART at ng distrito ng paaralan at ng community college o kolehiyo ng komunidad. Ang “direct debt ratio (proporsiyon ng utang kung ihahambing sa mga pag-aari),” na isinasama ang direct debt (kabuuang halaga ng mga general obligation bond), at ang iba pang pangmatagalang-panahon na obligasyon at hindi isinasama ang mga special assessment bond, mga bond ng BART at ng distritong pampaaralan at distrito ng community college, ay katumbas ng 1.28% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Itinuturing ng mga bond rating agencies ang

direct debt ratio na ito na pasaning utang na “katamtaman (moderate)” kung ikukumpara sa laki ng pinagbabatayan ng buwis sa San Francisco para sa mga ari-arian. **Bagamat nakapaloob ang ratio na ito sa mga katulad na pamantayan, kailangang patuloy na magtakda ang Lungsod ng mga prayoridad para sa paglalabas ng mga utang sa hinaharap, at nang patuloy na mapanatili ang magagandang credit rating, na pananda ng mabuting kalusugan sa pananalapi.**

Pangangasiwa ng Mamamayan sa mga General Obligation Bond

Kailangang aprubahan ng mga botante ang layunin at ang halaga ng perang uutangin sa pamamagitan ng mga bond. Ang perang galing sa bond ay maaaring gastusin para sa mga layunin lamang na inaprubahan ng mga botante.

Para sa mga general obligation bond na ipinalalabas ng Lungsod at County ng San Francisco, sinusuri at iniuulat ng Citizens’ General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng General Obligation Bond) kung paano ginagasta ang perang galing sa bond. Ang siyam na miyembro ng Komite ay hinihirang ng Mayor, Lupon ng mga Superbisor, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), at Civil Grand Jury. Kapag natuklasan ng Komite na ginasta ang perang galing sa bond para sa mga layuning hindi pinagtibay ng mga botante, maaaring mag-utos ang Komite ng aksiyon ng pagwawasto at ipagbawal ang pagbebenta ng anumang awtorisado ngunit hindi pa ipinalalabas na mga bond, hanggang sa maisagawa ang natukoy na aksiyon. Maaaring ipawalang-bisa ng Lupon ng mga Superbisor ang mga desisyon ng komite sa pamamagitan ng two-thirds na boto. Maaaring i-audit ng Controller ang anumang pinagkagastusan ng Lungsod ng perang galing sa bond.

Inihanda ni *Ben Rosenfield*, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya)

Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman

mula sa Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing Mas Simple ang Balota)

100% Abot-kayang Pabahay (Proposisyon E): Magiging kuwalipikado ang gusali bilang 100% Abot-kayang Pabahay kung ang lahat ng unit ng pabahay nito ay para lamang sa mga kabahayan na Lubhang Mababa, Mababa, at Panggitna ang Kita at hindi tataas ang karaniwang kita para sa lahat ng unit sa 80% ng Area Median Income (Panggitnang Kita ng Lugar, AMI). Kailangan ding ibenta o paupahan ang mga unit ng pabahay nang hindi bababa sa 20% na mas mura kaysa sa panggitnang presyo sa merkado para sa katulad na mga unit sa parehong komunidad.

Abot-kayang pabahay para sa mga kabahayang lubhang mababa ang kita (Mga Proposisyon A at E): Mga unit ng pabahay na makakayanang bayaran ng mga kabahayan na lubhang mababa ang kita. Kuwalipikado ang kabahayan bilang lubhang mababa ang kita kung kumikita ito ng hanggang sa 30% ng Area Median Income (AMI).

Abot-kayang pabahay para sa mga kabahayang mababa ang kita (Mga Proposisyon A at E): Mga unit ng pabahay na makakayanang bayaran ng mga kabahayan na mababa ang kita. Kuwalipikado ang kabahayan bilang mababa ang kita kung kumikita ito ng hanggang sa 80% ng Area Median Income (AMI).

Abot-kayang pabahay para sa mga kabahayang panggitna ang kita (Proposisyon A): Mga unit ng pabahay na makakayanang bayaran ng mga kabahayan na panggitna ang kita. Kuwalipikado ang kabahayan bilang panggitna ang kita kung nasa pagitan ng 80% at 175% ng Area Median Income (AMI) ang kita nito, at sa kaso ng mga edukador ng San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco), kung nasa pagitan ng 80% at 200% ng Area Median Income (AMI) ang kita nito.

Abot-kayang pabahay para sa mga kabahayang panggitna ang kita (Proposisyon E): Mga unit ng pabahay na makakayanang bayaran ng mga kabahayan na panggitna ang kita. Kuwalipikado ang kabahayan bilang panggitna ang kita kung kumikita ito ng hanggang sa 120% ng Area Median Income (AMI).

Amilyar o Buwis sa Ari-arian (Proposisyon A): Buwis batay sa pagtatasa ng Lungsod sa mga gusali at lupa.

Area Median Income (Panggitnang Kita ng Lugar, AMI): Antas ng kita na nakabatay sa lahat ng kita na nakuha sa nasasakop ng Metro Fair Market Rent Area (Mga Lugar na Sakop ng Makatarungang Singil sa Upa para sa Lungsod) ng United States Department of Housing and Urban Development (Departamento para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng mga

Lungsod ng Estados Unidos, HUD) kung saan kasama ang San Francisco. Kalahati ng lahat ng mga kabahayan ang may kita na mas mataas sa antas na ito at kalahati ang may kita na mas mababa rito.

Noong 2019, ang AMI para sa mga sumusunod na porsiyento at laki ng pamilya ay ang mga sumusunod:

	1 Tao	2 Tao	3 Tao	4 Tao
30% ng AMI	\$25,850	\$29,550	\$33,250	\$36,950
80% ng AMI	\$68,950	\$78,800	\$88,700	\$98,500
100% ng AMI	\$86,200	\$98,500	\$110,850	\$123,150
120% ng AMI	\$103,450	\$118,200	\$133,000	\$147,800
175% ng AMI	\$150,850	\$172,400	\$194,000	\$215,500
200% ng AMI	\$172,400	\$197,000	\$221,700	\$246,300

Awtorisasyon para sa kondisyonal na paggamit

(Proposisyon E): Awtorisasyong ipinagkakaloob ng Planning Commission (Komisyon sa Pagpapalano) upang mapahintulutan ang paggamit ng ari-arian sa isang partikular na komunidad kung hindi pinapayagan ang paggamit nang walang karagdagang pag-apruba ng Lungsod. Maaaring iapela ang mga awtorisasyon para sa kondisyonal na paggamit sa Board of Supervisors.

Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee

(Proposisyon A): Grupong may siyam na miyembro na nagmomonitor ng paggamit ng Lungsod sa mga pondong nakukuha mula sa paglalabas ng mga general obligation bond (utang ng estado o lokal na gobyerno). Hinihirang ang mga miyembro ng komiteng ito ng Mayor, Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) at Civil Grand Jury.

Entidad (Proposisyon F): Organisasyong nakikipagnegosyo sa Lungsod at County ng San Francisco, kasama na ang sole proprietorship (iisa ang may-ari), general partnership (pangkalahatang pakikipagsosyo), limited partnership (limitadong pakikipagsosyo), limited liability company (kompanyang limitado ang pananagutan), limited liability partnership (pakikipagsosyong limitado ang pananagutan) o korporasyon.

General obligation bond (Proposisyon A): Ang pangakong ibinibigay ng ahensiya ng gobyerno na babayaran ang inutang na pera, kasama ang interes, sa nakatakdang petsa. Binabayaran ng ahensiya ng gobyerno ang pera, nang may kasamang interes, sa pamamagitan ng mga buwis sa ari-arian. Kailangang aprubahan ang mga panukala para sa general obligation bond ng mga botante ng San Francisco.



Hardship waiver o pahintulot na hindi maisali dahil sa kagipitan (Proposisyon A): Pahintulot mula sa San Francisco Rent Board (Lupon para sa Pagpapauya) na hindi na magbayad ng pagtataas sa upa o pass-through (ipinapasang bayarin sa umuupa), batay sa pinansiyal na kagipitan.

Iba pang bahagi (patungkol sa mga elektronikong sigarilyo) (Proposisyon C): Tinutukoy ng “iba pang bahagi” ang mga bumubuong bahagi na naghahatid o tumutulong sa paghahatid ng naging vapor nang likido, na naglalaman ng nikotina, tungo sa gumagamit, tulad ng mouthpiece o inilalagay sa bibig; ang kapalit o pang-refill na cartridge, pod o likido; elemento para uminit ito; at baterya na nagbibigay ng enerhiya.

Iba’t iba ang gamit (Proposisyon E): Marami ang gamit, tulad ng mga residensiyal na lugar, opisina, tindahan, espasyo para sa sining, pampublikong bukas na espasyo at lugar para sa paglilibang.

Inisyatiba (Proposisyon C): Ang panukala na inilalagay sa balota ng mga botante. Maaaring maglagay ng inisyatiba sa balota ang sinumang botante sa pamamagitan ng pangangalap ng kinakailangang bilang ng mga lagda mula sa mga rehistradong botante ukol sa isang petisyon.

Komersiyal na ride-share (Proposisyon D): Uri ng transportasyon na on-demand kung saan humihiling ang pasahero ng biyahe sa pagitan ng mga espesipikong lugar kapalit ng bayad. Karaniwang ginagawa ang paghiling na ito gamit ang online na plataporma.

Kuwalipikadong kandidato na write-in (kandidatong isinusulat lamang ang pangalan): Isang tao na nakompleto na ang kinakailangang mga papeles at lagda para maisama bilang kandidatong write-in. Bagamat hindi nakasulat sa balota ang pangalan ng taong ito, maaaring iboto ng mga botante ang taong ito sa pamamagitan ng pagsulat ng pangalan ng tao sa espasyong nakalaan sa balota para sa mga botong write-in at pagsunod sa mga espesipikong instruksiyon sa balota. Binibilang lamang ng Department of Elections ang mga botong write-in para sa mga kuwalipikadong kandidatong write-in.

Limited Liability Company (kompanyang limitado ang pananagutan) (Proposisyon F): Organisasyong pangnegosyo na binuo ng isa o higit pang katao sa ilalim ng mga batas ng estado bilang “limited liability company” at maaaring mabuwisan bilang sole proprietorship, general partnership o korporasyon sa ilalim ng batas ng California.

Limited Liability Partnership (pakikipagsosyong limitado ang pananagutan) (Proposisyon F): Organisasyong pangnegosyo na binuo ng dalawa o higit pang magkasosyo sa ilalim ng mga batas ng estado bilang “limited liability partnership.” May lisensiya o awtorisado ang bawat kasosyo na magkaloob ng ilang propesyonal na serbisyo, tulad ng

practice o dalubhasang gawain sa pampublikong accounting o batas, o magkaloob ng mga serbisyong kaugnay ng mga propesyonal na serbisyo. Binubuwan ang LLP na tulad ng general partnership sa ilalim ng batas ng California.

Maagang pagboto: Pagboto nang personal sa City Hall bago ang Araw ng Eleksyon o pagme-mail ng balotang vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo) bago ang Araw ng Eleksyon.

Mga balotang vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo): Mga balotang ipinadadala sa koreo sa mga botante o ibinibigay nang personal sa mga botante sa Department of Elections. Maaaring ipadala ang mga balotang vote-by-mail sa koreo sa Department of Elections, isumite sa opisina ng Department of Elections sa City Hall, o isumite sa anumang lugar ng botohan sa California sa Araw ng Eleksyon. Kilala rin bilang mga balotang absentee (sa pamamagitan ng koreo).

Mga lokal na kandidato (Proposisyon F): Mga kandidato para sa mga lokal na posisyon, kasama na ang Mayor, Board of Supervisors, City Attorney (Abugado ng Lungsod), District Attorney (Abugado ng Distrito), Treasurer (Tesorero), Sheriff, Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala), Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol), Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ng San Francisco Unified School District at ang Governing Board (Tagapamahalang Lupon) ng San Francisco Community College District.

Mga zoning district (mga sona sa distrito) (Proposisyon E): Bahagi ng ari-arian kung saan ipinatutupad ang mga partikular na regulasyon at itinatakdang sa paggamit ng lupa. Ipinapakita ang mga zoning district sa Zoning Map (Mapa para sa Pagsosona) ng Lungsod, na makukuha sa Web site ng lungsod sa sfplanning.org/resource/zoning-use-districts.

Online na plataporma (Proposisyon D): App na nakabase sa internet at karaniwang ginagamit ng sumasakay sa pamamagitan ng cell phone.

Ordinansa (Mga Proposisyon C–F): Lokal na batas na ipinasa ng Board of Supervisors o ng mga botante.

Pabahay para sa mga Edukador (Proposisyon E): Magiging kuwalipikado ang gusali bilang Pabahay para sa mga Edukador kung ang lahat ng unit sa pabahay ay para lamang sa mga kabahayan na may kahit isang empleyado ng San Francisco Unified School District o ng San Francisco Community College District (Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad). Kailangang para lamang sa mga kabahayang may kita na nasa pagitan ng 30% at 140% ng Area Median Income (AMI) ang hindi bababa sa four-fifths (apat mula sa limang bahagi) ng mga unit, at ang karaniwang kita para sa mga kabahayang nasa lahat ng unit na iyon ay hindi maaaring mas mataas sa 100% ng AMI. Maaaring para sa mga kabahayang may kita na hanggang sa 160% ng



AMI ang one-fifth (isa mula sa limang bahagi) ng mga unit sa proyektong Educator Housing (Pabahay para sa mga Edukador).

Pag-apruba sa paggamit ng lupa (Proposisyon F): Ang paghiling sa inihalal na opisyal ng Lungsod para sa pag-amyenda sa Planning Code (Kodigo sa Pagpaplano) ng Lungsod o mga mapa para sa pagsosona, o ilang aplikasyon na humihiling ng pagpapasya ng lupon o komisyon ng Lungsod.

Pass through (Proposisyon A): Pagpapasa ng bahagi ng gastos sa mga tenant o umuupa, at nang mabawi ang ibinayad nang dahil sa pagtaas ng buwis sa ari-arian.

Planning Commission (Komisyon sa Pagpaplano)

(Proposisyon E): Ang komisyon ng Lungsod na may responsibilidad sa pagpapatibay at pagpapanatili sa komprehensibo at pangmatagalan na pangkalahatang plano para sa pagpapahusay at pagpapaunlad sa hinaharap.

Probisyonal na balota (Mga madalas itanong): Balotang inihuhulog sa botohan na hindi bibilangin hanggang sa matiyak ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ang pagiging kuwalipikado ng botante na ihulog ang balotang iyon.

Proposisyon (Mga Proposisyon A–F): Anumang panukalang-batas na isinumite sa mga botante para sa pag-apruba o hindi pag-apruba.

Public zoning district (sona sa distrito na para sa mga pampublikong pasilidad) (Proposisyon E): Sona na espesipikong binibigyan ng kaluhugan sa Planning Code bilang lupa na pag-aari ng ahensiya ng gobyerno, kasama na ang mga gusali ng gobyerno, pampublikong istruktura, plaza ng Lungsod, parke at bukas na espasyo.

Revenue (Mga Proposisyon A, D): Kita.

San Francisco County Transportation Authority (Awtoridad sa Transportasyon ng San Francisco County, SFCTA)

(Proposisyon D): Ang Transportation Authority ay pampublikong ahensiya na hiwalay sa Lungsod, bagamat naglilingkod ang 11 miyembro ng Board of Supervisors bilang mga miyembro ng governing board. Gumagamit ang Transportation Authority ng bahagi ng pera mula sa sales tax (buwis sa pagbebenta) para sa mga proyektong pantransportasyon na aprubado ng mga botante.

San Francisco Municipal Transportation Agency (Ahensiya ng Panlungsod na Transportasyon ng San Francisco, SFMTA)

(Proposisyon D): Ang departamento ng Lungsod na may responsibilidad para sa pamamahala sa lahat ng transportasyon sa lupa sa San Francisco, kasama na ang Muni (Municipal Railway o Panlungsod na Tren), paradahan at trapiko, kaligtasan ng mga naglalakad at nagbibisikleta, at pagtatakda ng mga regulasyon sa mga taksi.

Susog sa Tsarter (Proposisyon B): Ang pagbabago sa Tsarter ng Lungsod. Ang Tsarter ang Konstitusyon ng Lungsod. Maaari lamang mabago ang Tsarter ng mayorya ng mga isinumiteng boto.



A

Bond o Utang ng Gobyerno para sa Abot-kayang Pabahay

MGA BOND O UTANG NG GOBYERNO NG SAN FRANCISCO PARA SA ABOT-KAYANG PABAHAY. Upang magkaroon ng pera sa konstruksiyon, pagpapaunlad, pagmamay-ari, at preserbasyon ng pabahay na abot-kaya para sa mga kabahayan na lubhang mababa, mababa at panggitna ang kita sa pamamagitan ng mga programang magbibigay ng prayoridad sa bulnerableng mga populasyon tulad ng nagtatrabahong mga pamilya, beterano, matatanda, at indibidwal na may kapansanan ng San Francisco; upang makatulong sa pagmamay-ari, rehabilitasyon, at preserbasyon ng naririyang abot-kayang pabahay, at sa gayon, mapigilan ang pagkawala ng tirahan ng mga residente; upang makumpuni at muling maipatayo ang distressed o lumang-luma na, at sira-sira nang mga development sa pampublikong pabahay at ang pundasyong imprastruktura ng mga ito; upang makatulong sa panggitna ang kita na mga residente o manggagawa ng Lungsod sa pagkakaroon nila ng oportunidad para sa abot-kayang pag-upa o pagmamay-ari ng tahanan, kasama na ang tulong sa downpayment o paunang bayad, at suporta para sa bagong konstruksiyon ng abot-kayang pabahay sa mga empleyado ng San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) at City College of San Francisco (Kolehiyo ng Lungsod ng San Francisco); at upang mabayaran ang kaugnay na mga gastusin; dapat bang maglabas ng \$600,000,000 na bond na general obligation (utang ng estado o lokal na gobyerno) na tatagal nang hanggang sa 30 taon mula sa panahon ng paglalabas nito, may tinatayang karaniwang halaga ng buwis na \$0.019/\$100 ng natasang halaga ng ari-arian, at may inaasahan na karaniwang taunang kita na \$50,000,000, kung saan mapaiilalim ito sa independiyenteng pangangasiwa ng mga mamamayan at regular na pag-o-audit?

<input type="radio"/>	OO	<input type="radio"/>
<input type="radio"/>	HINDI	<input type="radio"/>

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Nagkakaloob ang Lungsod ng pondo upang makapagpatayo at mapaayos ang mga pabahay, at nang matugunan ang mga pangangailangan ng mga residente ng Lungsod, kasama na ang abot-kayang pabahay para sa mga kabahayang lubhang mababa hanggang sa panggitna ang kita. Nagmumula ang pondo ng Lungsod para sa abot-kayang pabahay mula sa mga buwis sa ari-arian, buwis sa mga hotel, singil sa mga developer at iba pang lokal na mga pinagkukunan.

Nagbebenta ang Lungsod ng aprobadong botante na mga general obligation bond (utang ng estado o lokal na gobyerno) upang makatulong sa pagkakaloob ng bahagi ng pondong ito. May polisiya ang Lungsod na panatilihin ang halaga ng buwis mula sa mga general obligation bond ng Lungsod na mas mababa kaysa sa halaga noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang paparetiro na ang mas matatandang bond at tumataas ang halaga ng pag-aaring nabuwisan.

Pinamamahalaan ng Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga General Obligation Bond) ang paggasta ng mga kita mula sa general obligation bond.

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon A ay ordinansang magpapahintulot sa Lungsod na umutang ng hanggang sa \$600 milyon sa pamamagitan ng paglalabas ng mga general obligation bond. Gagamitin ng Lungsod ang perang ito upang magtayo, bumili, at ayusin ang abot-kayang pabahay ng Lungsod ayon sa sumusunod:

- \$220 milyon upang makakuha, makapagpatayo at maisayos ang paupahang pabahay para sa mga indibidwal at pamilyang lubhang mababa at mababa ang kita;
- \$150 milyon upang makumpuni at muling maitayo ang mga development para sa pampublikong pabahay;
- \$150 milyon upang makakuha at makapagpatayo ng pabahay para sa matatanda;

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 35.

- \$60 milyon upang makakuha at makapagpaayos ng abot-kayang paupahang pabahay, at nang maiwasan ang pagkawala ng gayong pabahay at para makatulong sa mga panggitna ang kita na residente at manggagawa ng Lungsod na magkaroon ng permanenteng pabahay; at
- \$20 milyon upang masuportahan ang abot-kayang pabahay para sa mga edukador at empleyado ng San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) at City College of San Francisco (Kolehiyo ng Lungsod ng San Francisco).

Pahihintulutan ng Proposition A ang pagtataas ng property tax (buwis sa ari-arian) para mabayaran ang mga bond, kung kinakailangan. Pahihintulutan ang mga landlord o nagpapaupa na ipasa ang hanggang sa 50% ng anumang magresultang pagtaas sa property tax sa mga tenant, maliban na lang kung mayroong individual hardship waiver.

Itatakda rin ng Proposisyon A sa Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee na repasuhin kung paano ginagasta ang pondo ng mga bond.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong maglabas ang Lungsod ng \$600 milyon na mga general obligation bond upang bumili, magtayo at magsaayos ng abot-kayang pabahay sa Lungsod.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong maglabas ang Lungsod ng mga bond na ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "A"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon A:

Kapag nagbigay ng awtorisasyon at nagbenta ng iminumungkahing \$600 milyon na mga bond sa ilalim ng kasalukuyang mga ipinapalagay, ang sumusunod ang tinatayang gastos:

- a) Sa piskal na taon (FY) 2020–2021, matapos maglabas ng unang serye ng mga bond, at sa taon na pinakamababa ang porsiyento ng buwis, magresulta ang pinakamagandang pagtaya sa kinakailangang buwis para mapondohan ang paglalabas ng bond na ito sa halaga ng buwis sa ari-arian na \$0.00207 kada \$100 (\$2.07 kada \$100,000) ng natayang halaga.
- b) Sa FY 2022–2023, matapos maglabas ng huling serye ng mga bond, at sa taon na pinakamataas ang porsiyento ng buwis, magresulta ang pinakamagandang pagtaya sa kinakailangang buwis para mapondohan ang paglalabas ng

bond na ito sa halaga ng buwis sa ari-arian na \$0.01713 kada \$100 (\$17.13 kada \$100,000) ng natayang halaga.

- c) Ang pinakamagandang pagtaya ng average o karaniwan na halaga ng buwis para sa mga bond na ito mula FY 2020–2021 hanggang FY 2041–2042 ay \$0.01172 kada \$100 (\$11.72 kada \$100,000) ng natayang halaga.
- d) Batay sa mga pagtayang ito, humigit-kumulang \$101.57 ang pinakamataas nang tinatayang taunang halaga ng property tax para sa mga bond para sa may-ari ng bahay na may natayang halaga na \$600,000.

Nakabatay lamang ang mga pagtayang ito sa mga inaasahan, na walang obligasyon ang Lungsod na sundin. Posibleng mag-iba-iba ang mga inaasahan at pagtaya dahil sa panahon ng pagbebenta ng mga bond, bilang ng mga bond na natitinda sa bawat pagbebenta, at aktuwal na natayang halaga sa loob ng panahon ng pagbabayad sa mga bond. Dahil dito, posibleng iba sa nakataya sa itaas ang aktuwal na halaga ng buwis at ang mga taon kung saan ipatutupad ang mga halagang ito. Kasalukuyang polisiya ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang pagpapanatili ng halaga ng buwis para sa mga general obligation bond na mas mababa kaysa sa halaga noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang paparetiro na ang mas matatandang bond, at tumataas ang halaga ng pag-aaring nabuwisan, bagamat posibleng mag-iba-iba ang halaga ng property tax batay sa iba pang salik o dahilan.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "A"

Noong Hulyo 30, 2019, bumoto ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Supervisor) ng 10 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon A sa balota. Bumoto ang mga Supervisor ayon sa sumusunod:

Oo: Brown, Fewer, Haney, Mandelman, Mar, Peskin, Ronen, Safai, Stefani, Yee.

Hindi: Wala.

Pinahintulatang Huwag Sumali: Walton.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 35.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

Ang pagiging abot-kaya ng pabahay ang pinakamahalagang isyu na kinakaharap ng San Francisco. Patuloy na tumataas nang abot-langit ang mga upa at hindi abot-kaya ang pagmamay-ari ng bahay para sa karamihan. Napakaraming taga-San Francisco, kasama na ang ating mga bumbero, guro, nars, beterano, pamilya at matatanda ang hindi na kayang tustusan ang pamumuhay sa lungsod na pinaglilingkuran at minamahal nila.

Panahon na ngayon upang gumawa ng mapangahas na hakbang para sa paglikha, preserbasyon at rehabilitasyon ng abot-kayang pabahay.

Tinipon namin ang pangkat ng mga lider ng komunidad, tagapagtaguyod ng pabahay, unyon sa paggawa, nonprofit na tagabigay ng serbisyo para sa pabahay, at kinatawan ng mga komunidad, na diverse (may pagkakaiba-iba sa lahi, etnisidad, uri, katayuang sosyo-ekonomiko, relihiyon, paniniwala at iba pa), at nagsama-sama upang bumuo at ipaglaban ang Proposisyon A – ang kritikal na hakbang na maaari nating gawin ngayon upang matugunan ang ating krisis sa pagiging abot-kaya ng pabahay.

Popondohan ng Proposisyon A ang paglikha, preserbasyon at rehabilitasyon ng abot-kayang pabahay sa kabuuan ng San Francisco.

Ang Proposisyon A ay:

- Magkakaloob ng kritikal na abot-kayang pabahay sa bulnerableng mga komunidad na nangangailangan, kasama na ang mga nagtatrabahong pamilya na mababa ang kita, matatanda na hindi nagbabago ang kita, at beterano ng militar
- Magbibigay ng suporta sa mga taga-San Francisco na mababa ang kita at panggitna ang kita dahil gagawin nitong posible ang pagmamay-ari ng bahay sa pamamagitan ng down payment assistance loan (utang na makatutulong sa paunang bayad)

- Magkukumpuni at magtatayong muli ng distressed o lumang-luma nang pampublikong pabahay
- Tutugunan ang ating krisis sa homelessness o kawalan ng tahanan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng pabahay sa may kritikal na pangangailangan
- Popondohan ang permanenteng abot-kayang pabahay para sa mga edukador at empleyado ng San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) at City College (Kolehiyo ng Lungsod)
- Magtatakda ng mahihigpit na kontrol sa pananalapi at matatag na pangangasiwa upang matiyak na nailalaan ang mga pondo ayon sa ipinangako – tungo sa pagtatayo ng mas maraming pabahay para sa nangangailangan nito
- HINDI magtataas sa buwis

Magkakaroon ng mas malaking epekto ang Proposisyon A sa produksiyon ng abot-kayang pabahay kaysa sa anumang panukalang bond (utang ng gobyerno) sa kasaysayan ng San Francisco.

Gumawa ng mapangahas na aksiyon sa ika-5 ng Nobyembre.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon A, para sa mas abot-kayang pabahay ngayon.

Bisitahin ang www.affordablehomessf.com para sa karagdagang impormasyon.

Mayor London Breed

Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Norman Yee
Mga Superbisor Vallie Brown, Sandra Lee Fewer, Matt Haney, Rafael Mandelman, Gordon Mar, Catherine Stefani, Aaron Peskin, Hillary Ronen, Ahsha Safai at Shamann Walton

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

Sumasang-ayon kami kay Mayor Breed na ang pagiging abot-kaya ng pabahay ay mahalagang isyu, pero **hindi kritikal na hakbang pasulong ang Proposisyon A, kundi pagpapatuloy ng gayon pa ring masamang polisiya na siya na ngang nakatulong sa umpisa pa lamang upang umabot tayo sa ganitong sitwasyon.**

Hindi tapat ang Mayor sa kanyang pahayag na hindi magtataas ng buwis ang Prop A. Babayaran ang mga bond na ilalabas para sa programang ito gamit ang perang makokolekta mula sa mga property tax (amilyar). Posibleng hindi tumaas ang porsiyento ng buwis, pero tiyak na hindi ito bababa hanggang sa mabagalan ng Lungsod ang paggasta. Mula sa pagsusuri ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya):

“...humigit-kumulang \$101.57 ang pinakamataas nang tinatayang taunang halaga ng property tax para sa mga bond para sa may-ari ng bahay na may natayang halaga na \$600,000.”

Bakit gusto tayong papaniwalain ng mga Superbisor na gagawing mas abot-kaya ang pabahay ng pagbubuwis sa pabahay?

Sa halip, ang kailangan ng San Francisco ay mas maraming pabahay, na maaaring magawa ng City Hall sa pamamagitan ng pagpapaluwag sa

mga regulasyon—hindi sa pagtatakda ng mas marami pa nito. Direktang naaapektuhan ng pagpapataw ng property tax ang halaga ng pamumuhay at magkakaloob lamang ito ng *ilang* pabahay sa *ilang* tao, na maaaring hindi rin makayanan ang gastos para tumira rito.

Maraming bumbero, guro, nars, beterano, pamilya at matatanda na hindi magiging kuwalipikado para sa mga programang ito at sa halip, ay siyang magbabayad para sa gastos. Bakit mas hindi mahalaga ang mga taga-San Francisco na ito?

Sa pag-apruba ng panukalang-batas na ito, mararamdaman ng mga botante na parang may nagawa kami habang lalo lamang kaming paurong. **Hindi nagagawa ng Proposisyon A na maging mas abot-kaya ang pabahay.**

Huwag paloko sa pareho lang na retorika. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon A.

Libertarian Party of San Francisco (Partidong Libertarian ng San Francisco)
LPSF.org

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Isa na namang bandaid o pansamantalang solusyon ang Proposisyon A sa mga pagsusugat sa sarili ng politika sa San Francisco. Sa halip na tugunan ang ugat ng problema at huwag nang makialam, gustong linlangin ng cronies o magkakasabwat sa City Hall ang mga botante upang bigyan sila ng higit na kapangyarihan at mas malaking kontrol sa ating mga buhay. **Pinakamahal na sa buong bansa ang pabahay sa lungsod na ito — dahil ginawa nilang ganoon!**

Sa madaling salita, *HINDI* incentive o panghikayat ang mga programa para sa “abot-kayang pabahay” upang magtayo ng mas maraming pabahay. **Disincentive o nakapipigil ito sa mga developer na magtayo ng pabahay, iyon lang.** Pinupuwera ng gayong mga programa ang mga developer na sumunod sa istriktong mga kinakailangan, na naglilimita sa kanilang kakayahan na kumita ng pera, at dahil dito, iniwasan na nila sa simula pa lamang ang mga proyekto sa San Francisco. Kung gusto ng Board (Lupon) na dumami pa ang suplay ng pabahay at mabawasan ang gastos sa pamumuhay sa San Francisco, ang kailangan lang nilang gawin ay pahintulutan ang mga developer na magtayo ng pabahay!

Sa katunayan, **tataasan ng panukalang-batas na ito ang pangkalahatang gastos sa pamumuhay sa San Francisco**, dahil babayaran ito sa pamamagitan ng pagtataas ng property tax, **na ipapasa ang hanggang sa kalahati nito sa mga umuupa.** Isa itong \$600M programa na sa huli, gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis

ng **mahigit sa isang bilyon** matapos ang lahat, at ibubuhos ang pera upang higit na umasa ang mga taga-San Francisco sa lokal na Gobyerno upang mabuhay.

Ang totoo rito, ginagawang *mas hindi* abot-kaya ang pabahay ng mga programang para sa “abot-kayang pabahay!” Gusto nating lahat na dumami pa ang suplay ng pabahay, pero ang panukalang-batas na ito ay bilyong dolyar na drop in the bucket o kakaunti ang epekto.

Panahon na para tanggalin ang bandaid at pahintulutang maghilom ang mga sugat ng Lungsod! Para sa San Francisco, nangangahulugan ito ng hindi pakikialam ng gobyerno, upang maitayo natin, na taumbayan, ang Lungsod na gusto nating tirhan.

Hinihikayat namin kayong bumoto ng HINDI sa pang-aagaw ng kapangyarihan ng Proposisyon A.

Libertarian Party of San Francisco (Partidong Libertarian ng San Francisco)

LPSF.org

@San Francisco LP

Meetup.com/the-LPSF

Facebook.com/LPSF1

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Kritikal ang Proposisyon A sa Pagtugon sa Ating Krisis sa Pabahay

Hindi na maaaring magpatuloy pa ang ating krisis sa pabahay. Kailangang umaksiyon na tayo upang mapigilan ang pagpapaalis sa San Francisco ng ating mga nagtatrabahong pamilya, guro at first-responders (unang tumutugon sa panahon ng krisis) dahil sa abot-langit na upa. May pagkakataon tayo na gumawa ng agad na epekto sa pagiging abot-kaya ng San Francisco. Kailangan na nating maipasa ang bond na ito NGAYON.

Hindi Itinataas ng Prop A ang Buwis

HINDI itataas ng makasaysayang \$600 milyong bond ang buwis ng may-ari ng tahanan o umuupa. Polisiya ng Lungsod na limitahan ang halaga ng perang inutang nito sa pamamagitan ng paglalabas lamang ng mga bagong bond habang natatapos na ang pagbabayad sa naunang mga bond.

Ma-a-account (matitiyak kung epektibo) ang Prop A

Sa pamamagitan ng Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga General Obligation Bond), maipagkakaloob ang pagiging bukas ng impormasyon at pagkakaroon ng pananagutan, kung kaya't matitiyak na magagastos nang mahusay at responsable ang mga pondo ng bond. Walang maaaksaya kahit na isang dolyar, dahil kailangan ng mga taga-San Francisco ang bawat unit ng abot-kayang pabahay na itatayo gamit ang perang ito.

Gagawing mas Malakas ng Prop A ang San Francisco

Ang pinakamahahalagang manggagawa ng San Francisco — ang mga guro, bumbero, nars — ay nasa panganib nang umalis dahil hindi na

nila kaya ang gastos sa pagtira dito. Ang ating pinakabulnerableng mga residente — ang matatanda at mga pamilyang mababa ang kita — ay nasa panganib na kung wala ang mga tahananang ipagkakaloob ng bond na ito. Kritikal na hakbang ang botong Oo sa Prop A na maaari nating gawin ngayon din upang magkaloob ng abot-kayang pabahay para sa mga bulnerableng residente, at matulungan ang ating pinakamahahalagang manggagawa na maseguro ang kanilang kinabukasan sa ating Lungsod, at sa gayon, maging mas malakas ang ating komunidad. Samahan ang mga tagapagtaguyod ng abot-kayang pabahay, guro, at mga lider sa pananampalataya at negosyo sa pagboto ng Oo sa Prop A.

*Malcolm Yeung, Deputy Director (Katuwang na Direktor), Chinatown Community Development Center (Sentro para sa Pag-unlad ng Komunidad ng Chinatown)**

San Francisco Chamber of Commerce (Konseho ng mga Mangangalakal sa San Francisco)

Maribel Chavez, Guro ng SFUSD

Reverend James McCray, Executive Director (Ehekutibong Direktor), Tabernacle CDC

*Anni Chung, CEO at Presidente, Self Help for the Elderly (Pagtulong sa Sarili ng Matatanda)**

*Myrna Melgar, Presidente, Planning Commission (Komisyon sa Pagpapalano)**

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



B

Department of Disability and Aging Services (Departamento ng mga Serbisyo para sa Kapansanan at sa Pagtanda)

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter nito upang mabago ang pangalan ng Department of Aging and Adult Services (Departamento ng mga Serbisyo sa Pagtanda at Nasa Sapat na Gulang) tungo sa Department of Disability and Aging Services (Departamento ng mga Serbisyo para sa Kapansanan at sa Pagtanda); upang mabago ang pangalan ng Aging and Adult Services Commission (Komisyon ng mga Serbisyo sa Pagtanda at Nasa Sapat na Gulang) tungo sa Disability and Aging Services Commission (Komisyon ng mga Serbisyo para sa Kapansanan at sa Pagtanda); at upang magdagdag ng mga bagong kuwalipikasyon para sa tatlo sa pitong posisyon sa Komisyon ito?

OO	<input type="radio"/>
HINDI	<input type="radio"/>

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Ang Department of Aging and Adult Services (Departamento) ay ahensiya ng Lungsod na itinatag sa ilalim ng Tsarter ng Lungsod, at nakikipag-ugnay ito at nagkakaloob ng mga serbisyong panlipunan sa mga nakatatanda at nasa sapat na gulang na may kapansanan sa San Francisco. Pinamamahalaan ng Aging and Adult Services Commission (Komisyon) ang Departamento.

Mayroong pitong miyembro ang Komisyon na itinalaga ng Mayor. Kailangang mga residente at rehistradong botante ng San Francisco ang lahat ng miyembro ng Komisyon.

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon B ang susog sa Tsarter na magpapalit sa pangalan ng Department of Aging and Adult Services tungo sa Department of Disability and Aging Services.

Papalitan ang pangalan ng Aging and Adult Services Commission tungo sa Disability and Aging Services Commission.

Magtatakda rin ang Proposisyon B ng bagong mga kuwalipikasyon para sa tatlo sa pitong miyembro ng Komisyon:

- May isang posisyon na hahawakan ng tao na 60 taong gulang o mas matanda pa;
- May isang posisyon na hahawakan ng taong may kapansanan; at
- May isang posisyon na hahawakan ng taong nakapaglingkod na sa military o sandatahang lakas ng Estados Unidos.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang Tsarter upang palitan ang mga

pangalan tungo sa Department of Disability and Aging Services at sa Disability and Aging Services Commission; at gusto ninyong magdagdag ng mga bagong kuwalipikasyon para sa tatlo sa pitong posisyon sa Komisyon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "B"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon B:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang panukalang amyenda sa Tsarter ng mga botante, magkakaroon ito ng kakaunting epekto sa gastos ng gobyerno.

Papalitan ng panukalang amyenda sa Tsarter ang pangalan ng Aging and Adult Services Commission tungo sa Disability and Aging Services Commission at magdaragdag ng mga kuwalipikasyon para sa tatlo sa pitong posisyon sa Komisyon. Babaguhin ng panukalang amyenda ang pangalan ng Department of Aging and Adult Services tungo sa Department of Disability and Aging Services, at babaguhin ang pangalan ng Aging and Adult Services Community Living Fund (Pondo para sa Pamumuhay sa Komunidad ng mga Serbisyo sa Pagtanda at Nasa Sapat na Gulang) tungo sa Disability and Aging Services Community Living Fund (Pondo para sa Pamumuhay sa Komunidad ng mga Serbisyo sa Kapansanan at sa Pagtanda).

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 35.



Kung Paano Napunta sa Balota ang "B"

Noong Hulyo 23, 2019, bumoto ang Board of Supervisors ng 10 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon B sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Brown, Fewer, Mandelman, Mar, Peskin, Ronen, Safai, Stefani, Walton, Yee.

Hindi: Wala.

Lumiban: Haney.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 35.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

Ang Department of Aging and Adult Services (Departamento ng mga Serbisyo sa Pagtanda at Nasa Sapat na Gulang, ang “Departamento”) ang pangunahing ahensiya ng lungsod ng San Francisco na inatasang magkaloob ng komprehensibong social safety net services (mga serbisyo para maprotektahan ang mga mababa ang kita mula sa paghihirap) sa matatanda at nasa sapat na gulang na may kapansanan sa San Francisco.

Tumutulong ang Departamento sa mahigit sa 1 sa 4 na taga-San Francisco na kailangan ng suporta habang tumatanda. Gayon pa man, lingid sa kaalaman ng nakararami, ang Departamento rin ang tahanan para sa mga serbisyo at rekurso ng mga indibidwal na namumuhay nang may kapansanan.

Ayon sa 2016 Census, mayroong 94,000 taga-San Francisco na namumuhay nang may kapansanan--na ang ibig sabihin, isa sa sampung residente.

Hindi epektibong naipaaabot ng kasalukuyang pangalan ng Departamento ang papel na ito sa komunidad. Hindi malinaw kung layunin rin ng terminong “Adult” (Nasa Sapat na Gulang) na tukuyin ang mga nasa sapat na gulang na may kapansanan. May totoong epekto ito sa mga miyembro ng ating komunidad na namumuhay nang may kapansanan. Hindi nila alam na nariryan ang Departamento, at ang lahat ng mga rekurso nito, upang matulungan sila. Sa pamamagitan ng pagpapalit sa pangalan ng Departamento tungo sa “Department of Disability and Aging Services,” higit na mas tamang masasalamain ang papel na ito at magagabayan ang mga miyembro ng komunidad na makipag-ugnay sa Departamento para sa suporta.

Bilang Lungsod, kailangan nating suportahan ang ating lumalaking populasyon ng mga tumatandang nasa sapat na gulang at iyong mga namumuhay nang may kapansanan, at isang madaling paraan upang magawa ito ay ang mas epektibong ikonekta ang Departamento sa mga residenteng kailangan ng suporta nito upang tumanda at mamuhay nang may dignidad.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon B!

Mayor London Breed

Presidente, Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Norman Yee

Superbisor Vallie Brown

Superbisor Sandra Lee Fewer

Superbisor Matt Haney

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Ahsha Safai

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Shamann Walton

Walang Isinuniteng Sagot o Argumento laban sa Proposisyon B

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



C

Mga Produktong Vapor

Dapat bang ipawalang-bisa ng Lungsod ang batas na ipinasa ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) na pinahihinto ang pagbebenta ng elektronikong sigarilyo hanggang sa makatanggap ang mga ito ng awtorisasyon ng FDA, at magpatibay ng mga bagong regulasyon ukol sa pagbebenta, pagmamanupaktura, at pamamahagi ng elektronikong sigarilyo, at sa paggawa ng adbvertisement ukol sa mga ito, sa San Francisco?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Nagpapatupad ng mga regulasyon ang Lungsod at ang Estado ng California ukol sa pagbebenta ng mga produktong tabako. Kasama sa mga “produktong tabako” ang mga produktong vapor tulad ng elektronikong sigarilyo, cartridge nito at iba pang bahagi, at likidong nikotina. Ang elektronikong sigarilyo ay kagamitang pinatatakbo ng baterya, at ginagawa nitong vapor ang likidong nikotina at inihahatid sa gumagamit.

Pinamamahalaan ng mga batas ng Lungsod at ng Estado ang pagbebenta ng elektronikong sigarilyo sa San Francisco sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

- Ipinagbabawal ng Lungsod at ng Estado ang pagbebenta sa tindahan ng mga produktong tabako sa mga tao na mas bata sa edad 21 at ipinagbabawal ng Estado ang pagbebenta ng mga produktong tabako sa internet sa mga tao na mas bata sa edad 21;
- Ipinagbabawal ng Lungsod ang pagbebenta ng elektronikong sigarilyo sa lahat ng lugar kung saan ipinagbabawal ang pagbebenta ng iba pang produktong tabako;
- Ipinagbabawal ng Lungsod ang pagbebenta ng mga produktong tabako na flavored o may lasa, kasama na ang flavored na elektronikong sigarilyo;
- Ipinagbabawal ng Lungsod ang pagbebenta, pagmamanupaktura at distribusyon ng elektronikong sigarilyo at iba pang produktong tabako sa ari-arian ng Lungsod; at
- Ipinagbabawal ng Lungsod ang mga adbvertisement ng ilang produktong tabako sa billboard o iba pang karatulang nakikita ng publiko sa San Francisco at sa ari-arian ng Lungsod. Nagpapataw ang Pederal at Pang-estadong batas ng karagdagang mga restriksiyon sa adbvertisement ukol sa mga produktong tabako.

Pinamamahalaan ng Lungsod at ng Estado ang pagbebenta ng elektronikong sigarilyo ayon sa mga sumusunod:

- Kailangang kumuha ang mga nagbebenta ng tabako ng permit mula sa Lungsod at sa Estado, at kailangang kumuha ang mga distributor o tagapamahagi ng tabako ng lisensiyang mula sa Estado;
- Itinatakda ng batas ng Estado na tingnan ng mga nagbebenta ng tabako ang identipikasyon ng sinumang kostumer na mukhang mas bata sa edad 21, at iimbak ang mga elektronikong sigarilyo kung saan hindi makukuha ang mga ito ng kostumer nang walang tulong; at
- Itinatakda ng batas ng Estado sa nagbebenta at distributor ng elektronikong sigarilyo sa internet na tiyakin na hindi bababa sa 21 taong gulang ang kostumer.

May awtoridad ang U.S. Food and Drug Administration (Administrasyon para sa Pagkain at Gamot, FDA) para magbigay ng awtorisasyon o tumangging magbigay ng awtorisasyon sa pagbebenta ng mga produkto na elektronikong sigarilyo sa Estados Unidos. Mayroong hanggang Mayo 11, 2020 ang mga nagbebenta ng mga produkto na elektronikong sigarilyo para mag-apply sa FDA ng awtorisasyon at mayroon namang isang taon mula sa petsa ng aplikasyon ang FDA para magdesisyon kung iaawtorisa nito ang pagbebenta ng mga produktong sakop ng aplikasyon. Maaaring magbenta ng mga produkto na elektronikong sigarilyo kahit walang awtorisasyon ng FDA hanggang sa petsa bago tumangging magbigay ng awtorisasyon ang FDA para sa pagbebenta ng mga produktong sakop ng aplikasyon, o isang taon pagkatapos ng petsa ng aplikasyon. Hanggang nitong Mayo 2019, wala pang isinumite sa FDA na aplikasyong humihingi ng awtorisasyon para magbenta ng mga produkto na elektronikong sigarilyo at hindi pa inaawtorisa ng FDA ang pagbebenta ng anumang gayong produkto. Simula sa huling bahagi ng Enero 2020, sususpindihin ng Lungsod ang pagbebenta ng mga produkto na elektronikong sigarilyo na hindi inaawtorisa ng FDA.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 35.



Ang Mungkahi: Bibigyan ng awtorisasyon at pamamahalaan ng Proposisyon C ang pagbebenta sa tindahan, pagkakaroon ng makukuhang produkto, at pagmamarket o pagpapasigla sa bentahan ng elektronikong sigarilyo sa San Francisco. Ang panukalang-batas ay:

- Magpapawalang-bisa sa batas ng Lungsod na ipinasa ng Board of Supervisors kung saan sinususpendi ang pagbebenta ng elektronikong sigarilyo hanggang sa makatanggap ang mga ito ng awtorisasyon ng FDA; at
- Magpapawalang-bisa sa bahagi ng batas ng Lungsod upang pahintulutan ang pagbebenta, pagmamanupaktura, at pagbebenta sa online na tindahan ng elektronikong sigarilyo sa ari-arian ng Lungsod.

Posibleng ipawalang-bisa ng Proposisyon C ang iba pang batas ng Lungsod na ipinatutupad sa elektronikong sigarilyo, kasama na ang batas ng Lungsod na nagbabawal sa pagbebenta ng elektronikong sigarilyong flavored o may lasa.

Magpapataw ang Proposisyon C ng mga bagong regulasyon sa pagbebenta at distribusyon ng elektronikong sigarilyo sa San Francisco, ayon sa mga sumusunod:

- Itatakda sa nagbebenta na i-scan ang identipikasyon na may larawan upang patunayan na 21 taong gulang o mas matanda pa ang kostumer;
- Ipagbabawal sa nagbebenta na magtinda ng mahigit sa dalawang kagamitan para sa elektronikong sigarilyo o limang kompletong pakete ng produkto na likidong nikotina sa bawat transaksyon; at
- Itatakda sa mga nagbebenta na bigyan ng pagsasanay ang kanilang mga empleyado nang dalawang beses sa isang taon.

Itatakda rin ng Proposisyon C sa mga indibidwal at entidad na nagtitinda ng mahigit sa 100 elektronikong sigarilyo kada taon sa internet sa mga kostumer na taga-San Francisco na:

- Kumuha ng permit mula sa Lungsod;
- Tiyakin na hindi bababa sa 21 taong gulang ang mga kostumer; at
- Magtinda ng hindi hihigit sa dalawang kagamitan para sa elektronikong sigarilyo o 60 milliliters ng likidong nikotina, kada buwan, sa bawat kostumer.

Ipagbabawal ng Proposisyon C ang paggawa ng advertisement tungkol sa elektronikong sigarilyo, na dinisenyo upang maging kaakit-akit sa mga menor de edad, o ang paggamit ng pamamaraan sa pag-aadvertise na alam ng marami na pangunahing nakikita ng mga indibidwal na mas bata sa edad na 21.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong ipawalang-bisa ang batas na ipinasa ng Board of Supervisors na pinahihinto ang pagbebenta ng elektronikong sigarilyo hanggang sa makatanggap ang mga ito ng awtorisasyon ng FDA, at magpatibay ng mga bagong regulasyon ukol sa pagbebenta, pagmamanupaktura, at pamamahagi ng elektronikong sigarilyo, at sa paggawa ng advertisement ukol sa mga ito, sa San Francisco.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” gusto ninyong panatilihin ang nariyan nang mga batas na pinamahalaan ang mga elektronikong sigarilyo.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "C"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon C:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang panukalang inisyatibang ordinansa ng mga botante, magkakaroon ito ng katamtamang epekto sa gastos ng gobyerno para sa mga outreach at pang-edukasyong programa.

Aamyendahan ng mungkahing ordinansa ang Health code (kodigo sa Kalusugan) ng San Francisco upang bigyan ng awtorisasyon at pamamahalaan ang pagbebenta, pagkakaroon ng makukuhang produkto, at pagmamarket ng mga elektronikong sigarilyo sa San Francisco, sa ilalim ng ilang kondisyon. Ipinasa ng Board of Supervisors ang batas na magkakabisa sa Enero 2020 upang ipagbawal ang pagbebenta ng elektronikong sigarilyo na hindi pa nakadaraan sa itinatakda na pre-market review ng U.S. Food and Drug Administration. Ipapawalang bisa ng mungkahing ordinansa ang probisyong ito ng batas at ipapawalang bisa ang bahagi ng batas ng Lungsod upang pahintulutan ang pagbebenta, pagmamanupaktura at pagbebenta ng online na tindahan ng elektronikong sigarilyo sa ari-arian ng Lungsod. Ipagbabawal ang pag-aadvertise sa mga elektronikong sigarilyo sa paraang nakahihikayat sa mga menor de edad.

Itatakda ng mungkahing ordinansa sa mga nagbebenta online ng mahigit sa 100 produkto na elektronikong sigarilyo kada taon na kumuha ng permit mula sa Lungsod para makapagbenta ng mga bagay na ito, nang may ilang kondisyon. Itatakda sa mga establisamyentong may pisikal na tindahan na i-scan ang balidong identipikasyon ng kostumer at limitahan ang bilang ng produkto na elektronikong sigarilyo na ibinebenta kada transaksyon. Makapagtatakda na ang Board of Supervisors ng makatwirang regulatory fee (singil para sa pangangasiwa) para sa layunin ng mga permit na itinatakda sa mungkahing ordinansa. Itatakda ng mungkahing ordinansa sa Department of

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tagawan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 35.



Public Health (Departamento ng Pamublikong Kalusugan) na bumuo ng mga outreach (pag-abot sa nakararami) at pang-edukasyong programa para sa kabataan ukol sa mga epekto ng paggamit sa nikotina at vaping, na tinataya na magiging \$500,000 hanggang \$725,000 kada taon, bagamat posibleng mapahihintulutan ang mga gastos na ito kapag pinagpapasyahan ang mga singil para sa tobacco permit (pahintulot sa pagbebenta ng mga produktong tabako). Inaasahan kong de minimis (hindi mahalaga) ang epekto sa kita sa buwis ng Lungsod.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "C"

Noong Hulyo 10, 2019, nagbigay ng sertipikasyon ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) na mayroon nang sapat na bilang ng balidong lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling na mailagay ang Proposisyon C sa balota upang maging kuwalipikado ang panukalang-batas para sa balota.

Itinatakda ang pagkakaroon ng 9,485 lagda upang makapaglagay ng isang inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ang numerong ito ng 5% ng kabuuang bilang ng mga tao na bumoto para sa Mayor noong 2015. Ipinapakita ng ala-suwerteng pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga nagmungkahi ng inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite na Hulyo 8, 2019, na mas malaki ang kabuuang bilang ng balidong lagda kaysa sa itinatakdang kailangan na bilang.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 35.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

Lilikha ang Prop C ng pinakamahirap nang regulasyon sa U.S. upang mapigilan ang vaping ng kabataan, habang pinananatili ang pagpapasya ng mga nasa sapat na gulang.

Ang mga combustible cigarette (sigarilyong hinihithit) ang pinakanakamamatay nang produktong pangkonsumer na ibinebenta mula noon hanggang ngayon — napapatay nito ang isa sa dalawang gumagamit nito nang pangmatagalan. Ito ang dahilan kung bakit pinapaboran ng nangungunang mga opisyal sa pampublikong kalusugan mula sa New York University, University of Michigan, Oxford University (UK), at iba pang institusyon ang pagkakaroon ng mahigpit na regulasyon sa mga produktong vapor, sa halip na ang pagbabawal nito, at nang mapigilan ang vaping ng kabataan at panatilihin ang pagkakaroon ng pamamaraang makakuha nito, bilang mas hindi mapanganib na alternatibo sa mga naninigarilyong nasa sapat na gulang.

Ngayong taon lamang, mahigit sa 8 milyong tao ang mamamatay nang dahil sa mga sakit na kaugnay ng paninigarilyo ng mga combustible cigarette — 1.2 milyon sa mga tao na ito ang mamamatay nang dahil sa secondhand smoke (usok mula sa paninigarilyo ng iba). Regalo sa Big Tobacco (malalaking kompanya ng mga produktong tabako) ang pagbabawal sa mga produktong vapor habang iniwang nasa mga estante ng tindahan ang mga sigarilyo.

Nagsisimula ang Prop C sa pagpapanatili sa nariryan nang pagbabawal ng lungsod sa mga may-lasang e-cigarette at pagdaragdag ng mas

istriktong regulasyon upang mapigilan ang pagkakaroon ng paraan na makakuha at makagamit ang kabataan ng mga produktong vapor.

1. Ipagbabawal nito ang pagbebenta ng mga produktong vapor sa mga menor de edad.
2. Ipahihinto nito ang malakihang pagbebenta ng mga produktong vapor upang mapigilan ang muling pagbebenta sa black market (hindi legal na pagbebenta) sa kabataan.
3. Itatakda nito sa mga nagbebenta na i-scan ang mga ID na mula sa gobyerno upang matingnan ang edad (21+) at pagkakaroon ng bisa ng ID upang maiwasan ang pagbebenta sa kabataan.

Alam ng mga taga-San Francisco na hindi nila dapat pagkatiwalaan ang pagbabawal bilang solusyon sa problema ukol sa pampublikong kalusugan. Dapat hindi mapasakamay ng kabataan ang mga produktong vapor, pero ang pagbabawal sa kanila habang iniwan ang mga sigarilyo sa estante ng mga tindahan ay HINDI ang solusyon.

Sumama sa Coalition for Reasonable Vaping Regulation (Koalisyon para sa Makatwirang mga Regulasyon ukol sa Vaping), na binubuo ng mga lider ng maliliit na negosyo, organisasyon sa paggawa, Demokratikong club, at libo-libong nasa sapat na gulang na lumipat na sa vaping, na sinusupportahan ang Prop C upang matigil na ang vaping ng kabataan habang pinoprotektahan ang pagpapasya ng mga nasa sapat na gulang.

Coalition for Reasonable Vaping Regulation, Kasama na ang May-ari ng mga Groserya sa Komunidad

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

Huwag magpaloko sa Juul. Bumoto ng Hindi sa C.

Sinulat ng Juul at ng Big Tobacco ang Proposisyon C upang linlangin ang mga botante tungo sa pag-urong sa mahihigpit na restriksiyon ng San Francisco sa ilang produktong tabako, at para tanggalin sa mga opisyal ng San Francisco ang mga pagsusumikap sa hinaharap na may-layo ang mga bata at tinedyer mula sa mga e-cigarette.

Sa loob ng maraming dekada, nakipaglaban na ang American Lung Association (Amerikanong Asosasyon para sa Baga), ang American Heart Association (Amerikanong Asosasyon para sa Puso), ang American Cancer Society Cancer Action Network (Ugnayan para sa Pagkilos ng Amerikanong Samahan para sa Kanser), ang Tobacco-Free Kids Action Fund (Pondo sa Pag-aksiyon upang Hindi Gumamit ng Tabako ang mga Bata) at ang San Francisco-Marin Medical Society (Samahang Medikal ng San Francisco at Marin) upang maprotektahan ang mga bata mula sa tabako. Pinag-aralan ng mga iginagalang na organisasyong ito ang Proposisyon C at nakarating sila sa konklusyon na pahihintulutan ng Proposisyon C ang flavored o mga may-lasang e-cigarette, na walang pag-apruba ng FDA, pabalik sa estante ng mga tindahan. Hinihikayat nila ang inyong pagboto ng HINDI.

Gumagasta ang Juul (isang kompanya ng e-cigarette kung saan may bahaging pag-aari ng Altria/Philip Morris/Marlboro) ng milyon-milyong dolyar sa hindi tapat/mapanlinlang na kampanya upang mabaligtad ang mga restriksiyon ng San Francisco sa mga e-cigarette.

Tinatarget ng mga kompanya ng e-cigarette ang mga bata sa pamamagitan ng mga produktong tabako na lasang-kendi, tulad ng cotton candy,

tsokolate at gummy bear, at nang makuha ang kanilang atensiyon sa tabako at nikotina. 81% ng mga bata na nakagamit na ng tabako ang nagsimula sa may-lasang produkto. Nitong nakaraang taon, umakyat sa 78% ang paggamit ng e-cigarette, kung kaya't nagkaroon ng pagsisiyasat sa Kongreso ukol sa mga gawain sa pagbebenta ng Juul, kung saan tinatarget ang kabataan. Naiugnay na ng mga bagong pag-aaral ang e-cigarette at “vaping” sa mga sakit sa baga ng mga nagbibinata at nagdadalaga, at ng mga kasasapit pa lang sa sapat na gulang.

Nitong nakaraang taon, bumoto ang napakaraming botante ng San Francisco upang ipagbawal ang mga e-cigarette na lasang-kendi na popular sa kabataan. Ngayon, sinusubukan ng Juul na baligtarin ang pasya ng mga botante ng San Francisco sa pamamagitan ng pagsusulat ng mapanlinlang na panukalang-batas na ito.

Bahagi ang Proposisyon C ng pambansang kampanya ng Juul na baligtarin ang pagsusumikap ng mga lokal na komunidad upang mapigil ang epidemya ng vaping sa kabataan.

Pakisamahin kami at ang mga lider sa kalusugan ng San Francisco sa pagboto ng HINDI sa Proposisyon C na ito na itinataguyod ng industriya ng tabako:

American Heart Association
American Cancer Society Cancer Action Network
Tobacco-Free Kids Action Fund
San Francisco-Marin Medical Society

Mayor London Breed

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon C

HUWAG BILHIN ANG KASINUNGALINGAN TUNGKOL SA PROP C NA MULA SA JUUL NG BIG TOBACCO

Nitong nakaraang taon, tumaas na nang abot-langit ang vaping ng nikotina ng mga Amerikanong nasa ika-10 at ika-12 grado tungo sa pinakamalaki nang bilang na nairekord ng National Institute on Drug Abuse (Pambansang Instituto sa Pang-aabuso sa Droga) — sa 43-taon na kasaysayan nito ng pagsasurvey — ukol sa anumang nakakaadik na sangkap. Higit pa sa nadoble ang dating rekord.

Idineklara ng U.S. Surgeon General (pinuno ng serbisyo para sa pampublikong kalusugan) ang adiksiyon sa e-cigarette ng kabataan bilang “isang epidemya.” Sinabi ng Dating Komisyoner ng FDA, na si Scott Gottlieb na, “Wala nang pagdududa pa na itinulak ng produktong Juul ang malaking bahagi ng paggamit ng kabataan.”

Tinugunan ng Mayor ng San Francisco at ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang epidemyang ito sa pamamagitan ng pagboto ng lahat tungo sa pagpapatibay ng mahihigpit na regulasyon sa mga e-cigarette.

Ano ang naging reaksiyon ng Juul? Ang Prop C, na multi-milyong inisyatiba na sinulat ng industriya ng tabako upang mabaligtad ang mga batas ng S.F. laban sa tabako.

Ang Juul — na tinutulungan ng bilyon-bilyong dolyar mula sa parent company (mas malaking kinabibilangang kompanya) ng Philip Morris USA na Altria — ay nagbebenta ng mga kasinungalingan:

- **NAGSISINUNGALING ANG JUUL** na hindi binabaligtad ng Prop C ang pagbabawal sa tabakong may lasang-kendi na pinagtibay ng mga botante nitong nakaraang taon para sa mga e-cigarette. Ang totoo, ang mga pinagkakatiwalaan at may kaalamang awtoridad sa pampublikong kalusugan at ang mga abugado — kasama na ang dating City Attorney (Abugado ng Lungsod) na si Louise Renne, ang

American Heart Association, ang American Cancer Society, at ang American Lung Association — ay iba ang naging konklusyon.

- **NAGSISINUNGALING ANG JUUL** na makabuluhang regulasyon ang Prop C. Ang totoo, uunahan na ng Prop C ang mga pagkontrol ng San Francisco sa mga e-cigarette, kaya’t habambuhay nang mahaharangan ang mga lokal na awtoridad sa pampublikong kalusugan at ang mga inihalal na opisyal sa pagprotekta sa kabataan mula sa adiksiyon sa mga e-cigarette.
- **NAGSISINUNGALING ANG JUUL**, sa pagsasabi nito na inilagay nila ang Prop C sa balota upang mapigilan ang pagkakaroon ng mga bata ng paraang makakuha ng mga produktong vapor. Ang totoo, ang mga abugado ng Juul at ng industriya ng tabako ang sumulat ng Prop C upang protektahan ang kanilang mga kita, at hindi upang protektahan ang mga bata.
- **NAGSISINUNGALING ANG JUUL**, sa pagsasabing pipigilan ng Prop C ang vaping ng kabataan. Sa katunayan, inilarawan ng kasamang tagapagtatag ng Juul ang epidemya ng vaping sa kabataan sa ganitong paraan: “Lumilikha ng malaking ingay ang medyo maliit na porsiyento ng mga konsumer na wala pa sa sapat na edad.”

HUWAG BILHIN ANG MGA KASINUNGALINGAN NG BIG TOBACCO, SAN FRANCISCO! BUMOTO NG HINDI SA PROP C!

Superbisor Shamann Walton
Superbisor Sandra Lee Fewer
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor Gordon Mar
Superbisor Vallie Brown
Superbisor Norman Yee

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon C

Judy Smith ang pangalan ko. Isa akong ina, retiradong guro at — hanggang kamakailan — habambuhay nang naninigarilyo. Gaya ng maraming naninigarilyo na nasa sapat nang gulang sa San Francisco, gumagamit ako ng vaping para hindi na gumamit ng sigarilyo matapos ang serye ng mga bigong pagtatangka.

Nasasaktan at nahihiya ako dahil sa mga hindi totoo at may politikal na motibasyong pahayag, na ginagamit ng ilang miyembro ng Board of Supervisors sa debate ukol sa vaping. Noong nasuri ako na may kanser, tiyak kong mamamatay na ako. Kinailangan ko ng tulong. Binigyan ako ng kakayahan ng mga produktong vapor na matakasan sa wakas ang mga sigarilyo.

Tumestigo ako at ang marami pang ibang “switcher” (lumipat mula sa paninigarilyo tungo sa vaping) sa harap ng Board of Supervisors tungkol sa makatwirang mga regulasyon na maaari sanang naitakda ng lungsod upang maprotektahan ang kabataan, habang pinananatili ang mga karapatan at kalayaang magpasya ng mga nasa sapat na gulang. Sa halip, hindi kami pinansin ng mga politiko at hindi pinansin ang rekomendasyon ng dose-dosenang eksperto sa pampublikong

kalusugan at sa pagbabawas sa kapahamakan, at bumoto sila para sa outright ban (buong-buo ang pagbabawal) sa lahat ng produktong vapor. Kapag ipinatupad ito, hindi na ako makakukuha ng legal na produktong ipadadala sa pamamagitan ng koreo sa pribadong espasyo ng sarili kong tahanan. Iyan ang dahilan kung bakit sumali ako sa koalisyon na sumusuporta sa Prop C.

Binubuo ang Prop C ng mga regulasyong batay sa sentido komun na dapat sanang isinaalang-alang ng lupon sa halip na outright ban – kung nagkaroon lamang sila ng motibasyon upang tunay na tugunan ang isyu ng vaping ng kabataan sa halip na pag-iiskor ng mga politikal na punto.

Klaruhin natin ito: Hindi ako “Big Tobacco.” Kinakatawan ko ang isa sa maraming taga-San Francisco na nakikinabang mula sa pagkakaroon ng vaping bilang alternatibo sa mga sigarilyo.

Higit pa rito ang magagawa natin. Samahan ako sa pagsuporta sa Proposisyon C.

Judy Smith

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



D

Buwis para Mabawasan ang Kasikipan ng Trapiko

Dapat bang magpataw ang Lungsod ng 1.5% buwis sa negosyo sa shared rides (tulad halimbawa ng Uber o Lyft) at ng 3.25% buwis sa negosyo sa mga pribadong pagsakay para sa pamasahe sinisingil ng komersiyal na kompanyang ride-share at kompanya ng mga driverless-vehicle (sasakyang walang nagmamaneho), hanggang sa Nobyembre 5, 2045, na hahantong sa pagkakaroon ng tinatayang \$30–35 milyon taon-taon, upang mapondohan ang mga pagpapahusay sa serbisyo ng Muni at kaligtasan ng mga bisikleta at naglalakad?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Hindi nagpapataw ang Lungsod ng buwis sa negosyo sa pamasahe sinisingil ng mga komersiyal na kompanyang ride-share.

Nagkakaloob ang mga komersiyal na kompanyang ride-share ng mga pagsakay sa pasahero kapalit ng pamasahe. Nagsasaayos din ang mga kompanyang ito ng shared ride, at nagbabayad ang bawat pasahero ng hiwalay na pamasahe. Karaniwang hinihiling ang mga pagsakay gamit ang online na plataporma upang makonekta ang mga drayber sa mga pasahero.

Hindi komersiyal na kompanyang ride-share ang mga taksi at kompanyang paratransit (sasakyan para sa may kapansanan).

Sa hinaharap, posibleng bigyan ng awtorisasyon ng Estado ang mga kompanya na maningil sa mga pasahero para sa pagsakay sa mga driverless vehicle.

Ang San Francisco Municipal Transportation Agency (Ahensiya ng San Francisco para sa Munisipal na Transportasyon, SFMTA) ang ahensiya ng Lungsod na namamahala sa sistema ng transportasyon ng Lungsod, kasama na ang mga bus at tren ng Muni, bisikleta, trapiko, paradahan, at taksi. Ang San Francisco County Transportation Authority (Ahensiya ng San Francisco para sa Transportasyon sa County, SFCTA) ang ahensiya ng County na hiwalay sa Lungsod, at nagpoondo at nagpapalano ito ng mga proyektong pantransportasyon. Nagsisilbi ang San Francisco Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) bilang tagapamahalang lupon ng SFCTA.

Ang Mungkahi: Simula Enero 1, 2020, magpapataw ang Proposisyon D ng buwis sa negosyo sa mga komersiyal na kompanyang ride-share para sa pamasahe na ibinabayad sa mga pagsakay na nagsisimula sa San Francisco, ayon sa mga sumusunod:

- 1.5% sa pamasahe para sa shared-ride (may kasamang ibang pasahero); at
- 3.25% sa pamasahe para sa private-ride (walang kasamang ibang pasahero).

Ipatutupad rin ang ganitong buwis sa negosyo sa mga kompanya ng driverless-vehicle. Ipapataw ng Lungsod ang mga buwis na ito sa mga pamasahe na sinisingil ng mga kompanyang ito hanggang Nobyembre 5, 2045.

Ipatutupad sa mga pagsakay ng pasahero sa sasakyang zero-emission (walang ibinubugang exhaust gas mula sa tambutso) ang 1.5% buwis sa negosyo hanggang Disyembre 31, 2024.

Idedeposito ng Lungsod ang kita mula sa buwis (tinatayang nasa \$30 milyon hanggang \$35 milyon taon-taon) sa Traffic Congestion Mitigation Fund (Pondo para Mabawasan ang Kasikipan ng Trapiko) upang magastos para sa mga sumusunod na layunin:

- Tatanggap ang SFMTA ng humigit-kumulang sa kalahati ng kita upang mapahusay ang serbisyo at pagiging maaasahan ng Muni, mapanatili sa maayos na kondisyon at maparami o mapalawak ang mga sasakyan at pasilidad ng Muni, at mapahusay pa ang mga paraan upang makapasok at magamit ang mga estasyon ng Muni; at
- Tatanggap ang SFCTA ng humigit-kumulang sa kalahati ng kita upang mapahusay ang kaligtasan ng mga naglalakad at bisikleta.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong magpataw ng 1.5% buwis sa negosyo sa shared rides at ng 3.25% buwis sa negosyo sa mga pribadong pagsakay para sa pamasahe sinisingil ng komersiyal na kompanyang ride-share at kompanya ng mga driverless-vehicle upang mapondohan ang mga pagpapahusay sa serbisyo sa Muni at kaligtasan para sa mga bisikleta at naglalakad.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong ipataw ang buwis sa negosyo na ito.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 35



Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "D"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon D:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang mungkahing ordinansa ng mga botante, magresulta ito sa pagtaas ng taunang kita mula sa buwis sa Lungsod nang humigit-kumulang \$30 hanggang \$35 milyon. Ang mungkahing buwis ay dedicated tax (buwis na may pinagtutuunan) at idedeposito ang mga kita sa Traffic Congestion Mitigation Fund.

Amyendahan ng mungkahing ordinansa ang Business Tax and Regulations Code (Kodigo sa Buwis sa Negosyo at mga Regulasyon) upang magpataw ng excise tax (buwis sa pagbebenta) na 3.25 porsiyento ng pamasahe ng pasahero, nang hindi kasama ang anumang buwis, bayad, at iba pang singil ng gobyerno, para sa mga pagsakay na ipinagkakaloob ng mga network o samahan ng mga kompanyang pantransportasyon at mobility provider (kompanyang gumagamit ng app para sa pagkuha ng sasakyan) ng mga sasakyang autonomous (walang drayber) at mga sasakyang nagbibigay ng serbisyo para sa pribadong transportasyon. Magiging 1.5 porsiyento ang bayad na buwis para sa mga shared ride. Ipatutupad ang buwis sa Enero 1, 2020 para sa mga pagsakay na magmumula sa San Francisco, at mawawalan ito ng bisa sa Nobyembre 5, 2045. Bubuwisan ang mga pagsakay na ibinibigay ng mga sasakyang zero-emission mula Enero 1, 2020 hanggang Disyembre 31, 2024 nang 1.5 porsiyento.

Itatag ng mungkahing ordinansa ang Traffic Congestion Mitigation Fund. Matapos ang pinahihintulutang mga administratibong gastos, magkakaloob ang 50 porsiyento ng Pondo ng pagpopondo para sa Municipal Transportation Agency para sa serbisyong pantransportasyon at pagiging abot-kaya ng Muni, pagiging maaasahan ng sistema at kapasidad nito, at pagpapanatili sa imprastrukturang pantransportasyon sa maayos na kondisyon, para sa naitakda nang mga layunin. Magkakaloob ang natitirang 50 porsiyento ng pagpopondo sa San Francisco County Transportation Authority para sa pagpapalano, pag-aaral ng disenyo, at/o mga capital improvement (pagpapahusay sa mga ari-arian) na nagtataguyod sa kaligtasan ng mga gumagamit sa karapatan-sa-daan ng publiko, para sa naitakda nang mga layunin. Binibigyan ng awtorisasyon ng mungkahing ordinansa ang Lungsod na maglaan mula sa kita ng Pondo ng para sa pagbabayad sa mga limited tax bond (utang ng gobyerno na ginagarantiyahan ng espesipikong buwis), nang hanggang sa \$300,000,000.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "D"

Noong Hulyo 23, 2019, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon D sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Brown, Fewer, Haney, Mandelman, Mar, Peskin, Ronen, Safai, Stefani, Walton, Yee.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 35.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Nagkakaroon ng malaking epekto sa trapiko at kasikipan ang lumalaking ekonomiya at populasyon ng San Francisco. Nakapipinsala ito sa pampublikong transportasyon at naisasapanganib ang mga naglalakad, nagbibisikleta at nagmamaneho. Panahon na para umaksiyon.

Nagpapataw ng maliit na singil ang Proposisyon D sa Uber at Lyft upang makagawa tayo ng malalaking hakbang tungo sa pagpapahusay sa transportasyon, kaligtasan at kapaligiran ng San Francisco.

Ang Prop D ay business tax (buwis sa negosyo) na ipinapataw sa Uber, Lyft at katulad na serbisyo para sa mga serbisyong ride-sharing. HINDI ito nagtataas ng property tax (amilyar) o sales tax (buwis sa pagbebenta) na binabayaran ng mga karaniwang tao na taga-San Francisco.

Ang Prop D AY tutulong sa ating mamuhunan sa ating sistema ng pampublikong transportasyon, kukumpunihin ang mga lokal na kalye, at paghuhusayin ang kaligtasan upang higit na mapangasiwaan ang mga epekto sa Lungsod ng mga bagong teknolohiya at lumalaking ekonomiya.

Ang Proposisyon D ay:

- **Magkakaloob ng mas maraming bus at tren ng Muni.** Magkakaloob ng kritikal na pondo para sa kailangang-kailangan na bagong mga tren at bus ng Muni.
- **Mag-eempleyo ng mas maraming drayber ng Muni.** Hindi gagalaw ang transportasyon nang walang mga drayber, at pahihintulutan tayo ng proposisyon na ito na mag-eempleyo ng mas marami.
- **Paghuhusayin ang kaligtasan ng mga bisikleta at naglalakad.** Tutulong sa pagpapabilis ng paglikha ng mas ligtas na mga tawiran ng naglalakad, pantrapikong signal, at daanan ng bisikleta.
- **Babawasan ang kasikipan ng trapiko.** Pahihintulutan ang mas maraming traffic control officer (opisyal para sa pamamahala sa tra-

piko) sa kritikal na mga interseksiyon upang panatilihin gumagalaw ang transportasyon at ang trapiko.

- **Paghuhusayin ang transportasyon para sa mga tao na may kapansanan at sa matatanda.** Palalawakin ang mga opsiyon at serbisyo para sa pinakanangangailangan.
- **Hihikayatin ang mas maraming share ride (tulad halimbawa ng Uber at Lyft) at mga sasakyang zero-emission (walang ibinubugang exhaust gas mula sa tambutso).** Mas mababang singil para sa mga share ride at sasakyang zero-emission.

Dahil lumalala ang trapiko at kasikipan araw-araw, kailangan natin ng bagong diskarte sa pagharap sa ating mga hamon sa transportasyon. Iyan ang dahilan kung bakit nagsasama-sama ang mga taga-San Francisco mula sa bawat sulok ng lungsod upang suportahan ang panukalang ito na batay sa sentido komun.

Pakisamahan kami! Bumoto ng 00 sa Proposisyon D sa ika-5 ng Nobyembre.

Mayor London Breed

Superbisor Aaron Peskin

San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa ng San Francisco)

San Francisco Chamber of Commerce (Konseho ng mga Mangangalakal sa San Francisco)

San Francisco Transit Riders (Mga Sumasakay sa Transportasyon sa San Francisco)

San Francisco Bicycle Coalition (Koalisyon ng mga Bisikleta ng San Francisco)

Walk San Francisco (Lakad San Francisco)

California Alliance for Retired Americans (Alyansa ng California para sa mga Retiradong Amerikano)

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

BUMOTO NG HINDI sa Prop D

Ang ibig sabihin ng botong oo ay:

- Gusto ninyong ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ninyo ang pumili ng mga nananalo at natatalo.
- Gusto ninyong magbayad nang mas malaki para sa inyong mga pag-sakay sa Uber/Lyft.
- Gusto ninyong sayangin ng Lungsod ang kalahati ng itinaas ng pamasahe upang pamahalaan ang buwis.
- Gusto ninyong bumili at magparada ang Lungsod ng mas maraming hindi ginagamit na bus.
- Gusto ninyong magpatakbo ang Muni ng mas maraming two-car na bus at gawing mas malaki pa ang espasyo sa pagitan ng mga bus stop upang mas malayo ang lakarin ninyo at mas mahaba ang paghihintay ninyo para sa susunod na bus.
- Gusto ninyong patuloy na magtanggap ng mga paradahan at magbigay ng 50% na mas maraming parking sticker kaysa sa dami ng paradahan sa hilagang silangan na quadrant o bahagi ng San Francisco.

- **Gusto ninyong buwis ang mga may kapansanan, matatanda, at kababaihang nakauupo nang ligtas sa mga ride-share. [Pink tax o dagdag na buwis para sa mga produktong pangkababaihan]**

Ang ibig sabihin ng botong hindi ay:

- Gusto ninyong tumigil na ang Board of Supervisors sa labis na pagbuwis sa atin at mabuhay sa loob ng \$12,260,865,817.00 na badyet nito.
- Gusto ninyong tumigil na ang Board of Supervisors sa pagpili ng mga nananalo at natatalo. [Hindi binubuwis ang Super Shuttle]
- Gusto ninyong magpatuloy ang MUNI na gastahin ang bahagi ng \$1.3 Bilyon na badyet at walang alokasyong reserba nito upang paghuhusayin pa ang kaligtasan ng mga bisikleta at naglalakad.
- Gusto ninyong mag-recruit, mag-eempleyo, at magpanatili ng mas maraming drayber ang MUNI, at maghatid ng maaasahang serbisyo, upang makahikayat ng mas maraming sumasakay. [Kulang tayo ng daan-daang drayber, at may porsiyentong 25% ang pagliban sa trabaho ng mga transit operator]
- **Gusto ninyong hikayatin ang ride-sharing, hindi ang parusahan ito.**

BUMOTO NG HINDI sa Prop D

San Francisco Republican Party (Partidong Republikano)

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Bumoto ng HINDI sa Prop D

Ang nakatatagwag-pansin na pamagat ng Prop D — "pagbabawas sa kasikipan ng trapiko (traffic congestion mitigation)" - ay may tunog na nakahihikayat . . . pero MAPANLINLANG ito.

Ayon sa ating Controller (Tagapamahala ng Pinansiya):

- Gagastahin ang 50% ng makokolektang buwis upang pamahalaan ang buwis
- Inaasahang magkakaroon ng negatibong epekto ang Prop D sa ekonomiya ng Lungsod, dahil sa pagkawala ng 200 trabaho
- Zero ang ebidensiya na naririyang na mababawasan ng Prop D ang trapiko
- Hindi alam ang mga epekto ng mas malaking gamit sa hinaharap ng mga driverless-vehicle (sasakyang walang nagmamaneho), dahil iniisip ng ilang mananaliksik na maaaring mahikayat ang mga tao na higit na magmaneho

Bubuwisang ng Prop D ang may bayad na serbisyong ride-share tulad ng Uber at Lyft para sa inyong mga pagsakay. At siyempre, ipapasa sa inyo ang mga buwis na iyon, kung kaya't tataas ang inyong mga gastos.

Napansin ba ninyo ang tala ng Controller ng San Francisco: Mapupunta sa mga administratibong gastos ang KALAHATI sa makokolektang buwis. Panahon na para itigil ang pagpapakin sa bundat at walang pananagutan na gobyerno ng Lungsod!

HINDI sa Prop D

San Francisco Republican Party

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Huwag paloko sa nakalilihis na atake. Bumoto ng OO sa D!

Nagkakaisa ang mga taga-San Francisco sa ating pagpaganasa na paghusayin ang pampublikong transportasyon, bawasan ang kasikipan ng trapiko, at gawing mas ligtas ang ating lungsod para sa mga naglalakad at nagbibisikleta.

Iyan ang dahilan kung bakit sinusupportahan nating lahat ang Oo sa D. Huwag paloko sa nakalilihis na atake ng ating katunggali.

Ang katunayan nito, nagtatakda ang Prop D ng business tax sa Uber, Lyft at iba pang serbisyong ride-sharing upang magkaloob ng mas maraming bus at tren ng Muni, mag-empleyo ng mas maraming drayber ng Muni, paghusayin ang kaligtasan ng mga bisikleta at naglalakad, bawasan ang kasikipan ng trapiko, paghusayin ang transportasyon para sa mga may kapansanan at matatanda, at hikayatin ang mas maraming tao na mag-share ride at mas maraming drayber na gumagamit ng mga sasakyang zero-emission.

HINDI nito ginagasta ang kalahati ng kita sa pangangasiwa, ayon sa ibinibintang ng katunggali. Sa katunayan, nililimitahan ng lehislyasyon ang paggasta para sa pangangasiwa sa hanggang 2% lamang! At isinasaad nang malinaw ng pagsusuri ng Controller, na mababasa ninyo para sa inyong sarili sa ballot handbook (libritong-gabay ukol sa mga balota) na ito, na:

Magkaloob ang 50 porsiyento ng Pondo ng pagpopondo para sa Municipal Transportation Agency (Ahensiya para sa Munisipal na Transportasyon) para sa serbisyong pantransportasyon at pagiging abot-kaya ng Muni, pagiging maaasahan ng sistema at kapasidad nito...

Magkaloob ang natitirang 50 porsiyento ng pagpopondo sa San Francisco County Transportation Authority (Awtoridad sa Transportasyon ng San Francisco County) para sa pagpapalano, pag-aaral ng disenyo, at/o mga capital improvement (pagpapahusay sa mga ari-arian) na nagtataguyod sa kaligtasan ng mga gumagamit sa karapatan-sa-daan ng publiko.

Huwag paloko sa argumento ng katunggali. Samahan kami na gawing mas ligtas ang ating mga kalye at mas mahusay ang ating transportasyon. Bumoto ng OO sa D!

*Mayor London Breed
Superbisor Aaron Peskin
San Francisco Labor Council
San Francisco Chamber of Commerce
San Francisco Bicycle Coalition
San Francisco Transit Riders
Walk San Francisco
California Alliance for Retired Americans*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



E

Abot-kayang Pabahay at Pabahay para sa mga Edukador

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Planning Code (Kodigo sa Pagpapalano) upang mapahintulutan ang 100% Mga Proyekto para sa Abot-Kayang Pabahay at Mga Proyektong Pabahay para sa mga Edukador sa mga public zoning district (sona sa distrito na para sa mga pampublikong pasilidad), at pabilisin ang pag-apruba sa mga proyektong ito?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Nagpapatupad ang Planning Code ng Lungsod ng iba't ibang patakaran sa pagsosona sa iba't ibang komunidad sa San Francisco.

Sa mga residensiyal na zoning district, pinahihintulutan ng Planning Code ang mga residensiyal na gusali pero kinokontrol ang laki, taas, density o dami ng istruktura sa lugar, at iba pang factor o salik tulad ng espasyo sa bakuran, bukas na espasyo at hindi residensiyal na espasyo. May ilang uri ng gusali na nasasaklaw ng awtorisasyon para sa kondisyonal na paggamit, kung saan itinatakda sa Planning Commission (Komisyon sa Pagpapalano) na magsagawa ng pampublikong pagdinig at isaalang-alang ang ilang factor bago aprubahan ang proyekto.

Sa mga public zoning district, pinahihintulutan ng Planning Code ang mga gusali ng gobyerno, pampublikong istruktura, plaza ng Lungsod, parke, at iba pang katulad na paggamit, pero ipinagbabawal ang anumang residensiyal na gusali.

Nirerepaso ng Planning Department (Departamento sa Pagpapalano) ang mga mungkahing proyekto upang matiyak na natutugunan ng mga ito ang mga itinatakda sa pagsosona. Kailangang bigyan ng prayoridad ng Departamento at pabilisin ang pagrerepaso nito ng mga mungkahing proyekto para sa abot-kayang pabahay.

Hindi kasama sa Planning Code ang mga espesipikong patakaran sa pagsosona para sa mga residensiyal na proyektong nakatuon sa mga empleyado ng San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) o ng San Francisco Community College District (Pandistritong Kolehiyo ng Komunidad ng San Francisco).

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon E ang ordinansa na mag-aamyenda sa Planning Code upang mapahintulutan ang 100% Mga Proyekto para sa Abot-Kayang Pabahay at Mga Proyektong Pabahay para sa mga Edukador sa mga public zoning district at pabilisin ang pag-apruba ng Lungsod sa mga proyektong ito.

Sa ilalim ng Proposisyon E, ang 100% mga proyekto para sa Abot-Kayang Pabahay at Pabahay para sa mga Edukador ay:

- Pahihintulutan sa mga residensiyal na zoning district at public zoning district, maliban na lamang sa ari-ariang ginagamit para sa mga parke;
- Matatagpuan sa mga lote na hindi bababa sa 10,000 square feet;
- Hindi maaaring buwagin o palitan ang naririyang mga residensiyal na unit;
- Masasakop ng mga patakaran na mas kaunti ang restriksiyon ukol sa laki, taas ng unang palapag, density at iba pang factor kung ihahambing sa iba pang residensiyal na gusali;
- Magpapahintulot sa limitadong bilang ng iba't iba o komersiyal na paggamit na sumusuporta sa abot-kayang pabahay; at
- Hindi masasaklaw ng anumang restriksiyon sa kondisyonal na paggamit maliban na lamang kung napagtibay na ng mga botante ang restriksiyon.

Itatakda ng Proposisyon E ang pagrerepaso sa mungkahing 100% mga proyekto para sa Abot-Kayang Pabahay at Pabahay para sa mga Edukador sa loob ng 90 hangang 180 araw, depende sa laki ng proyekto. Bibigyan din ng awtorisasyon ng Proposisyon E ang mabilis na pagrerepaso sa unang 500 unit ng mungkahing Pabahay para sa mga Edukador.

Maaaring bigyan ng Planning Department ng administratibong pag-apruba ang mga proyekto para sa 100% Abot-Kayang Pabahay at Pabahay para sa mga Edukador, nang hindi na ito nirerepaso ng Planning Commission.

Maaaring amyendahan ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang Proposisyon E sa pamamagitan ng two-thirds (dalawa mula sa tatlong bahagi) na boto nang walang pag-apruba ng mga botante.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang Planning Code upang

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 35.

mapahintulutan ang 100% Mga Proyekto para sa Abot-Kayang Pabahay at Mga Proyektong Pabahay para sa mga Edukador sa mga public zoning district at pabilisin ang pag-apruba sa mga proyektong ito.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “E”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon E:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang panukalang ordinansa ng mga botante, magreresulta ito sa kaunting pagkabawas sa mga gastos ng gobyerno.

Inaamyendahan ng mungkahing ordinansa ang Affordable Housing Bonus Programs (Mga Bonus na Programa para sa Abot-Kayang Pabahay) upang maging Affordable Housing and Educator Housing Programs at lumilikha ng 100 Percent Affordable Housing and Educator Housing Streamlining Program (Programa para sa Pagpapasimple sa 100 Porsiyento na Abot-kayang Pabahay at Pabahay para sa mga Edukador), at nang mapadali ang konstruksiyon at pagde-develop sa mga proyektong pabahay. Binibigyang-depinisyon ang 100 Percent Affordable Housing Project na para sa mga residenteng kumikita ng hanggang sa 120 porsiyento ng Area Median Income (Panggitnang Kita ng Lugar, AMI) na may mga unit na karaniwang 80 porsiyento ang AMI. Titirhan ang mga Educator Housing Project ng kahit man lamang isang empleyado ng San Francisco Unified School District o Community College District. Titirhan ang hindi bababa sa four-fifths (apat mula sa limang bahagi) ng mga unit ng mga kabahayang may kita na 30 hanggang 140 porsiyento ng AMI, kung saan 100 porsiyento ang AMI ng karaniwan sa kabuuan ng gayong mga unit. Maaaring tirhan ang natitirang one-fifth (isa mula sa limang bahagi) ng mga kumikita ng hanggang sa 160 porsiyento ng AMI. Tinutukoy ng ordinansa ang mga modipikasyon sa pagsosona para sa mga proyekto sa pabahay, kasama na ang pagpapasimple sa mga pag-apruba ng Planning Department.

Hanggang sa napaiiksi ng lehislasyon na ito ang proseso, makakikita ang mga proyekto para sa abot-kayang pabahay ng Lungsod ng pagtitipid sa gastos dahil sa mas maiiksing iskedyl ng mga nakatakdang gawain sa pagde-develop at konstruksiyon at mas mababang inflation sa mga gastos sa proyekto.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “E”

Noong Hunyo 18, 2019, nakatanggap ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng mungkahing ordinansa na pirmado ng mga sumusunod na Superbisor: Fewer, Haney, Peskin, Walton.

Pinahihintulutan ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksiyon) ang paglalagay ng apat o higit pang Superbisor ng ordinansa sa balota sa ganitong paraan.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 35.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon E

Nasa krisis ng pagiging abot-kaya ng pabahay ang San Francisco. Sa anumang panahon na kaya natin, kailangang bigyan natin ng prayoridad ang ating pampublikong resources o mga pinagkukunan, at ang ating pampublikong lupa para sa pinabilis na konstruksiyon ng pabahay para sa mga manggagawa at pamilyang mababa hanggang panggitna ang kita, kasama na ang mga edukador, na napakadulas nang umaalis sa San Francisco at sa ating sistema ng pampublikong edukasyon.

Sa pamamagitan ng komprehensibong muling pagsosona ng Prop E sa pampublikong lupa at malalaking lote, magiging mas madali at mas mabilis ang pagtatayo ng abot-kayang pabahay at ng pabahay para sa mga edukador sa kabuuan ng lungsod, mula sa Bayview hanggang sa Richmond. Sa kasalukuyan, mayroong daan-daan na malalaking lote na hindi masyadong nagagamit sa kabuuan ng lungsod, kung saan kasalukuyang hindi pinahihintulutan ang pabahay. Sa pamamagitan ng pagtatanggal sa pagkakakandado sa lupang ito, lilikha ang Proposisyon E ng mga oportunidad para sa mga proyekto na abot-kayang pabahay sa kabuuan ng lungsod, nang hindi na kailangan ng mahahabang proseso ng muling pagsosona. Pabilibilin nito ang konstruksiyon ng abot-kayang pabahay, titipirin ang resources, at magagawang makapagpatayo ng abot-kayang pabahay bilang resulta.

Makatutulong din ang inisyatibang ito upang makapagpatayo ng abot-kayang pabahay para sa mga guro, faculty o kaguruan, at kawani ng SFUSD at CCSF, na nahihirapan nang manatili sa lungsod kung saan sila nagtatrabaho. Napag-uusapan na ng Lungsod ang tungkol sa pagtatayo ng pabahay para sa mga edukador sa loob ng maraming taon: makatutulong ang inisyatibang ito sa pagkaloob ng mga bagong oportunidad sa mga edukador para sa unang mga taon ng pagkabata, paraprosesyon o katuwang na edukador, tenured o may kasiguruhan ang trabaho na mga guro, at mga social worker ng paaralan, at nang

makagawa sila ng tahanan sa San Francisco. Sa pamamagitan ng muling pagsosona ng lupa na pag-aari ng pampaaralang distrito at ng City College (Kolehiyo ng Lungsod), maaaring gawing nakatuon lamang at abot-kaya ang bawat unit na itatayo sa lupang ito para sa kanilang mga guro at kawani na nahihirapang manatili sa San Francisco.

Magkasamang nagtatrabaho ang Affordable Homes for Educators & Families NOW Initiative (Inisyatibang Abot-kayang Pabahay para sa mga Edukador at Pamilya NGAYON, Prop E) at ang Affordable Housing Bond (Utang ng Gobyerno para sa Abot-kayang Pabahay, Prop A), kung kaya't nakalilikha ng natatanging oportunidad upang tugunan ang dalawang pinakamalalaking hadlang sa abot-kayang pabahay: limitadong lupa at pagpopondo. Mangyaring bumoto ng OO!

Mga Superbisor Sandra Lee Fewer, Aaron Peskin, Shamann Walton, Matt Haney, Catherine Stefani, Gordon Mar, Vallie Brown, Norman Yee, Rafael Mandelman, Hillary Ronen, Ahsha Safai, at Mayor London Breed

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon E

Tulungan ang ating mga Guro! Ayusin ang Krisis sa Pabahay! Hindi na dapat pag-isipan, hindi ba?

Huwag masyadong mabilis. Naaalala ba ninyo ang mga pangako tungkol sa California State Lottery (Loterya ng Estado ng California)? Para ito sa “edukasyon”, hindi ba? Dapat nitong maayos ang lahat, hindi ba? Ang nangyari, nagkaloob ang lottery ng mas kaunti pa sa 1% ng pang-edukasyong kita. Hindi naiiba ang mungkahing ito. Magpapapabahay ang sinasabing “pabahay para sa mga edukador” sa napakakaunting “edukador” kung kaya’t kailangan pa ng aplikante na “manalo” sa lottery.

Nanalo na ba kayo sa lottery?

Noong Agosto, iniulat ng *Chronicle* na iniimbestiga na ng Federal Dept. of Housing and Urban Development (Pederal na Departamento ng Pabahay at Pagpapaunlad ng mga Lungsod) kung **may kontribusyon ang mga programa para sa abot-kayang pabahay ng San Francisco sa pagiging hindi abot-kaya ng pabahay at pinalalala pa ito**. Tinukoy ng Pederal na gobyerno ang “artipisyal, arbitrario, at hindi kinakailangang mga hadlang sa fair housing choice development (mga pabahay kung saan walang aksiyon o desisyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian at iba pang salik).” Ang panukalang-batas na ito ay dagdag lamang ng pareho pa rin.

Bagamat mananalo ang ilang may koneksiyon na “edukador” sa lottery ng San Francisco, tatalon lamang sa pila ang masusuwerteng kasama sa 1% na ito. Nagawan na ng dokumentasyon ng ilang pag-aaral ang epektong “crowd-out (epekto ng gobyerno sa merkado),” kung saan napag-alaman na sa pangkalahatan, pinabababa ng konstruksiyon ng may subsidyong mga unit ng pabahay ang konstruksiyong batay sa presyo sa merkado, nang mula kalahati hanggang sa isang unit ng pabahay.

Hindi malulutas ng mga may-panukala ang problema dahil sila ang problema. Hamunin natin ang mga Faux-gressive (Pekeng Progresibo) na may-panukala na patotohanan ang kanilang pahayag: hindi ito tungkol sa mga guro.

Libertarian Party of San Francisco (Partidong Libertaryan ng San Francisco)
LPSF.org

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

Noong 2016, naglathala ang respetadong Legislative Analyst's Office (Opisina ng Tagasuri ng mga Bagong Batas) ng California ng ulat na pinamagatang "Perspectives on Helping Low Income Californians Afford Housing (Mga Perspektiba sa Pagtulong sa mga taga-California na Mababa ang Kita na Makayanan ang Pagbabayad sa Pabahay)" (<https://lao.ca.gov/Publications/Report/3345>). Kasama sa mga konklusyon ng ulat na ito ang:

"Sa mga komunidad kung saan may mga polisiya ukol sa inclusionary housing (pagtatakda sa mga developer na maningil o magpaupa ng bahagi ng mga unit na kanilang itatayo nang mas mura kaysa sa presyo sa merkado), karamihan sa bagong konstruksiyon na batay sa presyo sa merkado ay itinatalambal sa konstruksiyon ng bagong abot-kayang pabahay..."

*Gayon pa man, napag-alaman ng aming pagsusuri na **mukhang may kaugnayan ang konstruksiyon ng pabahay na batay sa presyo sa merkado sa mas kaunting displacement (pagkawala ng tinitirhang lugar), anuman ang polisiya ukol sa inclusionary housing ng komunidad.***

Tulad ng iba pang komunidad sa Bay Area, sa mga komunidad na walang polisiya ukol sa inclusionary housing, higit pa sa doble ang posibilidad na magkaroon ng displacement sa mga census tract (komunidad batay sa Bureau of Census o Kawanihan para sa Pagkuha ng Sosyo-ekonomikong Datos) na mababa ang kita kapag may limitadong konstruksiyon ng pabahay na batay sa merkado, kaysa sa mga census tract na matataas ang antas ng konstruksiyon...

*Kakaunting tulong ang natatanggap o walang natatanggap ang karamihan sa mga kabahayang mababa ang kita, at ginagasta nila ang kalahati ng kanilang kita sa pabahay. Sa praktikal na pananalita, **ang pagpapalawak sa mga programa para sa abot-kayang pabahay upang mapaglingkuran ang mga kabahayang ito ay napakalaking hamon at napakamahal para makayanan...***

Iminumungkahi namin na pangunahing pagtuunan ng mga gumagawa ng polisiya ang pagpapalawak sa mga pagsusumikap upang mahikayat ang pribadong development ng pabahay." (Idinagdag ang pagdidiin)

Dapat ba tayong makinig sa mga ekspertong ito, o pagkatiwalaan ang mga politikal na rainmaker (may mga koneksiyon sa kapangyarihan) na gaya ng mga nasa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), na may mga polisiyang lumikha at naglalala sa kakulangan ng pabahay? May malawakang problema ang tax credit program (programa para sa pagbabawas ng babayaranang buwis) sa panlilinlang na pay-to-play (magbayad para makapaglaro) at mga ipinamimigay sa "Nonprofit-Industrial Complex" (sistema ng mga relasyon sa pagitan ng Estado, naghaharing uri, mga foundation at organisasyong nonprofit), samantalang matagal nang cesspool o nakaririmarim na lugar ng korupsiyon at maling pama-mahala ang Housing Authority (Awtoridad sa Pabahay) ng SF, kung saan nakasama noon sa mga lider na naitalaga dahil sa politika si Jim Jones, na may masamang reputasyon dahil sa Jonestown Massacre.

Mayroong pangangailangan para sa pabahay na mababa ang halaga. **Bigyang-lakas natin ang mga tao para mag-suplay nito, at gawin nating tunay na abot-kaya ang pabahay na batay sa presyo sa merkado.** Isang magandang simula ang pag-aayos sa maling California Environmental Quality Act (Batas ukol sa Kalidad ng Kapaligiran ng California, CEQA).

Gagawing kuwalipikado ng Proposisyon E ang **hindi nagtuturong mga kawani ng SFUSD** para sa may subsidiyong pabahay, pero **hindi ang mga aktuwal na guro** na nasa mga paaralang hindi paaralan ng SFUSD, na sa maraming kaso, ay tumatanggap ng mas mababang suweldo kaysa sa mga guro ng gobyerno.

Inaalala ba talaga ng mga may-panukala **ang tungkol sa pagtulong sa mga guro**, o mas tungkol ba ito sa **pagpapalaki ng gobyerno?**

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon E.

Libertarian Party of San Francisco (Partidong Libertaryan ng San Francisco)

LPSF.org

@SanFranciscoLP

Meetup.com/the-LPSF

Facebook.com/LPSF1

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

Hindi na makapaghihintay pa ang San Francisco na magsimula ang merkado ng pribadong real estate sa paglikha ng mga tahanan na aktuwal na makakayanang bilhin ng mga taga-San Francisco na mababa ang kita at panggitna ang kita. Sa pagtatapos ng 2018, nakagawa na ang ating Lungsod ng 96% ng mga unit ng pabahay na batay sa presyo sa merkado upang matugunan ang opisyal na mga tunguhin ng Housing Element (ipinag-uutos na bahagi ng lokal na pangkalahatang plano sa pabahay) nito bago pa ang taong 2022--apat na taon na mas maaga kaysa sa itinakda. Gayon pa man, nakagawa lamang ang Lungsod ng 30% ng mga pabahay na kailangan upang matugunan ang mga tunguhin nito para sa pabahay na abot-kaya ng mga taga-San Francisco na mababa ang kita at panggitna ang kita. Hindi ito katanggap-tanggap.

Kailangang intensiyonal tayo sa paggawang mas madali at mas mabilis ang pagtugon sa ating mga pangangailangan para sa tunay na abot-kayang pabahay, kung seryoso tayo tungkol sa pagpapanatili sa San Francisco ng napakahahalagang manggagawa ng ating Lungsod, at ng ating mga pamilyang mababa at panggitna ang kita.

Lilikha ang Proposisyon E ng maraming oportunidad para sa mga proyekto na 100% abot-kayang pabahay sa kabuuan ng lungsod, nang

hindi na kailangan ang mahahabang proseso ng muling pagsosona. Pabibilisin nito ang konstruksiyon ng abot-kayang pabahay, titipirin ang resources ng lungsod, at mas maraming abot-kayang pabahay ang maipatatayo.

Makatutulong din ang Prop E sa pagkakaloob ng pabahay para sa mga guro, faculty o kaguruan, at kawani ng San Francisco Unified (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) at ng City College na nahihirapan nang manatili sa lungsod kung saan sila nagtatrabaho. Dahil itatayo ang Educator Housing Projects (Mga Proyekto para sa Pabahay ng mga Edukador) sa lupa na pag-aari na ng mga distrito ng pampublikong edukasyon, maaaring ilaan at gawing abot-kaya ang bawat unit ng pabahay sa kanilang mga guro at kawani.

Lumilikha ang kombinasyon ng inisyatibang ito at ang Affordable Housing Bond (Prop A) ng natatanging oportunidad upang tugunan ang dalawang pinakamalalaking hadlang sa pagtatayo ng abot-kayang pabahay: limitadong lupa at pagpopondo ng lungsod. Mangyaring bumoto ng 00!

Superbisor Sandra Lee Fewer

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



F

Mga Kontribusyon sa Kampanya at Mga Adbertisement sa Kampanya

Dapat bang magtakda ang Lungsod ng mga bagong restriksiyon sa mga kontribusyon sa kampanya ng lokal na inihahalal na opisyal at kandidato, at ipatupad ang bagong mga itinatakda sa disclaimer o pagtatatuwa na nasa adbvertisement sa kampanya?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Binibigyan ng mga restriksiyon ng lokal na batas ang ilang kontribusyon sa kampanya ng mga lokal na inihahalal na opisyal at kandidato, kasama na ang:

- Kontribusyon mula sa mga korporasyon; at
- Kontribusyon mula sa kontratista ng Lungsod, o iyong gustong makipagkontrata sa Lungsod, sa ilang takdang panahon.

Itinatakda ng pang-estado at lokal na batas sa mga adbvertisement sa kampanya na ibunyag ang espesipikong impormasyon tungkol sa kanilang pagpopondo, na tinatawag bilang “mga disclaimer o pagtatatuwa.” Kailangang tukuyin ng mga disclaimer ang politikal na komiteng nagbayad para sa adbvertisement. Bukod rito, kailangang pangalanan ng disclaimer sa adbvertisement na binayaran ng independiyenteng politikal na komite ang nagbigay ng tatlong pinakamalalaking kontribusyon na \$10,000 o mas malaki pa.

Ang Mungkahi: Magtatakda ang Proposisyon F ng mga restriksiyon sa dalawang uri ng kontribusyon sa kampanya:

- Mga kontribusyon sa sinumang lokal na inihahalal na opisyal at kandidato mula sa limited liability companies (kompanyang limitado ang pananagutan) o limited liability partnerships (pakikipagsosyong limitado ang pananagutan); at
- Mga kontribusyon sa mga miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), sa Mayor, sa City Attorney (Abugado ng Lungsod), sa mga kandidato sa mga posisyong ito, at sa mga kampanyang nakokontrol nila, mula sa mga tao na may ilang pinansiyal na interes sa mga usapin ng pag-abruba sa paggamit sa lupa ng Lungsod.

May restriksiyon ang mga kontribusyong kaugnay ng pag-apruba sa paggamit ng lupa para sa mga tao na may isa sa dalawang uri ng pinansiyal na interes:

- Ang tao na may interes sa pag-aari na \$5 milyon o higit pa sa proyekto;
- Ang direktor o principal officer (pangunahing opisyal) ng entidad na may interes sa pag-aari na \$5 milyon o higit pa sa proyekto; o
- Ang developer ng proyekto na may tinatayang gastos sa konstruksiyon na \$5 milyon o higit pa.

Magsisimula ang restriksiyong ito kapag hindi pa naaaksiyonan ang paghiling o aplikasyon ukol sa paggamit ng lupa sa harap ng ilang lupon at komisyon ng Lungsod, at magwawakas ito 12 buwan matapos ang pinal na desisyon ng Lungsod.

Babaguhin din ng Proposisyon F ang mga itinatakda sa disclaimer para sa mga adbvertisement na binabayaran ng mga independiyenteng politikal na komite:

- Itatakda sa mga disclaimer na ito na pangalanan ang mga nagbigay ng tatlong pinakamalalaking kontribusyon, na may donasyong hindi bababa sa \$5,000, at ang halaga na ibinigay ng bawat isa.
- Kung alinman sa mga nagbigay ng kontribusyong ito ay isa pang independiyenteng politikal na komite, itatakda sa adbvertisement na pangalanan ang dalawa pang nagbigay ng pinakamalalaking kontribusyon sa komiteng iyon, na may donasyong hindi bababa sa \$5,000, at ang halaga na ibinigay ng bawat isa.

Gagawing mas malaki ng Proposisyon F ang nakasulat na disclaimer at itatakda na lumabas ang mga disclaimer sa pagsisimula ng mga adbvertisement na audio o video.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong magtakda ng mga bagong restriksiyon sa kontribusyon sa kampanya ng lokal na inihahalal na mga opisyal at kandidato, at ipatupad ang bagong mga itinatakda sa disclaimer na nasa mga adbvertisement sa kampanya.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 35.



Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "F"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon F:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang mungkahi na inisyatibang ordinansa ng mga botante, magkakaroon ito ng kakaunting epekto sa gastos ng gobyerno.

Pinalalawak ng ordinansa ang listahan ng korporasyong entidad na pinagbabawalang magbigay ng kontribusyon sa komite ng kandidato. Bukod rito, kasama sa ordinansa ang bagong seksiyon ng Campaign and Governmental Conduct Code (Kodigo para sa Pag-asal sa mga Kampanya at sa Gobyerno), na nagbabawal sa anumang kontribusyon sa miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), kandidato para sa Board of Supervisors, sa Mayor, sa kandidato para maging Mayor, sa City Attorney (Abugado ng Lungsod), o sa kandidato para maging City Attorney, mula sa tao, o kaugnay na entidad ng tao, na may pinansiyal na interes na hindi bababa sa \$5 milyon sa usapin ng paggamit ng lupa na iniharap sa iba't ibang natukoy na lupon sa loob ng 12 buwan mula sa petsa ng pinal na resolusyon ng usapin. Pangwakas, pinalalawak ng ordinansa ang mga itinatakda sa pagfa-file at sa paghahayag ng impormasyon tungkol sa mga kontribusyon para sa mga adbvertisement sa kampanya.

Magkakaroon ang Ethics Department (Departamento para sa mga Pamantayan sa Paggampan ng Gawain) ng karagdagang gastusin para sa mga kawani kaugnay ng pagsubaybay at pagpapatupad ng mga mungkahi na karagdagang pangangailangan para sa pagfa-file at sa pagsisiwalat ng impormasyon, at sa ipinagbabawal na mga entidad. Ang minsanang gastos para sa software development ng mga bagong kinakailangan sa pag-uulat ay \$50,000 hanggang \$100,000.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "F"

Noong Hunyo 18, 2019, nakatanggap ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng mungkahing ordinansa na pirmado ng mga sumusunod na Superbisor: Fewer, Haney, Mandelman, Mar, Ronen.

Pinahihintulutan ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) ang paglalagay ng apat o higit pang Superbisor ng ordinansa sa balota sa ganitong paraan.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 35.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon F

BUMOTO NG OO SA PROP F UPANG MASINAGAN NG ARAW ANG DARK MONEY (POLITIKAL NA PAGGASTA NG MGA NONPROFIT)

Nalulunod na ang mga eleksyon sa San Francisco sa walang limitasyong Dark Money mula sa mga Korporasyong SuperPAC (independiyenteng politikal na komite na tumatanggap ng walang limitasyong kontribusyon). Napipigilan ang mga botante sa paggawa ng pagpapasya nang mayroong kompletong impormasyon nang dahil sa kakulangan ng malalakas na batas ukol sa pagsisiwalat ng impormasyon, kung kaya't napapahintulutan ang mga shell (pantakip) na komite na maitago ang tunay na pinagmumulan ng mga Korporasyong PAC na adberstiment. Pinahihintulutan ng mga malulusutang bahagi ng umiiral na batas ang kontribusyon ng mga korporasyon na direktang ibinibigay sa mga kandidato. Nababawasan ng politikang "pay-to-play" (magbayad para makapaglaro) ang tiwala ng botante sa integridad ng mga desisyong ginagawa ng City Hall.

Pinapalakas ng Proposisyon F, ang *Inisyatibang Sinag ng Araw sa Dark Money*, ang Campaign Finance Reform Ordinance (Ordinansa para sa Pagreperorma ng Pagtustos sa mga Kampanya) ng San Francisco, upang matulungan ang mga botante sa paggawa ng mga desisyon batay sa impormasyon, labanan ang korupsiyon at magkaroon ng higit na integridad ang ating mga eleksyon.

Ang Proposisyon F ay:

- MAGPAPATIBAY SA PAGSISIWALAT NG TUNGKOL SA DARK MONEY:** Pararamihin ang dapat isiwalat sa tunay na pinagmulan ng mga pondo sa likod ng mga adberstiment sa kampanya ng mga Dark Money SuperPAC tulad ng "Progress San Francisco," at nang matulungan ang mga botante na maintindihan kung sino ang nagbabayad para sa mga adberstiment sa kampanya na nakikita nila sa koreo, sa telebisyon, at online.

- LALABANAN ANG KORUPSIYONG PAY-TO-PLAY:** Pipigilan ang korupsiyong "pay-to-play" sa pamamagitan ng pagbabawal sa mga developer ng real estate at iyong may mga pinansiyal na interes sa mga desisyon sa paggamit ng lupa sa pagbibigay ng kontribusyon sa kampanya sa mga pampublikong opisyal na pinamamahalaan ang mga desisyong iyon, habang isinasagawa ang mga ito at para sa takdang panahon, matapos ang pagdedesisyon.
- SASARHAN ANG MALULUSUTAN NG PERA MULA SA MGA KORPORASYON:** Palalawakin ang umiiral nang pagbabawal sa mga korporasyon na gumawa ng direktang kontribusyon sa mga kandidato upang mapasali ang "limited liability companies (kompanyang limitado ang pananagutan)" at "limited liability partnerships (pakikipagsosyong limitado ang pananagutan)," na nagamit na upang maiwasan ang ipinagbabawal.

Alamin pa ang tungkol dito sa www.SunlightOnDarkMoney.com

SAMAHAN KAMI AT BUMOTO NG OO SA F:

Superbisor Gordon Mar

*Peter Keane, dating Chair (Tagapangulo), San Francisco Ethics Commission (Komisyon para sa mga Pamantayan sa Paggampan ng Gawain)**

Tom Ammiano, dating Miyembro ng Asembleya

Friends of Ethics (Mga Kaibigan ng mga Tuntunin ng Moralidad)

Dating Chair ng San Francisco Ethics Commission Bob Planthold*

Dating Chair ng San Francisco Ethics Commission Paul Melbostad*

Dating Commissioner ng San Francisco Ethics Commission Quentin Kopp*

Jon Golinger, Direktor, Sunlight on Dark Money (Sinag ng Araw sa Politikang Paggasta ng mga Nonprofit)

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon F

Nagbabanta ang Proposisyon F sa karapatan ng mga social welfare (para sa kapakanan ng lipunan) na nonprofit na lumahok sa politika ng San Francisco.

Inaatake ng mungkahing ordinansa ang mga karapatan na natiyak na ng NAACP noong 1958 sa kaso sa Korte Suprema na NAACP v. Patterson (Alabama), kung saan pinagtibay na makagagawa ang mga social welfare nonprofit ng independiyenteng mga politikal na paggasta nang hindi isinisiwalat kung sino ang kanilang mga donor.

Sa panahong iyon, namuhay ang mga miyembro ng NAACP nang may kagyat na takot sa pangha-harass o panliligalig at pandarahas.

Sa kasalukuyan, 'dino-dox' (hinahanapan ng pribadong impormasyon sa internet at inilalathala ito) ng mga kandidato para sa pagka-Pangulo ang mga nagbibigay ng pinansiyal na suporta sa kanilang mga katunggali. Sinusubaybayan ng mga pribadong taga-empleyo ang mga politikal na donasyon ng mga empleyado at nagkakaroon ng diskriminasyon laban sa pagkakaiba-iba ng opinyon. Binubusisi ng mga aktibista sa social media, sa lahat ng panig, ang mga rekord ng gobyerno, at inilalathala ang mga pangalan at address ng mga 'kaaway'. Pinalalampas, at

pinananawagan pa, ng mga personalidad sa media, ang karahasan laban sa mga tao na itinuturing nilang nakagagalit. Pinagbabantaan ng mga miyembro ng mga domestikong organisasyong terorista, na nakasuot ng maskara, ang mga mamamayan, pinalilibutan ang mga pribadong tahanan, at inaatake ang mga payapang asembleya sa mga plazang pampubliko.

Hindi lamang simpleng 'disinfectant (pampatanggal ng mikrobyo)' ang pagsisiwalat ng impormasyon. Muli, naging instrumento na ito ng politikal na karahasan.

Naghahandog ang mga social welfare nonprofit (nonprofit na para sa pagtulung sa mga nangangailangan) ng mahalagang behikulo upang magamit ng mga mamamayan ang kalayaan sa pamamahayag nang mas hindi natatakot sa pagganti. Kailangang bukas na tanggapin ng San Francisco ang mga social welfare nonprofit sa lahat ng panig ng bawat isyu bilang mga tagapagbahagi sa politikal na debate. Tatakutin silang palayo ng Proposisyon F.

Bumoto ng Hindi sa Proposisyon F.

San Francisco Republican Party (Partidong Republikano)

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon F

Kailangang tutulan ang Proposisyon F. Palalalain lamang nito ang problema na sinasabing tinutugunan nito, at ang dalawang pangunahing dahilan kung bakit ay: hindi makatarungang pagbabawalan nito ang mga indibidwal sa lubusang paglahok sa politikal na proseso kung gusto nilang humiling ng legal na remedyo mula sa ahensiya ng lungsod ukol sa paggamit ng kanilang ari-arian, at sa klimang ito, magbubunga lamang ang mga itinatakandang pagsisiwalat ukol sa mga nagbigay ng kontribusyon ng chilling effect (takot na maparusahan) sa politikal na pahayag na nagmumula sa labas ng lokal na Demokratikong establisamyento.

Ang mapanuyang ibig sabihin ng Proposisyon F, kapag mas marami ang inyong opisyal na interaksyon sa inyong lokal na gobyerno, mas kaunti ang papel ninyo sa pagpapasya sa pormal na proseso ng pagpili sa bubuo ng nabanggit na gobyerno. Walang sinuman ang dapat mapuwera sa pag-upo sa political sidelines (huwag lumahok sa politika), dahil lamang humingi sila ng pagbabago sa pagsosona o sa mga discretionary entitlement (pribilehiyong pinagpasyahan) ng ahensiya ng lungsod noong nakaraang taon.

Itinatakda rin ng Proposisyon F na isiwalat ang mga pangalan ng ilang nagbigay ng kontribusyon sa komite, na ang idinadahilan ay para ito sa higit na pagiging bukas ng impormasyon sa mga botante. Sa kasamaang palad, sa napakagulong panahon na ito kung saan karaniwan na ang 'doxing,' gagawin lamang nitong higit na vulnerable ang mga tao sa pangha-harass na ibinubunsod ng politika, susupilin ang pagtutol, at pipilitin ang mga kasunduan nang walang sapat na paunang dayalogo.

Binibigyang-lakas din nito ang mga may-perang interes sa labas, habang ang napipinsala naman ay ang mga nasa lokal. Dahil napakatataas ng presyo ng real estate sa San Francisco, maraming tao na hene-henerasyon nang naririto ang pinaka-apektado; kung kaya't napahihintulutan ang mga taga-labas ng San Francisco, o iyong pinakakaunti ang mawawala sa kanila -- na gumanap ng mas malalaking papel.

Hindi titigil ang mga tao sa paglahok sa politikal na proseso dahil lamang sarado sa kanila ang obhektibo at pormalisadong mga daan. Tulad ng nakikita natin sa mga batas ukol sa baril, ibubukod lamang palayo ng nakasasama na insentibang pinapanawagan ng Proposisyon F ang mga sumusunod sa batas habang hinihikayat naman ang mga mandaraya na itaguyod ang kanilang mga interes sa mga paraan na lalo pang malayo sa wastong pamamahala.

Mangyaring bumoto ng hindi sa Proposisyon F.

San Francisco Republican Party

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon F

HUWAG BILHIN ANG MGA KASINUNGALINGAN NG REPUBLICAN PARTY: BUMOTO NG OO SA F

Bakit maling-mali ang Republican Party ni Donald Trump tungkol sa Proposisyon F?

- Sinasabi ng Republican Party na sa pamamagitan ng pagpaparami ng dapat isiwalat tungkol sa kung sino ang nagbabayad sa mga advertisement sa kampanya, magkakaroon ang Prop. F, sa anumang paraan, ng "chilling effect" sa pamamahayag. **MALI ITO**
- Isinusulong ng Prop. F ang batayan at pundamental na ideya: karapatan ng mga botante na malaman kung sino ang sumusubok bumili sa kanilang boto. Walang chilling o nakatatakot tungkol riyon.
- Sinasabi ng Republican Party na sa pamamagitan ng paghihigpit sa pagbibigay ng mga developer ng real estate ng mga tseke sa kampanya ng inihalal na mga opisyal na kailangang aprubahan ang kanilang development na proyekto, "pinagbabawalan" ng Prop. F sa anumang paraan, "ang mga indibidwal sa lubusang paglahok sa politikal na proseso." **MALI ITO**
- Susugpuin ng Prop. F ang korupsiyong "pay-to-play" sa pamamagitan ng pagtitiyak na hindi mabibili ng mga developer ng malalaking proyekto na nagkakahalaga ng mahigit \$5 milyon ang pag-apruba sa mga proyekto.

- Sinasabi ng Republican Party na sa pamamagitan ng pagpigil sa mga korporasyon sa paggamit sa mga malulusutan sa batas, "susupilin" ng Prop. F, sa anumang paraan ang "pagtutol." **MALI ITO**
- Tatakpan ng Prop. F ang mga legal na malulusutan at titiyakin ang pagbabawal sa lahat ng kontribusyon ng mga korporasyon sa mga kandidato.

UPANG SINAGAN NG LIWANAG ANG DARK MONEY: **BUMOTO NG OO SA F**

UPANG LABANAN ANG POLITIKAL NA KORUPSIYON: **BUMOTO NG OO SA F**

UPANG TAKPAN ANG MGA MALULUSUTAN NG PERA NG MGA KORPORASYON: **BUMOTO NG OO SA F**

Superbisor Gordon Mar

*Peter Keane, dating Chair, San Francisco Ethics Commission**

*Tom Ammiano, Dating Miyembro ng Asembleya**

Friends of Ethics

Dating Chair ng San Francisco Ethics Commission Bob Planthold*

Dating Chair ng San Francisco Ethics Commission Paul Melbostad*

Dating Commissioner ng San Francisco Ethics Commission Quentin Kopp*

Jon Golinger, Direktor, Sunlight on Dark Money

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Volunteer! Be a Poll Worker!

Election Day, Tuesday, November 5

It takes more than 2,500 Poll Workers to conduct an election. Poll Workers operate polling places on Election Day and assist voters in many parts of the voting process. Some Poll Workers have volunteered during every election for decades. Poll Workers include high school students learning on-the-job civic lessons, retirees, and hundreds of people who take a day off from their regular lives to be of service to San Francisco voters.

To be a Poll Worker, you must be:

- A registered California voter, or
- A U.S. legal permanent resident, age 18 or older, or
- A San Francisco high school student at least 16 years old*

If you are bilingual in English and Chinese, Spanish, Filipino, Vietnamese, or Korean, we encourage you to apply!

Earn a stipend of **up to \$240** while helping your community.

How to apply:

Apply at the Poll Worker Recruitment Office
(City Hall, Room 48), Monday through Friday,
from 10 a.m. to 4 p.m.

OR

Apply online at sfelections.org/pw

* High school students can visit
sfelections.org/student for instructions
and to download an application.

**We look forward to having you
join our Poll Worker team!**

For more information, visit
sfelections.org/pw or call the
Department of Elections Poll Worker
Division at (415) 554-4395.



Talatuntunan

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante Pinagsamang Pangmunisipal na Eleksyon — Nobyembre 5, 2019

A

Accessible na Pagboto at mga Serbisyo	10
Address ng inyong botohan	(likod na pabalat)
Aplikasyon para sa vote-by-mail na balota	(likod na pabalat)
Aplikasyon para sa permanenteng vote-by-mail na estado	(likod na pabalat)

B

Bagong Sistema ng Pagboto sa San Francisco	4
Batas sa mga Karapatan ng Botante	5

D

Direktor, Sulat mula sa	2
-------------------------------	---

I

Ininusulat-lamang (write-in) na kandidato, Pagboto sa kuwalipikadong	8
Itanong, mga Madalas na	14

K

Kandidato at katungkulan, impormasyon tungkol sa mga	16
--	----

Kandidato, mga Pahayag ng Kuwalipikasyon

Mga Kandidato para sa Mayor (Punong-Bayan)	18
Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor; <i>Distrito 5 lamang</i>)	21
Mga Kandidato para sa Abugado ng Lungsod	23
Mga Kandidato para sa Abugado ng Distrito	24
Mga Kandidato para sa Pamublikong Tagapagtanggol.	26
Mga Kandidato para sa Sheriff	27
Mga Kandidato para sa Tesorero	28
Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)	29
Mga Kandidato para sa Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad)	31
Klase sa Ingles, Libreng mga	12
Komite para Gawing mas Simple ang Balota	3
Kumpidensiyal (Pagiging) at mga Rekord ng Botante	5

L

Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante	3
Lokal na panukalang-batas na nasa balota at mga argumento, impormasyon tungkol sa	32
A: Bond o Utang ng Gobyerno para sa Abot-kayang Pabahay ..	38
B: Department of Disability and Aging Services (Departamento ng mga Serbisyo para sa Kapansanan at sa Pagtanda)	42
C: Mga Produktong Vapor	45
D: Buwis para Mabawasan ang Kasikipan ng Trapiko	50
E: Abot-kayang Pabahay at Pabahay para sa mga Edukador ..	54
F: Mga Kontribusyon sa Kampanya at Mga Adbertisement sa Kampanya	58

M

Maagang pagboto	7
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon	(loob ng likod na pabalat)

N

Nagkamali habang bumoboto, paano makakuha ng bagong balota	8
---	---

P

Pagboto ng mga Hindi-Mamamayan sa Eleksyon para sa Lupon ng Edukasyon	12
Pagboto sa pamamagitan ng mail o koreo	6
Pagboto sa pamamagitan ng pagraranggo (ranked-choice voting)	8
Pagmamarka sa Inyong Balota	8
Pangkalahatang buod ng utang ng San Francisco	33
Permanenteng pagboto sa pamamagitan ng mail, Impormasyon tungkol sa	6
Petsa, mga importante	(loob ng harap na pabalat)
Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo	13
Programang Ligtas sa Tahanan	5

R

Ranked-choice voting (pagboto sa pamamagitan ng pagraranggo)	8
---	---

S

Salitang dapat ninyong malaman	35
--------------------------------------	----

W

Website ng Departamento ng mga Eleksyon .. (loob ng likod na pabalat)	
Wikang Filipino, tulong sa	12
Worksheet ng Balota	64





Worksheet ng Balota: Eleksyon sa Nobyembre 5, 2019

Ang worksheet na ito ay isang tool para matulungan ang mga botante sa pagmarka ng kanilang mga pinili nang maaga para makatipid ng oras at maiwasang magkamali kapag minamarkahan na ang Opisyal na Balota.

1. I-check ang inyong Halimbawang Balota para makita kung anong mga labanan ang nasa inyong balota (maaaring may mga kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato; tingnan ang pahina 8)
2. Markahan ang inyong mga pinili sa worksheet na ito
3. Ilipat ang inyong mga pinili sa inyong Opisyal na Balota (maaari ninyong dalhin ang worksheet na ito sa voting booth)

MGA LOKAL NA KATUNGKULANG INIHAHALAL GAMIT ANG RANKED-CHOICE VOTING (TINGNAN ANG PAHINA 8)

Magranggo ng ibang kandidato sa bawat kolum nang sa gayon ay mabilang ang bawat napili ninyo. Para magranggo ng mas kaunting kandidato, o kung mas kaunti sa tatlo ang mga kandidato para sa isang katungkulan, iwanang blangko ang mga kolum.

	1 Ika-1 Pinili	2 Ika-2 Pinili	3 Ika-3 Pinili	4 Ika-4 Pinili	5 Ika-5 Pinili	6 Ika-6 Pinili
Punong-bayan						
Miyembro, Lupon ng mga Superbisor (Distrito 5 lamang)						
Abugado ng Lungsod						
Abugado ng Distrito						
Pampublikong Tagapagtanggol						
Sheriff						
Tesorero						

IBANG MGA LOKAL NA KATUNGKULAN

Bumoto ng isa

Miyembro, Lupon ng Edukasyon	
Miyembro, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad	

MGA PROPOSISYON

TITLE:	OO	HINDI
A: Bond o Utang ng Gobyerno para sa Abot-kayang Pabahay		
B: Department of Disability and Aging Services (Departamento ng mga Serbisyo para sa Kapansanan at sa Pagtanda)		
C: Mga Produktong Vapor		
D: Buwis para Mabawasan ang Kasikipan ng Trapiko		
E: Abot-kayang Pabahay at Pabahay para sa mga Edukador		
F: Mga Kontribusyon sa Kampanya at Mga Adbertisement sa Kampanya		

